# ANG AKADEMIKONG DEBATE/TALASTASAN NG DEKADA, NASA FACEBOOK!!!

Nang dahil sa isang post lamang ni Prop. Adonis Elumbre, na sinagot naman ni Dr. Patricio Abinales, nagsimula ang isang masalimuot subalit magaling na talastasan na nilahukan pa nina Prop. Atoy Navarro, Dr. Zeus Salazar, Prop. Nancy Kimuell-Gabriel, Vic Romero, atbp. Tungkol sa Pantayong Pananaw, Marxismo, Mindanao, Erap, Marcos at marami pang iba. Marami kayong matututunan at malaki ang saysay ng debateng ito sa historyograpiya na maihahambing sa naging debate nina Milagros Guerrero-Reynaldo Ileto, at Floro Quibuyen-John Schumacher, at nangyayari ang lahat nang mabilis... sa Facebook!!!

Tutunghay ka lang ba o sasama ka? Anuman, marami ka mapupulot. Tingnan na sa facebook: http://www.facebook.com/profile.php?id=1228197531&ref=ts#!/profile.php?id=1228197531&v=wall&story_fbid=141409345873092

Mula 6 Hulyo hanggang 28 Hulyo 2010, inipon ni Xiao Chua, 8 Setyembre 2010, DLSU Maynila

---o0O0o---

**Adonis Elumbre And so my presentation ends with these briliiant lines: "I think what the Philippine left needs is less of Marx and Lenin. I think what the Philippine left needs is a little less theory and more political intuition, more understanding of the people as they are, their simple desires, what moves them. From there we can go to any theory" (Bello, 1990).**
July 6 at 6:51pm
Atoy Navarro, Jojo Abinales, Beatriz Torre, Andrew James Parungao, Michael Charleston Briones Chua, Allen Yu, Jonathan Capulas Balsamo, Lee Candelaria, Zeus Salazar, Roy Buenafriend Devesa, Floyd Ericson M. Rey, Alvin Campomanes, Oman Bañez, Jely A. Galang, Christine Joy Davalos, Ma. Kathryn Ann Manalo, Cheanne Matriz, Ma. Carla Lee Gamis, Lea Marasigan, Paul Cruz, Steven Gatacelo, Eveian Jaemy Alforja, Ane Chesca, Lei Pangilinan like this.

Jojo Abinales Then it is not Left but a charity organization.
July 6 at 8:15pm

ROmel Deraz Trebz that isn't necessarily charity, it's an entry point towards educating people who want self-determination and control over their lives, free from universailizing metanarratives that originated from the West.
July 6 at 9:23pm

Vic Romero Sa akin lang, may nalalasahan akóng negatibong damdamin sa sinabi ni Jojo--para bagáng di kanais-nais ang maging mapágkawang-gawâ. Marahil ang sinabi niyá ay bahagì ng isáng lumà nang usapan ukol sa pagksáng itó. Inuulit lang ang kaniyáng panig.

Sang-ayon akó kay Zeus Salazar na hindî angkóp ang Marxismo sa mga Pilipino, hindî dahil itó ay Marxismo kundî dahil itó ay banyagà, dayuhan, hindî katutubò sa mga Pilipino.

Ang kailangan, bagay at angkóp sa Pilipino ay isáng teoriya, kilusan at sistemang kumíkilala at nagsasa-alang-alang sa mga likás na katangian ng mga Pilipino: a) "Paminsan-minsan lang namán; di

lang namán akó"; b) "Kayó na lang, baká pa akó mapahamak"; c) "Bahalà na"; d) "Problema mo na iyán; kaniyá-kaniyá tayo"; e) "Alám mo ba kung sino akó?"; f) "Mag-inuman tayo, kahit utang lang"; g) "Mahjongg, jueteng, sabong, ..."; h) "Hindî muna nag-isip bago kumilos"; i) "Hindî tayo pantáy-pantáy, mas pantáy akó sa iyó." At ibá pa.

Alíng banyagang pantás ang tunay na nakuunawa sa Pilipino? Tayong Pilipino na rin ang makabubuô ng teoriyang nagpapaliwanag ng ating sarili, kinaugalian at layunin. Tayo ang nakuunawa sa mga puwersang umiiral sa tao, sa mag-anak, sa lipunan at sa bayan. Ang pagkaunawang iyán ang dapat maging batayán ng pagkilos.
July 6 at 9:50pm Jonathan Capulas Balsamo likes this.

Jojo Abinales Well the continuous spread of capitalism is a meta-narrative; the expansion of state coercive capacities is a meta-narrative; and the continuous widening of the gini coefficient in many countries (even those thought to have grown like Thailand) is a meta-narrative. What is Western about that? Mr. Trebz is being lazy and just wants to attribute everything bad to "the West." Would he prefer the rule of the Taliban?

Sorry Vic, but yong argument ni Zeus ginawa na nya yan noong 1974 pa, to help provide a justification for the Marcos dictatorship as the tunay na Pilipinohiyang ideology. Authoritarianism masking itself in Filipino-ism: heto yong forte ng mga Tadhana historians. Ano kaya kung itabi mo yong mga katangian na binanggit ni Vic Romero sa mga katangiang tinutulak ng mga kagaya ni Salud Algabre, Kumander Dayang-Dayang, Lorena Barros, etc. -- gusto bang ipalabas ni Vic na hindi Pinoy ang mga ito?

And Adonis, what of Marx's insights (not model) would not help us understand about class, state, ideology, and violence in the Philippines?
July 6 at 11:09pm

Jojo Abinales I strongly suggest before you folks hit me back for being pro-metanarrative or being pro-Western, that you read Alfred W. McCoy;s new book Policing America's Empire: The United States, the Philippines and the Rise of the Surveillance State (Ateneo hopefully will publish it soon; but you can order via Amazon from U of Wisconsin Press). Here is a Kano whose probably done more to expose the brutality and hypocrisy of the Marcos dictatorship (more than your idol Zeus Salazar), who has helped recast our view of Philippine history by underscoring the value of the localities and the regions (Philippine Social History), and who has -- with this book -- laid out the violent and corrupted history of the Philippine state (colonial and post-colonial) and its intimate links with the illicit. All these things I never found in that simplistic ethno-centric narratives of the folks like Salazar.

Well...save Walden B.
July 6 at 11:44pm

Vic Romero Marahil makatutulong ang mga insight ni Marx—kung hindî man ang kaniyáng buóng paraán at modelo—sa pag-unawà sa salungatan ng mga urì sa Pilipinas. Sana ngâ mamulat ang karamihan sa mga Pilipino na waláng mang-aapí kung waláng nagpapa-apí. Pero, wikà ngâ na kasabihan: "Ayón 'yon eh." Kayâ nakapasok ang mga Kastilà sa Pilipinas ay dahil pinapasok ng mga Pilipino! Tapos, kayâ nakapagsamantalá silá nang 333 taón ay dahil nagpasamantalá ang mga Pilipino. Ayón 'yon eh. Madalíng magsalitâ. Mahirap magsagawâ. Ganiyán ang Pilipino—ayaw sa at

umiiwas sa salungatan. Hindî ipaglalaban ang kaniyá. "Pabayaan mo na," 'ika niyá. "Pabayaan mo na" ang sagót ng karaniwang Pilipino sa salungatan ng mga urì ni Marx.

Salungatan ng mga urì? Marxismo sa Pilipinas? Hindî ko sinasabing imposible. Sinasabi ko lang na malamáng na hindî mangyayari. Malamáng na hindî. Bakit? Ang ugnayan ng mag-anak ay malakás, matalik, matindí. Ang mag-anak na Pilipino ang pinakamatatág na institusyon sa bansâ, higít pa kaysa Simbahan o Estado o anupamang institusyon. Ang mag-anak ang nagpapatatág sa bansâ. Siyá na rin ang sagabal sa pag-iral ng batás. Opò, susunód ang Pilipino sa batás, huwág lamang mapapahamak ang kaniyáng asawa o anák o kapatíd o magulang, atbp.

Pagsama-samahin ang mga puwersa ng 1) "Pabayaan mo na" at ng 2) ugnayan ng mag-anak, patí na ang 3) "Kayó na lang, baka pa akó mapahamak," atbp. – anó ang kalalabasán? Isang dambuhalang puwersa ng inertia.

Inertia, Isá. Patuloy na maglálakbáy sa tuwíd na guhit ang isáng bagay na naglálakbáy hanggáng may puwersang pipigil dito. Patuloy na mangúngurakot ang (karamihan, hindî namán lahát ng) mga pulítiko at burókrata sa Pilipinas, hanggáng may puwersang pipigil sa kanilá. Patuloy na sasamantalahin ng mga mayayaman ang mga mahihirap, hanggáng may puwersang pipigil sa kanilá..

Inertia, Dalawá. Manánatiling nakapahingá ang isáng bagay na nakapahingá, hanggáng may puwersang magtutulák o hihila dito. Patuloy na hindî makíkibahagì ang (karamihan, hindî namán lahát ng) masang Pilipino sa talastasang-bayan at pamamahalà ng bansâ, hanggáng may puwersang magtutulák o hihila sa kanilá. Patuloy na magpápasamantalá ang mga mahihirap, hanggáng may puwersang magtutulák o hihila sa kanilá.

Saán manggagaling ang puwersang iyán?
July 7 at 7:48am

Jojo Abinales Generalizable ba ito? For every example ng inertia, pagsasarili, etc., na ilahad mo, may kontra-ebidensya din. Halimbawa nasakop kayong mga Tagalog ng Kastila, pero hindi ang mga Muslim sa Mindanao - so bakit mo hindi bigyan ng pansin yan. O nanalo si Marcos noong 1972 at mga dati nagyayabang na komunista daw sila -- kagaya ni Zeus na binabandira yong pagiging miyembro nya ng French communist party -- ay tinakot at kaagad pumayag magsilbi sa diktador bilang ghost-historiador nya (may kasama pang laking suweldo -- blood money sa tingin ko). Pero 3 years later pumutok yong mga unang protesta laban kay Marcos sa La Tondena, sa UP, sa U-belt. Ano ito? Hindi maka-Pilipino? Hindi impluwensiyado ng Marxismo? And so on and so on...

Yong mga katangian mong binanggit, puede din mag-apply sa ibang bansa no? At usually sakit ng middle classes ito, na pilit nilang itago by generalizing them (sakit ng lahat -- ayan ang meta-narrative).

Mali din na i-assume na namahinga ang tao. Yong bang pag-OFW ng karamihan ay dahil lang sa sariling interes? Marami akong nakausap dito na OFW na lumabas dahil ito yong paraan ng pag-protesta nila laban sa kabulukan ng gobyerno ni Gloria. Anong tawa mo nyan? Oportunismo o weapons of the weak (kay Jim Scott ito, isang Western academic so puede mong pagdudahan).

At the end of the day question ng research at research methodology yan. Nakakasuka ang mga ginawa ng mga komunista sa Rusya, Tsina, Cuba, Vietnam atbp. Malamang si Marx mapatay o mabilanggo sa mga bayang ito kung buhay pa siya. Pero yong methodology na ginagamit nya at yong

pag-aaral nya ng kapitalismo, may relevance sa atin yan. Globalization, corporate monopolization (tingnan mo ang San Miguel ngayon), close ties between elites and business, state violence, etc.

At ang masasabi mo lang ay "marahil makatulong ang insights ni Marx"?
July 7 at 8:08am

Vic Romero ". . . kayóng mga Tagalog . . ."

Hindî po akó Tagalog.

Si Zeus Salazar at ang ugnayan ninyóng dalawá ay ibáng usapan—nababagay hindî rito o ngayón, kundî sa ibáng panahón at sa ibang lugár.

Nápakalakás ng damdaming napapaloób sa iyóng mga salitâ, Jojo; hindî proportional sa antás ng makatuwiran at waláng-damdaming talastasan. Sa isáng salitâ, galít ka. Galít kay Zeus at ibáng tao. Huwág sanang ibuhos ang galit sa akin.

Kung malî akó o may pagkukulang ang aking pangangatuwiran, iturò mo. Hindî kailangang magalit.

Hindî pa ngâ natin kaya ang waláng-init na talastasan.
Hindî pa.
Baká ang susunód na salinglahì.
Baká.
Sana.

Walâ na akóng ibáng masasabi dito.
July 7 at 9:55am

Jojo Abinales Hindi ako galit kay Zeus Vic: tinatanggal ko lang yong ilusyon at maskara na pilit tinatago ng marami sa mga intelektwal na nagbenta ng kaluluwa nila kay Marcos. Kasi isa sa mga pamamaraan ng mga ito na itago yong oportunismo nila is to claim na mas importante ang pagiging Pinoy (at kasabay nito ang pagiging anti-Kanluran; na-conflate na). These are the kinds of thinking fascists and ethnocentrics try to breed; hiding class differences in the name of the nation or the race.

At wala akong galit sa iyo...balitaktakan lang ito (which I actually miss having been away from UP for a while). Kailangan nating ganitong debate once in a while para mapalakas pa ang demokrasya. Passion and energy should not be mistaken for "anger". Yong panghuli paminsan-minsan ko lang nagagawa yan. Heto, parang inuman sa kanto lang in the pre-karaoke days.

Apologies: akala ko Tagalog ka. Diyan sabit ako for presuming too much....

Salud...:)
July 7 at 10:00am

Atoy Navarro Pinaghele ako kapwa sa Marxismo at Pantayong Pananaw. Can we all get along, please? Hahaha

Pinag-umpisahan naman nitong balitaktakang ito ay ang sipi ni Adonis mula kay Walden na sa

palagay ko ay may katwiran naman. Malapit ito pero hindi pa rin katumbas ng sinasabi ni Salazar tungkol kay Marx (kaiba lalo pa't nasa Ingles ang pagkakasabi ni Walden). Mainam sigurong basahin yung mga pinakahuling sinulat ni Salazar tungkol sa mga usaping nabanggit na maraming kaibahan sa sinulat niya noong dekada 70-80 na mukhang yun naman ang nabasa ni Jojo, kung nabasa man niya ang mga ito.
July 8 at 12:00am

Atoy Navarro Pero gusto kong ibalik ang usapan sa sipi mula kay Walden. Sa totoo lang, hindi ko maintindihan kung anong isyu ni Jojo rito. Jojo, are you saying then that Marxist theorizing is more important than or takes precedence over "understanding of the people as they are, their simple desires, what moves them"? Even Marx's "historical materialism" is founded not on a grand theory (or a collection of insights if that's what you prefer) that has the answer for everything but on the basics of trying to understand the fundamental underlying realities of human existence. Sa huli, baka mas dialektikal o talaban naman talaga ang lapit sa "Marxist theorizing" which I doubt very much would find resonance if it isn't engaged at the onset on the difficult task of trying to really understand our people.
July 8 at 12:01am

Jojo Abinales Teka Atoy, si Ginoong Terbez yong nagsabi na meta-narrative at maka-kanluranin yong pinagsusulat ni Marx at Lenin, hindi ako (basahin mo nga uli yong mga early posts). Pangalawa, you seem to separate theorizing and analytical method which I am not advocating. Yong phrase ni Adonis na "understanding..." is one phase. Kung hanggang ka na lang (alamin ang sinasabi ng masa) ang opinyon ko is charity organization labas mo nyan.

You want to say that we should read Salazar and ignore his opportunism. But I won't fall into that trap. Read Rommel Curaming's dissertation? You're mentor's opportunism is blatant and disgusting.
July 9 at 2:41pm

Atoy Navarro Well, hindi naman sinabi ni Adonis o kahit na ni Walden na hanggang "understanding" lang... If you go back to the quote, sabi rin ni Walden na "...From there we can go to any theory (Bello 1990)". And your initial comment ("Then it is not... Left but a charity organization") was premised on the entire quote made by Adonis not on Mr. Terbz's comment on "universalizing metanarratives that originated from the West". Kaya ako nagtaka at nagtanong kung ano ba talaga ang isyu mo sa sinabi ni Walden kasi wala naman siyang sinasabing hanggang alamin lang ang sinasabi ng masa.

And from what part of my comments above did you get the idea that I "separate theorizing and analytical method"? Yun nga ang isyu ko sa comments mo eh. Sabi ko nga, baka mas dialektikal o talaban naman talaga ang lapit.

And again you assumed too much, where did you get the idea that what I want to say is that "we should read Salazar and ignore his opportunism"? Ang sinasabi ko lang, bago pumuna, magbasa muna. Wala akong sinasabi about ignoring issues of opportunism o kahit ano pa mang usaping kritikal kay Salazar. Alam rin ni Adonis na marami-rami na kaming pinagtalunan ni Salazar.

And I haven't read Rommel's dissertation pero I read some of his articles on Philippine historiography. So I can't really comment on Rommel's dissertation kasi dapat siguro binabasa ko muna ito.

July 9 at 3:14pm

Jojo Abinales Ang phrase "from there we ca go to any theory" then leads to the possibility that has happened to the likes of your mentor Salazar, Jim Scott and Bobi Tiglao: to open the door to accepting conservative theorist like Hayek (Scott), official nationalism (Salazar) at Singaporean statism (si Bobi). In this sense mas mainam na siguro na charity organization na lang ang imungkahi ni Adonis
July 9 at 3:44pm

Jojo Abinales Mababasa mo ba ang Tadhana at masasabi na itabi mo yong oportunismo nito? Ito yong punto ng dissertation ni Rommel. Kung ihiwalay mo yong sinulat ng diktadur Marcos, eh este Salazar, mukhang matino. Pero kapag ilapag mo ito sa oportunismo niya magiiba yong laman.

Yong punto sa teorya at approach reaction ko ito sa akusasyon laban sa metanarrativr at kanluraning pananaw. So huwag mo lang Ito ipiit sa curt comment ko on charitable institutions.

Tuloy ang balitaktakan :)
July 9 at 3:54pm

Atoy Navarro Re: your comment on the phrase "...From there we can go to any theory (Bello 1990)"...

So what are you saying then? That all efforts to understand our people should only lead to Marxist reading or theorizing? I'm appreciative of Marxist theorizing but I don't buy its dogmatic usage.

Yes, the phrase "...From there we can go to any theory (Bello 1990)" may lead to conservative theorizing but it may also lead to possibilities of advancing progressive theorizing.
July 9 at 3:59pm

Jojo Abinales What I am saying is before you charge Marxist theorizing with dogmatism (I presume you are targetting the CPP) you first look at where it is useful. I pointed a couple in response to Mr. G. In short prove in actual empirical terms its inability to explain before making the accusation.
July 9 at 4:09pm

Jojo Abinales May I inquire why you can't associate Marxist theorizing with "progressive theorizing"? Ano pang ibang "progressive" theorizing?
July 9 at 4:21pm

Atoy Navarro Yes, tuloy ang balitaktakan :)

Mukhang magkaiba talaga tayo ng tinutugunan. Hindi isyu sa mga komentaryo ko rito ang akusasyon laban sa matanarrative o Western na pananaw (pagtatalo ninyo nina Romel at Vic yan) lalo pa't sinabi ko ngang pinaghele rin naman ako sa Marxismo at Pantayong Pananaw (na parehong metanaratibo!).

My issue with your comments has to do with your view that "Then it is not Left but a charity organization" in reaction to what Walden said (that Adonis quoted). I took it as if you're suggesting that what Walden is doing is not "Left" but a charity organization [Vic, hindi ko rin sinasabing masama ang pagkakawanggawa, ang sinasabi ko, Kaliwa pa rin ang mungkahi ni Walden... na pwede rin talagang pagkakawanggawa ito].
July 9 at 4:21pm Zeus Salazar likes this.

Jojo Abinales Yes. If you start with that notion that you have to know first what the people want or aspire for eh para que pa yong history which has given you some insight on what the people want. Why start from the beginning?
July 9 at 4:24pm

Atoy Navarro Ayan ka nanaman, nag-assume ka nanaman na I don't associate "Marxist theorizing" with "progressive theorizing", hahaha

Wala rin akong sinabing ganyan lalo pa't bahagi nga ng teoretikal na pag-unlad ko ang Marxismo. At AKBAYAN ako, Kaliwa ako, sosyalista ako :)

Ano pang ibang progressive theorizing? I'll just give you one na nakaimpluwensya rin sa akin, feminismo.
July 9 at 4:25pm Zeus Salazar likes this.

Jojo Abinales Low batt na ako. Mamaya ko na ituloy yong pagsulat ng riposte
July 9 at 4:26pm

Atoy Navarro Sa palagay ko naman walang conflict sa sinabi ni Walden na "more understanding of the people as they are, their simple desires, what moves them" sa kahalagahan ng pag-aaral ng kasaysayan. Batayan nga ng pag-unawang ito sa taumbayan ang pag-aaral ng kasaysayan -- kasaysayan na dapat patuloy na pag-aralan kasi habang may mga bagay na maaaring nanatili, may mga bagay ring patuloy na nagbabago. From our understanding of our people (based on culture, history, etc.), "we can go to any theory" sabi nga ni Walden...

Sige, ituloy natin pag nakarecharge ka na :)
July 9 at 4:41pm Zeus Salazar likes this.

Jojo Abinales Teka, teka, I said "May I inquire..." I did not assume. Second why can't you call a spade a spade? Why these gobbledygook phrase like "progressive theorizing" at hindi na lang simple Marxist analysis?

Para sa akin mas ok na magging charity org na lang kung yong gusto mong i-pursue as next step is yon second phrase ni Walden "then we can go to any theory." I've pointed out the potential from sliding to conservatism or uncritically appropriating it. Then you say, of course, puede ding i-advance a 'progressive theorizing' (sic) but that is not the issue. The point for me is that if you want to start with "learning what the masses think" the logical next statement would be "to strengthen progressive theorizing" (as you put it).

Hindi "then we can go to ANY (underscore) theory." OK na sa akin na mag-charity org na lang ang Akbayan.

Tama ka on feminism; but does that mean then that Marxist theorizing has become dogmatic? Here are two ironies that I hope you socialist historians will address -- empirically (puede mong gawing dissertation it).

a. PSR is already more than 40 years old. It is still the CPP foundational book on political economy and revolution. There has been no attempt by the CPP or its socialist critics (like Akbayan) to match, critique, and --more importanly -- transcend the breadth and substance of this metanarrative. Why? The latest attempt to theorize PSR beyond its Maoist optics was by Ricky Santos when he discussed the mode of production debate and Mindanao in an AFRIM newsmagazine. Pero sabit sa empirical data.

b. Bobi Tiglao may have sold his soul to Gloria but his empirically-driven Marxist (yes Marxist) studies on the coconut industry, the spread of capitalism in the countryside, and on multinational corporations (all done in the late 70s) have never been matched by anyone.

Sure, incorporate feminism into socialist theory, but do not also abandon the power of the Marxist political economy approach(es) by simply saying na "dogmatic" ito, or isang (walang silbing) maka-kanluraning meta-narrative.
July 9 at 4:51pm

Jojo Abinales naka-access ako sa computer ni misis...he@ he@
July 9 at 4:51pm

Atoy Navarro I don't like how "incorporate feminism into socialist theory" sounds 'coz it could also be the other way around ("incorporate socialist theory into feminism"), hehehe And like I've said "I'm appreciative of Marxist theorizing but I don't buy its dogmatic usage." Tanong mo: "Why these gobbledygook phrase like "progressive theorizing" at hindi na lang simple Marxist analysis?" Eh kasi nga, may iba pa namang "progressive theorizing" (e.g. feminism).

I maintain that AKBAYAN is Left at sa palagay ko naman may mga kapartidong nag-aambag kahit pakonti-konti "to strengthen progressive theorizing" at kasama na si Walden dyan. Bagamat maaaring meron na mula sa ibang teoretisasyon, tama kang wala pang komprehensibo at malawakang humahamon sa metanaratibo ng PSR mula sa mga sosyalistang kritiko nito (naalaala kong lagi ko ring pinopoint-out ito sa discussion ko sa PSR sa mga klase ko dati). Mahaba at matagal na proseso yan na isinasabay ng partido sa agarang pagtugon at pagkilos kaugnay ng pag-araw-araw at samu't saring isyung panlipunan. Pero darating din tayo dyan sa pagbubuo (at patuloy na pagbubuo) ng isang socialist narrative na hahamon sa metanaratibo ng PSR :) Jojo, tumulong ka kaya para marating yan! :) Hahaha

Ako naman ang aalis muna. Itutuloy ko na lamang ang pakikipagbalitaktakan pag nakauwi na ako sa apartment mamaya :)
July 9 at 5:29pm Zeus Salazar likes this.

Jojo Abinales Well on this, mas Ok yong aproach ni Sylvia Claudio -- socialist feminism -- incorporating both. Yong iyo strictly feminism -- ok din yan, pero it does not do well as Guy Estrada's approach in understanding political economy.

Atoy PSR is over 40 years old. Don't give me one of that justifications for being lazy that it is a long process to transcend PSR
July 9 at 5:32pm

Tin De Villa nakakatuwa naman na ang maiksing pahayag ni Walden ay maka-elicit ng ganitong diskusyon, pero hindi na ako sisingit doon. agree ako kay walden, napaka-SP nga ng dating eh. d ba atoy?
July 9 at 6:15pm

Atoy Navarro Jojo, hindi "strictly feminism" yung sa akin, sabi ko nga "it could ALSO be the other way around"... Pwedeng yung isa ang ipasok sa isa, pwedeng yung isa ang ipaloob dun sa isa. Pwede rin talaga na "incorporating both" gaya ng ginagawa ni Guy, na AKBAYAN at PSSP din, di ba Tin? :)

Well, AKBAYAN, technically is only 12 years old at realidad naman talagang maraming isyung panlipunang kinakaharap ang partido. I will not be apologetic about that. At gaya ng sinabi ko na, may mga kapartido naman na nag-aambag sa patuloy ng pagbubuo ng naratibo (gaya ng mga sinulat ni Walden ukol sa political economy ng krisis sa Pilipinas).

And the challenge of transcending PSR para sa mga socialist critics nito ay hindi lang naman hamon sa AKBAYAN. Hamon din yan sa iyo. I will be very much interested to read your counter-narrative to PSR :)
July 9 at 6:41pm Zeus Salazar likes this.

Atoy Navarro Tin, PP/SP talaga yan, matagal nang resolbado sa akin yan kaya nga wala akong nakikitang matinding salunggatan sa pagiging PP/SP at sosyalista ko :)
July 9 at 6:44pm Zeus Salazar likes this.

Atoy Navarro at pagtatangkang maging feminista rin [ang hirap iclaim nito, we can only try kasi iba pa rin talaga ang danas ng kababaihan]...
July 9 at 6:46pm

Jojo Abinales PP is an attitude but is worthless as a method kasi premised on an ethnocentric view of Pinoy studies. This kind of frame easily attracts fascists, Stalinists and autocrats kasi it simplifies things and refuses to consider other ties like class or regions (Pinoy ba ang mga Tausog? Oo pero yong elite nila, hindi yong mga naniwala sa separation ng Mindanao). But more importantly I have yet to read an empirically-driven PP work of history. The nearest of course is Tadhana and the dictator Marcos is it's author.

As for Akbayan, I've always wondered about the plaint of Joel Rocamora as he stepped down as its jefee.
July 9 at 7:29pm

Atoy Navarro Yan talaga ang isyu ko sa iyo Jojo, you easily dismiss PP, without even bothering to read PP's body of works. Interestingly, may isyu ka naman sa mga madaling magdismiss sa Marxismo. You say PP refuses to consider other ties like class or regions, bakit nabasa mo na ba ang Timawa ni Gabriel o kahit na ang salin ng Manifesto ni Salazar, ang Ili ni Rodriguez-Tatel o Hangaway ni Villan? O kahit na yung mas maagang Palawan ni Ocampo o Bulakan ni Veneracion? These, and a lot more other works, are empirically-driven PP works of history. Hindi lang classes, hindi lang ethnicities, kundi contradictions (and unities) in terms of religions, genders, sexualities, generations, etc. ang inatupag na sa mga akdang PP. Nasa Filipino kaya malamang hindi mo talaga nabasa.

Tungkol kay Joel, siyempre, malaki ang ambag niya sa patuloy na pagbubuo ng sosyalistang naratibo. May mga hindi pagkakatugma pero mas marami ang pagkakasundo ng mga perspektibo sa loob ng AKBAYAN. At hindi katulad ng ibang partidong kaliwa, demokratiko ang pamunuan ng AKBAYAN na hindi nakatali sa iisang lider lang.
July 9 at 8:25pm Zeus Salazar likes this.

Jojo Abinales Yong mga sinulat ni Jimmy, Nilo at ni Marcos ay puedeng i-treat na maka-Pilipino. Pero puede ring i-argue na regional (Seasian) or from a Braudelian perspective (at sa alala ko nag-cite pa si Jimmy kay Perry Anderson. Ganito ang pagtingin ko sa PP kasi naka-embed yong assumption nito na may inherently Pilipino (actually Tagalog) nito. Of such assumptions were the likes of fascists and official nationalist are born. The more I study Mindanao actually the more I realize that sa ground level formality lang yong pagiging Pinoy. Heto yong hindi matanggap ng mga PP kasi puedeng ma-invalidate yong Pilipino-ness ng opinion nyo.
July 9 at 8:41pm

Jojo Abinales Ipost ko yang interesting quote from Joel and will elicit your view
July 9 at 8:43pm

Jojo Abinales Correction Atoy. Nabasa ko si Nilo at Jimmy. May alam naman ako sa mala-imperyalistang linguwaheng Tagalog.
July 9 at 8:47pm

Atoy Navarro Well, makaPilipino, pantayo, (at pati na Braudelian sa kaso ni Veneracion) ay makikita naman talaga sa mga akdang Palawan at Bulakan. Ipinakikita lang nitong hindi rin talaga maikakahon ang PP. Hindi ko makokonsiderang PP si Marcos lalo pa't nasa Ingles ang Tadhana nina Salazar (may balitaktakan na rin dito sa FB ni Adonis na pinagtalunan namin ni Salazar si Erap at si Marcos kaya ayaw ko nang ulitin ito dito). At yun nga, kung babasahin mo ang mga akdang PP gaya ng Ili ni Rodriguez-Tatel (ukol sa Ilocos-Kordilyera), Hangaway ni Villan (ukol sa mga Hiligaynon-Capiznon), atbp., makikita mong iniinterrogate naman ang mga ugnayan (bukluran man ito o tunggalian). So hindi ko talaga makita kung saan nanggagaling ang claim mong may assumption ang PP na may "inherently Pilipino (actually Tagalog)". May ugnayan at posibleng may continuities (and discontinuities para sa ilan) pero walang iisang mukha ang Pinoy. At least that's how I view PP.
July 9 at 9:01pm Zeus Salazar likes this.

Atoy Navarro Well, at least nabasa mo ang Palawan at Bulakan :) Pero 1985 at 1986 pa yun, ang dami nang PP works na nasulat after noong mga panahong yun :)

Sige, tingnan natin yang "interesting quote from Joel" :) Maganda yan :)

Adonis, pasensya na't ginawa na naming chatroom ang FB mo, hahaha :)
July 9 at 9:05pm

Jojo Abinales Sabit ka na sa dalawang punto. Kung ininterrogate nii Villan at Rodriguez yong "ugnayan (bukluran man o tunggalian) sa mga sinulat nila anong inherently Pinoy diyan? Pangalawa yong argument mo na hindi pueeng "makokonsiderang PP si Marcos lalo pa't nasa Inglies ang Tadhana" only confirms for me yong hindi lang maka-imperyalistang pag-privilege ng Tagalog over the other languages ng Pilipinas (including Pilipino English, by the way), but also yong pagkamakitid na basehan nito: PP ka kung isulat mo sa "Pilipino" (Tagalog). Si Stalin used this linguistic imperialism to impose Russian on the other "Soviet Republics" (and destroy their languages).

You can argue na "walang iisang mukha ang Pinoy" pero sa mga PP, yong yong unang criterion ng pagka-Pinoy is the ability to talk and write in "Tagalog." Marginalized ang ibang linguwahe ng bansa, pati Inglis (btw, apart from Maguindanao or Maranaw, yong unang henerasyon ng mga early 20th century Muslim and Ifugao leaders regarded English as their second language -- tingnan mo yong sinulat Jerry Finin on the Cordillera -- or bakay ayaw mong tingnan kasi English. Yet yong Ilocano ni Finin is far superior to the PP's of UP...

Sa sunod kong sagot yong quotation from Joel. Which is strange kasi it's an indictment of Akbayan...
July 9 at 9:23pm

Jojo Abinales Heto yong quote ni Joel:

"After detailed, careful, highly participatory analysis of this debacle, everyone united around the conclusion that the party list system had been successfully subverted by old political clans, what was supposed to be a national contest had been broken up into so many local contests. Ironically our party list vote declined because we had devoted too much attention to the “national” party list (PL) campaign and not enough to local electoral contests. PL elections also determined our organizational strategy, the widespread, nationwide but shallow character of our party structures"

Question: bakit hindi napansin ng Akbayan yong central role ng local power sa national politics?
July 9 at 9:34pm

Atoy Navarro Sa unang punto mo Jojo, basahin mong maigi yung comment ko, mukhang hindi mo naintindihan. Sabi ko nga di ba: "So hindi ko talaga makita kung saan nanggagaling ang claim mong may assumption ang PP na may "inherently Pilipino (actually Tagalog)". Kasi nga hindi ako naniniwalang may "inherently Pilipino (actually Tagalog)"! Ang pinaniniwalaan ko ay "May ugnayan" (bukluran man o tunggalian) "at posibleng may continuities (and discontinuities para sa ilan) pero walang iisang mukha ang Pinoy."

Sa pangalawang punto, debate ng wika sa PP ito na matagal na ring pinagtatalunan. Para sa akin, hindi ito question ng pagpripribilehiyo sa Filipino (na maraming varayti, Filipino Cebuano, Filipino Tagalog, Filipino Ilocano, etc.) kundi usapin ito ng paggamit ng wikang higit na nauunawaan ng nakakarami (may batayan/datos naman dyan, ke SWS survey, o magkakahiwalay na pag-aaral ng UP, Ateneo, DLSU, sinasabing Filipino ang pinakalaganap na wika). Yung Ingles naman talaga ay hindi

ginagamit ng higit na nakakarami kahit na sa Mindanao. Siyempre gamit din talaga ito ng mga elite doon. Ibig sabihin ba nito, isinasagilid ng PP ang ibang wika? Hindi. Sa katunayan ang PP nga ang nagpapasok ng mga konseptong gaya ng banua, ili, timawa, hangaway, etc. para basagin ang dominansya ng Tagalog sa Filipino. At ok na ok din sa PP ang pagsusulat sa kanya-kanyang wika lalo pa't ang audience at pinapaksa ay ang kani-kanilang kasaysayan. Pero para mag-usap-usap ang Cebuano, Ilocano,Tagalog, etc., saang wika ba sila higit na magkakaintindihan? Sa Ingles ba? Gimme a break!

Ako naman ang magtatanong Jojo, sa palagay mo hindi pripribelihiyo ang Ingles at hindi ito nagmamarginalize ng ibang wika sa Pinas? Kung muhing-muhi ka sa tinatawag mong "mala-imperyalistang linguwaheng Tagalog", baka ganun din ang damdamin ng iba sa imperyalistang wikang Ingles.

Hayaan mo at babasahin ko ang sinulat ni Finin. Nagbabasa naman (at depende sa audience, nagsusulat) ako sa Ingles. Hindi ko masasabing "superior" ito (o ang Ilocano niya) sa mga PPs of UP kasi gaya ng akda ni Rommel, ayaw ko munang husgahan ito hangga't hindi ko pa nababasa. Ikaw rin sana naman, magbasa ka muna bago ka magbigay ng mga heneralisasyon/panlalahat mo. Para naman sa makatwirang paghuhusga, sana naman read muna beyond the Salazar of 70s-80s o kahit pa beyond Palawan and Bulakan of the 80s :)
July 9 at 10:07pm Zeus Salazar likes this.

Atoy Navarro Tungkol naman sa quote from Joel, gusto kong mabasa ito ng buo (saang article ba ito), ayaw kong itake ito out of context. Unlike yung quote ni Adonis kay Walden na alam ko ang kontekstong pinaghuhugutan, hindi ko tiyak ang pinaghuhugutan ng sipi kay Joel.

Post-2007 election na analysis ba ito kasi may naalala akong mga ganitong analisis noon? Kung oo, tinatanggap naman talaga ng AKBAYAN ang mga naging kahinaan nito sa eleksyon noong 2007 kaya naman bawing-bawi ito ngayong 2010. Nitong 2010, pinalakas pa nga ang “national” party list (PL) campaign (na sinabayan pa ng national senatorial campaign) at binigyan din ng malaking atensyon ang local electoral contests. At yung nga, obvious namang we did better ngayong 2010 kumpara noong 2007. Pero again, gusto ko munang alamin ang konteksto na pinaghugutan ng quote from Joel bago ako lubusang magkomentaryo rito.
July 9 at 10:25pm

Jojo Abinales Oo sa Inglis. Heto na lang ang itanong ko sa iyo. Statistically: ilang libro ang nabili na may PP'ing linuwaheng oryentasyon at ilan ang nabili sa Ingles (Pilipino Ingles) to boot. Let's be more specific: ilang libro ng Pasyon anr Revolution or, Brains of the the Nation (Mojares) say Muslim Rulers and Rebels (ni Tom McKenna) ang kusang nabili nationwide, compared to Nilo or Jimmy or itong early 21st version ng PP?

Ipusta ko yong suweildo ko't walang wala yong PP ninyo pagdating sa binabasa ng iba.

Kung mag-uusap ang mga Cebuano, Ilocano, etc.? Tagalog? Hindi natin alam. Inglis puede rin. Yong "gimme a break" mo is unverifiable. At kung nag-Tagalog man sila, mongrel ito at maraming kasamang Inglis.

Hindi ma-marginalize ang ibang wika Atoy, kasi kung alam mo ang kasaysayan ng mga Muslim at Ifugao, wala silang ginawang distinction sa dalawa. Multilingual sila, at Inglis ay isa sa mga linguwahe nila.

Interesting na yong Inglis ay considered mo ay maka-imperyalista (what does that make of Indian English?). Pero yong imposed national language -- Tagalog -- hindi.

And how can I read a historian who has not even apologized for such statements like this: "kung bibigyan ako ng isang buong institue upang masulat ko ang aking kasaysayan, mamamatay tao man ang magbigay sa akin...wala akong pakialam..." (Rommel's dissertation footnot 50, page 71)

then later on down the chapter noong tinanong ni Rommel si Tan, Quiason at Salazar tungkol sa suhol nila ng diktador, ayaw sabihin ng mento mo kung magkano ang blood money na natanggap nya. On the contraty sabi nya na yong critics nila "are too inferior...they would accept it because of th money. (F0r_ they would not be asked otherwise..."

Yan ang mercensaryo, oportunista at alipuris ng diktadura.

So papaano ko basahin yong pinagsusulat ng mentor mo?
July 9 at 10:29pm

Jojo Abinales Last speech ni Joel ito sa Akbayan: Rocamora, Joel. 2007. "Learning new ways of being (left)," Akbayan – A new left party in the Philippines. Unpublished manuscript. 2 September 2007.
July 9 at 10:30pm

Jojo Abinales Well..in short, between a vague PP and say a Marxist or semi-Marxist (in the case of Al McCoy) analytic tool, I'd prefer the latter -- with its emphasis on class -- when it comes to understanding power in Pinas. Sabagay yong PP hanggang early 20th century lang di ba?

At kusang bang tinatanggap ang Tagalog sa labas ng Katagalugan? Op kors, walang choice eh (sa elementary at high school pilit na itong itinuturo). Dagdagan mo pa ng ABS-CBN ayon..Punto ko is if limit mo lang yong basehan ng pagkaimportante ng isang trabaho sa linguwahe, magbubukas ka ng isang pinto para sa mga ethnocentrics at pasista na ilusaw yong question ng power at politics sa Pinas, at bigyan mo ng lehitimasyon ang mga experimento ng autokrasya kagaya ng Bagong Lipunan ni Marcos.

Hindi sosyalismo yan...
July 9 at 10:35pm

Jojo Abinales At baka naman mapikon na si Adonis, heto na yong huling hirit ko: I look forward sa dissertation mo't tingnan natin to what extent it is PP and to what extent is it no different from histories ng SEAsian/Asian region.

Salud...")
July 9 at 10:41pm

Atoy Navarro Jojo, unfortunately, wala akong mapapagkunan ng statistics nyan ngayon. Hindi ko rin alam kung matino bang naiuulat ang bilang ng mga librong naibebenta sa Pinas. May teksbuk din na PP kaya hindi ko alam kung isasama natin yan sa bilang o ililimita lang natin sa highly academic books na binabasa ng iilang intelektwal.

Tungkol sa kung ano ang komong wikang ginamit ng higit na nakararami (lingua franca ang tawag ng mga linggwista), nabanggit ko nanamang may mga datos dyan. Kahit paano, siyentipiko naman ang metodong ginamit ng UP, Ateneo, DLSU, SWS, etc. Sabi mo, "At kung nag-Tagalog man sila, mongrel ito at maraming kasamang Inglis." Ganyan na nga talaga ang wikang Filipino, maraming salitang inangkin sa iba't ibang wika sa Pinas. Hindi gaya mo, hindi purista ang tingin ko sa wikang Filipino kaya nga binanggit kong "na maraming varayti, Filipino Cebuano, Filipino Tagalog, Filipino Ilocano, etc." Yung pagtuturo ng Filipino sa eskuwelahan at ABS-CBN, resulta yan ng masalimuot/may kontradiksyong kasaysayan natin. Eh anong magagawa natin, nagbabago ang kasaysayan, nagbabago ang wika, alangan namang bumalik tayo sa dati? Lagi ko ngang sinasabi noon, kung nagkataong Ingles o Espanol (gaya sa Latin America) ang wika ng nakakarami sa Pinas, Ingles o Espanol ang pangunahing wika ng PP. Kaso hindi eh.

I cannot speak about "Indian English" kasi iba ang konteksto nila kesa sa atin. Sa konteksto natin, ang English naman talaga ang pangunahing language of the elite, language of power na nagmamarginalize sa maraming hindi nakakaunawa rito. If you think otherwise at sa palagay mo ang English ang language of the weak, wala na akong magagawa dyan. Again, gaya ng binanggit ko na, hinahamon pa nga ng PP ang dominasya ng Tagalog sa wikang Filipino.

Interesting talaga yang mga quote from Salazar na nakuha ni Romel. At kung mababasa ko yan sa kabuuan, malamang isa nanaman yan sa pagtatalunan namin ni Salazar. Pero unlike you, magbabasa muna ako at hindi ko kaagad isasarado ang utak ko kahit pa sa mga akda ng "mercensaryo, oportunista at alipuris ng diktadura". Kahit nga ikaw, may napulot ka kay Tiglao. Basahin mo muna ang mga akdang PP (na ang iba rito'y nakikipagtalo rin kay Salazar).
July 9 at 11:11pm Zeus Salazar likes this.

Atoy Navarro Tungkol sa article ni Joel, yun nga, post-2007 elections na analysis ito at kinilala naman yan at tinugunan nitong nakaraang 2010 elections kaya naman maganda ang naging resulta para sa AKBAYAN :)

Naku, ibang-iba talaga ang disertasyon ko dahil hindi ito history at hindi ito PP :) Sabi ko nga, nagsusulat naman ako sa Ingles depende sa audience at paksa :) Ph.D. Biomedical Sciences (major in Product Research and Development for Public Health) ang inaaral ko :) Ang interes ko ngayon ay sa human participant protection sa biomedical research. Kung paano proteksyonan ang mga kalahok sa pananaliksik (lalo na sponsored ng developed countries kung saan ang mga kalahok ay nagmumula sa lalo na sa developing countries sa Asia-Pacific region). At dahil nga Asia-Pacific ang audience ko sa partikular na paksang ito, Ingles ang wikang gamit ko :)

Pero tuloy pa rin ang pagsusulat ko ng kasaysayan sa wikang Filipino kasi sa mga ganyang pagkakataon naman, malinaw na Pinoy ang audience at paksa ko :)
July 9 at 11:26pm

Jojo Abinales Actually Atoy, hindi "pangunahing language of the elite" ang Inglis sa Pinas. Heto yong language of social mobility ng mga nasa baba't middle class. (Heto din yong basehan ng pag-angat ng mga lower at middle class Indians na kagaya nina Gandhi, mga lower/middle class Singaporeans at Malaysians kagaya ni Lee Kwan Yew at Mahathir, at lower at middle class na mga anti-colonial na Kano na laban sa Inglaterra na kagaya nina Benjamin Franklin). Yong Inglis nila ginamit nila upang matayo yong sariling bayan nila (later na si Lee nag-aral ng Chinese).

Yong problema ninyo is that ayaw nyong tanggapin na yong Pinoy appropriation ng Inglis ay hindi lang limitado sa elite, kundi buong Pinas. As such Philippine language din ito; at dala na nito yong potential nito to educate and liberate (teka, anong unang lingwahe ng tatlong pinakaimportanting personalities at ideologues ng resistance noong 1960s: si Joema, si Dodong at si Nur: ahem, Inglis! And is it possible na walang nang kasing-talas nila ngayon kasi laganap na ang pagtingin na ang Inglis ay walang iba kung linguwahe ng elite (which is mali, alas)?

Well ganito yan: si Tiglao nagsulat noon bilang Marxista tapos nagbago ang isip at naniwala na sa kapitalismo't Singaporean-type statism. At open sya sa kanyang pagbago; walang pretensyon. Inaamin nya ngayon yong bagong posisyon nia.

Yong mentor mo -- bininta yong propesyon nya hindi lang sa isang diktador at pumayag na yong sinulat nya maangkin ni Macoy. Cowardice ito (being a ghost historian) at opportunism (mataas ang sweldo)

Pasensya ka na -- may tawag nito "no reconciliation without justice" or "confession muna bagong ma-respeto.

Isulat mo yong dissertation mo...at tingin ko pa rin, malakas ang fascist, Stalinist, official nationalist (ethnocentric) potentials ng PP kaya hindi magprosper ito beyond UP. Pagtatawanan lang kayo ng mg Cebuano't Maguindanao.
July 9 at 11:45pm

Atoy Navarro Pasensya na't nakatulugan ko na ang balitaktakang ito :) Pero gising na ulit :)

Magkaiba talaga tayo ng tingin sa gamit ng Ingles sa lipunang Pinoy. Ang tinutuntungan ko ay kung ano ang wikang ginagamit ng higit na nakakarami -- kung ano ang wikang higit na makaka-engage ang nakakarami. Nakapag-ikot na rin naman ako sa 55 probinsya (I really keep track :) sa iba't ibang sulok ng Pinas (kabilang na ang Cebu at ilang lalawigan sa Mindanao). Lagi naman akong sa Filipino magsalita at makipag-usap, hindi naman ako pinagtatawan. Palagay ko ganyan din ang karanasan ng iba pang historyador na Pinoy ng gaya nina Nilo, etc. Ganyan din ang karanasan ng mga pulitiko, mayorya sa kanila napipilitang magFilipino pag nag-iikot ng buong bansa lalo na sa panahon ng kampanya (kahit pa si Miriam Santiago!) kung gusto nilang pakinggan sila ng masa. Marami na rin akong nasamahang kampanya, kaya personal kong nakita yan (bukod sa may mga nagsulat na rin tungkol dyan). Mukhang gets ito ni Noynoy kaya nagFilipino siya sa inaugural speech niya.

Si Joema (ewan ko kina Dodong at Nur), binasa rin naman talaga siya sa organisadong hanay sa kanayunan kasi yung PSR ay isinalin simula't sapul pa sa wikang Pilipino (may disertasyon na tungkol dito ang tita ni Tin). Syempre yung mga taga-UP, binasa siya sa Ingles, pero ewan ko lang sa mga pabrika at kanayunan kung sa Ingles din siya binasa. May pag-aaral na rin ang yumaong si Nick Atienza sa patakarang pangwika ng CCP kaya may batayan din ako para sabihing hindi siya sa Ingles binasa ng nakakarami sa kanayunan. Siyempre pa, nasa wikang Filipino ang akda ni Atienza kaya hindi ko rin alam kung nabasa mo.

Tungkol sa appropriated Ingles bilang Philippine language, wala nanamang debate dyan at wala akong sinabing hindi ito wika sa Pinas. Mabilisan, sa Pinoy lingguistics at sa PP na rin, may wikang Filipino (lingua franca na may iba't ibang varayti na umangkin ng salita mula sa iba't ibang wika sa Pinas), may mga wikang Pilipino (mga wika ng iba't ibang etnolinggwitikong grupo sa Pinas), at may mga wika sa Pinas (lahat ito kasama rito ang Ingles, Espanol, Mandarin, Arabic, at iba pang wika sa Pinas). Tanggap naman natin na maraming wika sa Pinas kabilang na ang wika ng elite. Pero yun nga,

ipipilit ba natin sa lahat ang Ingles (imperyalismo?) gayong iba ang wikang kahit paano na nauunawaan ng nakakarami? Kahit sisihin pa natin ang educational system o ABS-CBN dyan, andyan na yan eh. Again, dialektikal din ang tingin ko dyan, hindi rin naman bebenta yang wika ng ABS-CBN kung hindi ito nauunawaan ng masa. May mga English shows naman sa Pinas ah (lalo na sa cable na afford na afford ng mga elite), may Chinese shows pa nga, at may regional language shows din ang ABS-CBN, kumusta naman ang mga ratings ng mga yan kumpara sa mga shows sa Filipino ng ABS-CBN o GMA? Yan din, may pwedeng pagbatayan dyan kasi araw-araw ang pagsukat ng ratings sa Pinas.

Kung may maipapakita ka ngang mga siyentipikong pag-aaral na Ingles naman ang wikang mas nauunawaan ng nakakarami, eh di ito na ang gawin nating pangunahing wika ng PP gaya ng nabanggit ko na. Pero, unfortunately for you, sa mga pag-aaral ngang ginawa sa Pinas, hindi naman Ingles ang lumilitaw.

Interesante ring binanggit mo ang kaso ng Singapore at Malaysia. Iba ang konteksto nila sa Pinas. Sa Malaysia halimbawa, may malinaw na pambansang wika, ang Bahasa Malayo, kaya pinagdududahan ko ang asersyon mong "Inglis nila ginamit nila upang matayo yong sariling bayan nila". May komprehensibo ring pag-aaral sina Pam Constantino at Lydia Liwanag sa pagpaplanong pangwika sa Pinas, Indonesia, Malaysia, Singapore, at Hong Kong na mainam sanggunian para magkabatayan ang mga pala-palagay. Hindi ko na kailangang sabihin pang sa wikang Filipino rin ang pag-aaral nina Ma'am Pam at Lydia kaya malamang hindi mo rin nabasa.

Sabi mo, hindi magprosper ang PP beyond UP, para sa akin, mukhang problematiko nanaman ang asersyon mong ito. Mukha ngang wala na sa UP ang PP, napurge na! :) Well, may ilan pa namang natitira sa UP pero makikita mo ang PP sa PUP, DLSU, San Beda, at sa iba't ibang panig ng Pinas :) Sa dinami-dami ba naman ng kumperensya ng ADHIKA (simula 1989) at BAKAS (simula 2002) taon-taon na generally sa wikang P/Filipino ginagawa (na dinadaluhan ng mga guro mula sa iba't ibang panig ng Pinas), kaya hindi ko alam kung hindi talaga nagproprosper ang PP beyond UP. Kahit nga sa labas ng Pinas (which you pointed out dati sa iyong Forum column sa kaso nina Portia at Bomen), inatupag na rin yang PP. Si Lily Mendoza rin at ilang iba pa, pinaglaanan na rin ng panahon ang PP.

Kaya ituloy pa ang balitaktakan :) All these can only sharpen our analytical tools -- ke PP pa man yan o sosyalista-Marxista :)
July 10 at 1:28am Zeus Salazar likes this.

Jojo Abinales Pamilyar ka siguro sa adage na ito: "when the emperor passes by, the peasants bow and silently fart." Ito yong attitude ng mga tao pag dumadaan ang mga taga-labas. Nirerespeto lang yong mga bumibisita sa kanila knowing na hindi naman magtatagal ang mga ito. Para sa akin ganyan ang mga attitude ng mga taong binisita mo.

Of course isasalin sila Joema, etc., sa local language. Ang punto ko is that they started with English and mainly stuck to English. Others translated for them.

Which runs against your argument that English is simply the language of the elite.

Nabasa ko si Nick Atienza, pero yong sabit sa libro nya ay textual analysis lang ito at ang kulang ay ang pagtingin sa mga translations ng PSR in imperial Tagalog at other languages and see to what extent nag-iba. Nabasa mo na ba yong mga dokumento ng Mindanao Commission (nasa UP yong limang microfilms, wala sa inyong mga PP ang gumagamit)? Interesting yong translations ng mga

utos mula sa itaas kasi mapapansin mo (a) yong Davao Tagalog at (b) yong translation na nag-isip muna sa Inglis.

Ikaw nabasa mo na ba si Nur at si Dodong?

Obviously hindi mo pinagaralan yong public school system sa labas ng non-Tagalog areas at ang puwersahang pag-require ng "Pilipino" sa mga di-Tagalog. Kung may survey kang itakbo kung ano sa 3 kurso ang hate ng mga batang Bisaya, for example -- Pilipino, Math, English -- 100% akong sigurado Pilipino ang numero uno. Bakit hindi mo gawing dissertation ito?

Kung nag-prosper nga ang PP beyond UP, please show me the best work on PP written by someone in the provinces? So far in Mindanao it's Mac Tiu (who writes in English and Bisayan), in Cebu it's Resil Mojares (English and Bisayan). At palpak yong ebidensya mo: of course people attend ADHIKA and Bakas conferences. Pero how much of that had translated into classics like "Davao 1890-1910: Conquest and Resistance in the Garden of Gods" (Tiu) and Mojares's "Brains of the Nation"? I have not read any PP-ista that rivals these works by promdis (alas, works written in English!)

But back to the political economy.
July 10 at 6:53am

Wensley Reyes Paumanhin: Tanong lang po kay G. Jojo.
1). Di po ba maituturing din pong mongrel ang wikang Ingles?
2). Bakit kapag Ingles ang isinusulong bilang wikang pangtalastasan - ok lang at mabuti? Kapag Filipino (na tingin nyo ay Tagalog), parang ang sama sama?
July 10 at 10:47am Alvin Campomanes and Zeus Salazar like this.

Jojo Abinales No naman Wensley. Mongrel po ang wikang Inglis kung tingnan mo yong appropriation nito ng mga Indians, Pinoy at even ng mga Kano (remember English came from, ahem, England). Tingnan mo yong mga pinagsusulat nina David Lodge nito.

Ang argument ko is that Pinoy English is as Pinoy as Tagalog so yong statement ni Atoy na wika lang ito ng elite ay mali. Besides the Indians never lost much of their identity by incorporating their version of English into the list of national lingua franca. Or for that matter the Latin Americans never lost their sense of being members of a nation (or a region) by using Spanish (the language of the colonizer).

Ako, I'd prefer talking in Bisayan and English kaysa Tagalog (which a Mindanawan like me always feel being imposed by imperial Manila to the detriment of my own language). Does that make me less of a Pinoy?
July 10 at 10:52am

Wensley Reyes Nauunawaan ko na po ang inyong pinanggagalingan. Ang dangal ng wika ay nasa taong gumagamit nito at kita ito sa asersyon ninyo ng tungkol sa inyong wika.

Pero aking lang pong maitanong, bakit pakiramdam ninyo po na ipinipilit ng Filipino (Tagalog para sa inyo) ang wikang ito sa inyo?

Ang Ingles po ba ay hindi din pinilit o kinalakhan na lang?

Kung hindi po Ingles ang ginamit na alternatibong wika sa batayang edukasyon (sa halip Filipino o tagalog para sa inyo), sa tingin ninyo po ba magkakaroon din ng pagkadisgusto ang mga hindi nagsasalita ng Tagalog?

Paumanhin po, nais ko lang pong malaman, bakit parang may poot sa mga taong nagsusulong ng Wikang Pambansa.
July 10 at 11:02am Alvin Campomanes and Zeus Salazar like this.

Jojo Abinales Ah..Wensley, as I wrote to Atoy, kung mag-survey ka ng ano ang worse subject sa elementary at high school para sa mga Bisaya na kagaya ko, at ilista mo Math, English, Filipino, numero uno ang Pilipino.

Pinilit ba ang Inglis? Yes and no, pero somehow along the way nagiging part ng psyche ng estudyante. At itoy dahil tiningnan ito as the language of social mobility. Yong Tagalog hanggang Maynila lang.

Hindi naman ako black-and-white. Sabi ko lang is to recognize that there is no one Wikang Pambansa, but maraming wikang pambansa. And in recognizing this, you will (a) correct the imbalance that favors Tagalog over the rest of the language; and (b) tanggapin na there is such a thing as Pinoy English.

Yong proposal ng mga taga UP Educ that kids start elementary using their own languages ay good first step noong unang punto. At yong hayaan ang isang bata to express herself in the best way she can -- from Davao Tagalog to Pinoy English -- should be best left to the parents. Hindi business ng iskuwela to tell kids na ito lang yong dapat mong isalita kasi ito yong wikang pambansa.

State coercion ito...yon lang
July 10 at 12:23pm

Atoy Navarro In the same breath Jojo, tanong ko rin, ano kaya ang tingin ng mga karaniwang tao sa probinsya sa isang tagalabas na iniIngles-Ingles sila? Gusto ko na lang din sipiin ang sinabi mo: "Ito yong attitude ng mga tao pag dumadaan ang mga taga-labas..."

Siyempre isinalin nga nila si Joema na recognition ng kahalagahan ng wikang Filipino. Kahit ako naman noong una akong pumasok sa UP, nag-iisip ako sa Ingles (dahil sa educational system na nag-impose ng Ingles sa akin!) pero nang nakilala ko kung sino ang gusto kong maging pangunahing audience ko, ang Pinoy na higit nakararami ay mas nakakaunawa sa wikang Filipino (proven by academic studies, national surveys, at kahit na tv ratings!), kaya nagFilipino ako. Interestingly, yang Ingles, inimpose simula pa noong panahon ng mga Kano (at mas maraming subjects sa mga schools ang sa Ingles itinuturo hanggang ngayon), pero Filipino pa rin ang mas nauunawaan ng nakakarami batay sa mga nationwide pag-aaral. Tungkol sa survey sa pinaka-hate na subject (na baka History ang lumabas dyan, na ititnuturo sa Ingles sa mga private schools), mukhang hindi mo talaga binabasa ang mga comment ko kasi hindi nga pwedeng disertasyon ko ito kasi Ph.D. Biomedical Sciences nga ang inaaral ko. Pero bottomline, wala ka pa rin namang pag-aral na maipakita na nagsasabing Ingles na nga ang wika ng nakakarami sa Pinas. Kaya rin mahirap mong ikumpara ang Pinas sa Latin Amerika kasi doon, ang nakararami, nakakaunawa at nakapagsasalita ng Espanol. Sa kaso ng Ingles sa Pinas, hindi ganun.

Hindi naman textual analysis lamang ang sinulat ni Nick. Pero mukhang ang hanap mo ay nasa sinulat na nga ng tita ni Tin na si Theresa de Villa: Teorya at Praktika sa Pagsasalin ng Philippine Society and Revolution ni Amado Guerrero. Mainam na mabasa mo yan. Nagamit ko na rin ang mga dokumento ng Mindanao Commission sa ilang pagkakataon. May ilan din akong kopya na bigay ni Dante Ambrosio. Pero ginamit ko ito noon sa konteksto ng debate sa loob ng Kaliwa at hindi ko nabusisi ang Davao Filipino rito. Hayaan mo't pag nagkatiempo'y babalikan ko.

Nabasa ko naman sina Nur at Dodong (pati ang kanyang "The Millenarian-Popist Aspects of Filipino Marxism" na katono ng posisyon mo vis-a-vis sipi mula kay Walden). Pero wala pa akong nabasang salin sa Filipino ng kanilang mga akda hindi gaya ni Joema na nabasa ko yung mga translation sa Filipino.

Hindi naman siguro palpak ang ebidensya ko. Ang problema sa iyo Jojo, nililmita mo lang ang pagtataya mo sa tinatawag mong classics na kung tutuusin limitado lang naman talaga ang audience. Nabanggit ko na rin sa itaas, may teksbuk din ang PP, labas yan siyempre sa tinaya mo. Target din ng ADHIKA at BAKAS, hindi lang mga academic researcher kundi ang batayang sektor ng mga guro sa elementarya at hayskul, private at public. Kaya nga sa palagay ko, nagproprosper naman ang PP beyond UP.
July 10 at 12:24pm Alvin Campomanes and Zeus Salazar like this.

Atoy Navarro Hindi proposal lang kundi policy na yung paggamit ng regional languages sa elementary sa public schools. And I'm all for that. Hindi ito gaanong sinusunod ng private schools kasi puro Ingles ang gamit nila. The last time I checked, official language pa naman ng Pinas ang Ingles (at Filipino) at isinusulong naman ng Komisyon ng Wikang Pambansa (na pinamunuan ni Ricky Nolasco sa panahon ni GMA) ang iba't ibang wika sa Pilipinas.

Sabi mo, refering to Ingles: "somehow along the way nagiging part ng psyche ng estudyante". Well, I can say the same thing for Filipino as proven by studies.

Sabi mo rin: "Hindi business ng iskuwela to tell kids na ito lang yong dapat mong isalita kasi ito yong wikang pambansa." Hindi ba't ito ang ginagawa nila sa "Speak English Policy" sa mga elementary at hayskul. Pinagmumulta pa nga ang mga bata na mahuhuling nagsasalita ng Filipino at iba pang wika. Hindi ba't coercion ang tawag dyan?
July 10 at 12:42pm Alvin Campomanes and Zeus Salazar like this.

Wensley Reyes Adonis, paumanhin at magsusulat ulit ako sa pader mo. Ipaprint kaya natin ang talastasang ito. Ang dami nating matutunan dito. (^^,)
July 10 at 1:45pm Alvin Campomanes and Zeus Salazar like this.

Nak Kimuell-gabriel Paumanhin, makasabat nga lang po ng kaunti. Naintindihan ko ang diskuro nyo kasi nasa Filipino.

Kung Marxista po si G. Abinales, bakit parang napaka-istatiko (at kung gayon un-Marxist) ng pagpupusisyon ninyo sa Wikang Filipino? Hindi ba kung Marxista ka,kongkretong sinusuri muna ang kongkretong kundisyon? Marami ng pag-aaral sa bisa ng Wikang Filipino bilang lingua franca (na nabanggit ni Atoy dito) pero nirerejek nyo pa rin. Kaya siguro tingin nyo kayo ay Bisaya at hindi Filipino. Nagtataka lang ako, yung iba apologetic kapag nag-iingles. Pero si G. Abinales, nagmamalaki pa laban sa Filipino.

Hindi ba kung Marxista ka, dapat ngang suportahan at impluwensyahan ang pakikipagdayalogo sa Filipino at iba pang wikain sa Pilipinas para sa pampulitikang proyektong isinusulong ninyo? At bakit parang inis na inis kayo na mabuo ang pagkaPilipino natin? Realidad yan at historikal. Bentahe ba sa bayan at sa agenda ng bayan kung ang diskurso ay sa Ingles? O bentahe sa mga printer ng libro?

Nginangata ko rin ang Marxismo pero Pinoy pa rin ako. Ibig kong sabihin, pati ang pag-unawa, pagpapahalaga at aplikasyon ko ng Marxismo ay hindi lumampas sa pagkaPilipino ko at kongkretong pangangailangan ng bayan ngayon. Alam na alam ito ng mga pulitiko kaya pag eleksyon sa Filipino sila nangangampanya para makahakot ng boto ng masa. Alam na rin ito ng TV networks kaya mas dominante na ang mga programang nasa Filipino Filipino-dominant bilingualism. At sa aktwal kong karanasan, mas matalinong magpaliwanag at makipagdebate ang mga estudyante ko sa Filipino kaysa sa Ingles.

Ganyan din ang pagngata ko sa Feminismo at Sosyalismo. Hindi tahasang panghihiram at pag-aangkin. May pagoproseso at inaangkin at ginagamit lamang bilang gabay pero mulat sa kongkretong kundisyon at partikularidad ng ating lipunan. Malakas ang usapin ng uri at pagsasakapangyarihan ng mga uri. Pero kung paano isusulong ang pakikibaka ng mga uri, kailangan ng pang-unawa sa kultura ng mga Pilipino. Palagay ko, dito nga nahihirapan ang mga Kaliwa: sa kung paano ipapalaban ang proyekto at kung hindi ano ang pinoproyekto.

Ganito ko rin naiintindihan ang quotation ni Adonis sa itaas mula kay Bello. Hindi un-Marxist si Bello sa kanyang komentaryo, pero nakikita nya lang ang pangangailangan nila kung paano isusulong ang political project nila. Charity ba ang tawag don? Populism? Kahit naman ang Kaliwa (ND block) sa pagkaalam ko ay may term para dito -- relief and rehabilitation-- at ginagawa din nila bilang panimulang hakbang sa pagtugon sa kagyat na pangangailangan ng masa pero hindi tumitigil dito kasi nga hindi mapagpalaya talaga ang mga ganitong proyekto. Hindi gumigiba ng mga mapang-aping istruktura sa lipunan, makauri man at makakasarian.

Mahaba na ang palitan nyo dito at nadurog na ang mga punto kaya di ko uulitin. May naisulat na din akong artikulo dito na may pamagat na "Ang PP at ang Iba't Ibang Agenda at Kilusang Pulitikal" na pumapaksa din sa ilang pinagtalunan ninyo dito.
July 10 at 8:06pm Atoy Navarro, Joan Tara Reyes and Alvin Campomanes like this.

Jojo Abinales OK yong opinyon mo Nak, at nakaka-admire yong commitment mo sa bayan. Pero unfortunately this are sentiments and I am really not interested in them. Neither am I interested in the personal as evidence.

Do note however that yong ending statement ni Walden is "open to any theory" and as I pointed to Atoy it could also lead to adopting conservative and reactionary views. And if you read history, not just individual experiences, nationalism and socialism, feminiism and nationalism and/or socialism have always had tensions.

And yes, I consider myself Bisayan first then Filipino. In fact, to be more precise, I regard myself Mindanawan first then Bisayan then Filipino. I find the Filipino identity the most easily disposable given how much -- historically -- it has never generated any close identification among many people in Mindanao. That is another, parallel story but it is the kind of story folks from the Marcos dictatorship, the Left, to the PP (from Left to Right) probably will never allow to give due recognition to kasi it will mean the end of the nation.
July 10 at 10:26pm

Tin De Villa wens, kaya daw hindi pa nag-po-post si adonis ng kanyang tugon ay ginagawa na nyang abstrak ang synthesis ng mga palitan dito, isa-sabmit na daw para sa dyornal. hehehe.. pero totoo, marami akong natutunan dito. gusto ko na ngang mag-history eh :-) mag-si-sit in ako sa large class ni ros. :-)

wala akong mai-ko-komentong matalino pero magsisingit lang sa usapin ng wika. para sa akin magandang development nitong mga nakaraang taon (1) pagbabalita sa Filipino sa halip na Inggles at (2) pagbubuo ng regional networks na gumagamit din regional languages sa pagbabalita at sa mga local shows. at dahil Kapamilya ako, sa ABSCBN stations ko ito napapansin. kumusta ba ang mga kapuso atoy at ado?
July 11 at 2:31am Wensley Reyes likes this.

Atoy Navarro In pernes to ABS-CBN... at in pernes to me na Kapuso ay... kinikilala naman natin (election tone) ang ambag ng Kapamilya sa larangan na yan PERO...

Mahalaga rin talagang pagmuni-munian (nabanggit na ni Nak na problema natin sa Kaliwa), tatanggapin na lang ba natin na mas magaling talagang magbasa ng (at makipag-ugnay sa) taumbayan ang mga dambuhalang kapitalistang gaya ng ABS-CBN at mga tradisyunal na pulitiko kesa sa atin sa Kaliwa (anupamang bloke ng Kaliwa)?

Kaya nga rin naman ganun na lang ang pagpupursige ko para sa wikang Filipino (anupamang varayti yan -- Bisaya Filipino/Filipino Bisaya man yan o Tagalog Filipino/Filipino Tagalog o kahit anupaman), dahil sa wikang ito higit kong nauunawaan at mas nakakapag-ugnayan ang taumbayan...
July 11 at 9:53am Zeus Salazar likes this.

Jojo Abinales And the Lopezes are taking their money to the bank.

By the way, kung iilan sa inyo interesado sa pagabante ni "progresibong analysis," baka gusto ninyong tingnan yong expansion ng economic power ni Roberto Ongpin at yong soon-to-be-post Danding Cojuangco San Miguel Beer. Curious ako kung papaano yong "any theory" school ni Walden at sa karamihan sa inyo will work on this, compared to, say Marxistang pananaw sa political economy...

More on PP later
July 11 at 12:07pm

Zeus Salazar Pagbabalik sa bayan. Yan na nga ang matagal ko nang sinasabi bilang mensahe ng PP. At ang PP ang laging pinagbubuntunan ng galit ng tradisyunal na partido. Ok ka, Adonis.
July 11 at 2:27pm

Jojo Abinales Heto yong nahanap kong maganda slogan ng PP: "[H]istory [that is] concerned with the indigenous as a principle of assimilation and growth...to find out what were the native and indigenous structures that we could adopt for renewal...How can we utilize the past in order to fortify the present and to assure the future?"

Guess who?

July 11 at 2:29pm

Zeus Salazar Mahaba na pala ang diskusyon. Kaya pababayaan ko na kayong magbalitaktakan. Gayumpaman, tila wala pang nagbabanggit na isa is Jojo sa hukbo ng mga komprador "iskolar" na nagbebenta ng datos mulang Pinas patungong Hapon at iba pang Kanluraning bansa at gayundin, papabalik sa Pinas, nagbabalik upang magbenta ng mga "teorya" sa mga kapwa Inglesero. Isang uri ng buy-and-sell iyan na matagal nang bistado ng Bayan. Kaya anuman ang maisasagot ni Jojo dito ay mababalikan lamang ng isang Marxistang kasabihan na ang iyong kalagayang panlipunan ang siyang nagtatakda sa iyong kamalayan. Ginagamit lang ni Jojo ang Mindanaw bilang lugar at ang Bisaya bilang wika upang ipagtanggol ang sariling kalagayan. Nasa isang "Huis clos" ("Walang Kawala" sa pagkasalin ng ymaong si Roger Sicat) siya. Ang kaligtasan niya ay gamit din ang Ingles sa Hapon, bagamat bilang kasangkapan lamang upang masilo ang mga katulad ni Jojo at makapagkalap ng datos at iba pang impormasyon para sa kanilang wika-at-lipunan upang mapag-ibayo ito nang lalo. Hindi naiiba sila kay Artemio Ricarte, liban sa ito ay nagsulong sa Tagalog/P/filipino at talagang makabayan at makabansa. Hindi mapagwasak ng bansa si Ricarte at wala siya noong ipinagbibiling "iskolarsyip" tungkol sa Pinas at nagbibili ng mga remedyo at bitaminang pang-ahon sa kahirapan ng Bayan upang isulong ang sarili. Tapos na ang aking sasabihin (na sinabi ko na noon pa sa aking sagot sa prepasyo ni Jojo sa isang libro mo Atoy; mahinahon lang ang sagot kong iyong kaya siguro hindi naintindihan ni Jojo, bagamat marami ang nakanamnam ng mga pasaring dito. Jojo, sana ok ka riyan sa Hapon. Sana mapatungo ka pa rin sa Hawaii, tutal tila doon ka naman nanggaling.
July 11 at 3:41pm Joan Tara Reyes and Alvin Campomanes like this.

Zeus Salazar Sino ba ang nababanggit na "Rommel" sa balitaktakan? Si Ohmel ba ito? Siya nawa, kung siya nga.
July 11 at 3:44pm

Atoy Navarro Romel Curaming :)
July 11 at 3:45pm

Jojo Abinales Nagakusa na naman ang mercenaryong tuta ni Macoy ng mali-mali. Kung binasa mo yong intro ko sa libro ko Zeus, nilagay ko doon na lahat ng datos ko na napulot sa research ko sa Mindanao nasa Ateneo archives na. Pero tamad ka kasing magbasa kaya hanggang tsismis ka na lang (actually for your information si kaibigan mong si Ambeth Ocampo ang nagbenta ng datos at koleksyon nya sa Kyoto).

Hindi ako nagbenta ng teorya sa mga kapwa Inglesero. Nakalimutan yaya nito istoryador ng diktadura yong konsepto ng free market of ideas -- emphasis on free. Yong pagbebenta na teorya, well mukhang sa iyo dapat ilapag ito dahil di ba binenta mo yong integridad at talino mo kay Macoy? At nang tinanong ka ni Rommel Curaming kung magkano ang bayad ng diktardura sa iyo, heto yong nabasa ko:

"Salazar's retort was more stinging. He said that those who were spreading the rumour, as well as those who believed in it, were perhaps thinking of themselves. 'they are too inferior...they would accept it because of the money. (For) they would not be asked otherwise..." (p. 75). How naive and ingenious naman.

OK ako dito sa Hapon Zeus, nakapagpadala kasi ako ng pera sa pamilya. Ikaw? Magkano nga talaga ang natanggap mong blood money galing sa diktadurya?
July 11 at 3:56pm

Zeus Salazar Cge. Ituloy ang pakikipagmetanarativ. Magbabasa na lang ako. Tinatatapos ko yung konklusyon sa IBTL.
July 11 at 3:57pm

Jojo Abinales Opportunismo at nagsisinungaling pa. Heto yong explanation ng istoryador ni Marcos kung bakit na-travel ban siya noong martial law

"Finally a variety of pragmatic reasons also played a part. Salazar, for example, candidly admitted that Quiason convinced him to join the project by saying, among other things, that participating might pave the way for rescinding the travel ban imposed upon him by the Martial law regime. This ban, alongside detention, Salazar claimed was a penalty for 'mocking' or 'critiicising' Marcos's book Today's Revolution: Democracy."

Sa footnote, nagqualify si Rommel: "In a separate interview (1998) Salazar offered a different story. According to this version, he was arrested not for mocking Marcos's book but as a consequence of widespread arrests by the millitary upon the implementation of Martial Law in 1972."

Hindi binanggit nitong tutang-istoryador ni Marcos na yong pagyayabang nya na bilang miyembro ng Partido Komunista ng Pransya ay puede ding dahilan kaya siya nadampot.

Yong karamihan ng mga kaibigan kong nadampot at na-torture, kakaunti lang ang lumabas at naging tanyag na tagasilbi ng diktadura. Si Zeus nasa unahan ng pila para magiging alipuris nito.
July 11 at 4:03pm

Jojo Abinales Here's more about money: "Another part-time participant, Reynaldo Ileto, who worked briefly on the [Tadhana] project attested that what he received from the Project as honorarium (around 600 pesos) for editing a 'badly written chapter' was a substantial addition to his salary of about 1,500 pesos per month as Asst. Professor at UP. He said he was very happy to have been paid well for that piece of work and he believed that 'for most of those who took part in the project, the pay was the big attraction.'" (p. 74 of Curaming's dissertation, "Clio and the Titans: Scholars and State in Indonesia and the Philippines, ANU).

This would contradict Zeus's claims na "inferior" people lang ang tatanggap ng pera (cited above). And still none of these folks would tell Rommel how much blood money they got from Marcos and just said that "the difference between the UP pay and that of Tadhana hovered 'only' at around 20-30%." (p. 74)

(Imelda said the Marcos foundation allotted P10 million to the project -- saan ang accounting nito?)
July 11 at 4:23pm

Zeus Salazar Sige, Jojo, ituloy mo ang pagbubuod ng disertasyon ni Curaming. Hindi ko pa ito nababasa kasi. Naaalala ko na ang isang nagdodoktorado sa ANU na nag-interbyu sa akin. Matagal na ito. Pinag-almusal ko pa siya sa Cafe de Chine sa Quezon Boulevard. Sa pagkabuod mo tila naman inilahad niya nang tapat ang sinabi ko. Hindi naman talaga kontradiksyon ang panghuhuli noong

1972 at ang dahilan ng aking pagkaaresto. Hindi ka kasi natuto ng metodolohiyang pangkasaysayan sa akin. Yung una ay pangkalahatan: marami ang hinuli noon; iyong pangalawa ay indibidwal. Kadalasan iba-iba ang dahilan. Sa kulungan may mga nakasama akong nakatatu, magnanakaw ng kable, nagbebenta ng droga, nagbibili ng pagkabit ng linya ng elektrisidad at telepono, nagsulat tungkol kay Dovey Beams (hindi mo siguro alam ito, gusgusin ka pa noon; siya nga pala, kailan ka ba hinuli ng alinmang diktador at kinulong; ang alam ko ay kailanman hindi, siguro dahil hindi naman importante ang mga pinagsusulat mo kaya pinababayaan ka lang ... harmless, kung baga, at wa epek ... may epek lang sa mga kailangan ang datos mo, kasama ang pagtuturo, para hindi na kailangan pang pumunta rito sa Pinas ng mga nagpapaturo sa iyo ... mahal ang magpadala ng mga espiya at marami na ang naririto ... kailangan din ang magpapatotoong mga katutubo). Wala akong sinasabi tungkol sa aking mga aktibidad sa Europa; hindi mo kaya yun. Ang kaya mo lang ay tumulong sa pagpapahiwalay ng Mindanaw sa kabuuang pambansa. Balikan mo ang mga pinagsasabi mo sa itaas at makikita mo na hindi ka nakatutulong sa pagbubuo ng bansa bagkus gusto mo itong lansagin. Kahit papaano, hindi tagalansag ng bansa si Macoy. Hindi ko kailangan idepensa siya. Hanggang ngayon, at ito ay malinaw sa akin, wala ka pang nagagawa na maipapantay sa nagawa niya.

Anong blood money ang pinagsasabi mo? Sanay ka siguro sa ganitong uri ng pakikipag-ugnay sa tao at sa trabaho. Trabaho ang ginawa namin sa Tadhana at may mahahawakan ka, hanggang ngayon, na resulta nito.

Mahina ka pa rin pala sa pang-unawa. Anong grade ba ang nakuha mo sa akin. Kung tres hindi ko na babawiin. Kung 2, kailangan mo pang patunayan na na-deserve mo yun. Kung uno, e nagkakamali rin pala ako. Mahina ka sa pang-unawa dahil hindi ko binabanggit kung anumang research ang nagawa mo [wa ako alam dito at di ko alam kung kaya mo ito]. Ispisipiko iyon. Iba ang tinutukoy ko tungkol sa iyong pagiging komprador na "iskolar". Hindi ba lengguwahe ninyo ang komparador kapitalismo? Mayroon ding mga komprador na iskolar. Ang tinutukoy ko ay ang iyong pagbebenta mo ng sarili bilang "iskolar" ng at tungkol sa Pilipinas sa isang banyagang kapangyarihan na isa rin sa mga nagsasamantala sa Pinas ... at naging kolonisador din nito. At halos lahat ng sinusulat mo tungkol sa PInas ay upang alipustain ang kalagayan dito, sa halip na matulungan ito na makaahon sa kanyang kalagayan, sa kanyang pagkalugmok. At ang tinutumbok ng lahat ay upang maihiwalay ang isang bahagi ng bansa ... hindi mo man lang mapagtibay ang loob ng bansa para makalaban ang mga puwersang nagtatangkang mapaghiwa-hiwalay ang mga Pilipino. Alam ko, hindi mo itinuturing ang sarili bilang Pilipino, kaya pulos pang-aalipusta ng kalagayan ng bansa ang ipinagbibili mo sa mga Hapon at Amerikano -- sa wika nitong huli.

Pagod na ako. Pababayaan ko na lang kayong magbangayan. Ikinagagalak ko na mabuti ang kalagayan mo riyan sa Hapon. At least, mas maigi siguro kaysa sa mga entertainers natin ... at sa mga tahasan nang comfort men and women na kahit papaano ay may kumpensasyon sa yen. Pagpalain ka nawa ni Bathala ... o, kung gusto mo, ni Laon.
July 11 at 6:24pm Joan Tara Reyes likes this.

Jojo Abinales Trabaho? Oo nga trabaho at tanggap na tanggap mo yong blood money: Heto yong sinabi mo kay Rommel: "kung bibigyan ako ng isang buong institute upang masulat ko ang aking kasaysayan, mamamatay tao man ang magbigay sa akin..wala akong pakialam sa kanya. Ang importante maisulat ko ito. After all, this is more important than one single individual. So wala akong moral issues involved dito because one of the attainments of historiography is hindi ka maghuhusga.."

Para ka noong mga intelektwal sa panahon ni Hitler? Blood money op kors ito pero wala kang pakialam dahil "istoryador" ka -- pero sa simpleng tanong magkano ang kinita mong blood money di ka makasagot.

Op kors alam ko yong punto mo tungkol sa pagiging komprador na iskolar, pero binigyan lang kita ng isang ebidensya upang ipakita sa iyo na sobrang nag-generalize (and hence mali) yong paghuhusga mo.

Yong bansag na komprador na iskolar ay puede din ibansag sa iyo.

Sige, aaminin ko na komprador na iskolar ako pero ang kaibahan natin Zeus eh nilagay ko yong pangalan ko. Ikaw pinayagan mong bayaran ka ng blood money ng diktadur, gamitin yong talas mo...at aakuhin ni Macoy yong produkto mo.

Mababa nga siguro ang gradong nakuha sa iyo Zeus. OK lang yon. Pero yong malaking lessons na natutunan ko sa iyo kung magpabenta man ako ng aking kaluluwa, at least ipaglaban ko na pangalan ko pa rin ang naitalaga sa anumang isulat. Ikaw at yong oportunismo at kaduwagan mo...yan ang magandang negative example.

At oo, gusto kong ihiwalay ang Mindanao sa Pilipinas. Wala naman itong napapala sa ayusing ito, mula sa panahon ni Quezon hanggang sa boss mo na si Macoy.
July 11 at 6:57pm

Jojo Abinales P.S. Oo nga may resultant naman yong pagbenta mo ng talino mo kay Macoy: pero bakit dalawa't kalahating volumes lang at bakit kaagad nakalimutan ng mamamayan (ni sa UP hindi itong ginawang required reading)? Mukhang nasayang lang yong P10 milion.
July 11 at 7:58pm

Zeus Salazar Mabuti naman at napaP/filipino kang bigla, bagamat tila limitado ang iyong bokabularyong intelektuwal. Sino ba ang mamamayang binabanggit mo, ikaw? Akala ko hindi ka na Pinoy. Hindi bale, kahit banyaga ka man na nakatira sa Hapon, bakit naalala mo ngayon ang Tadhana? Bakit pinag-uusapan pa rin at hindi nabaon sa iyong limot? Siguro, dahil wala kang makita kahalintulad -- kung nabasa mo na. Kung hindi man pala naging required reading sa U.P. ay dahil hindi ako diktador, tulad ng ipinangangalandakan mo. Kahit noong chairman ako ng Departamento. Ikaw siguro, gagawin mo ang iyong mga nasulat na required reading dahil sa kailangan mo laging makilala, kaya inilalagay mo pa ang iyong pangalan kahit sa mga libro mong hindi rin naman binabasa liban sa mga Nihonggo na hindi naman marunong mag-Ingles -- o kaya kasingtaas mo lang lebel ng kaalaman sa wika ng kolonisador.

Bago ko sagutin ang unang bahagi ng iyong sagot na walang sinasagot sa aking mga puna sa iyo, saan ba nakuha ng isang katulad mong komprador na iskolar (na tanggap na tanggap mo) ang moral high ground. Ano ka ba, pari, isa ring clerico-fascist? Naaalala ko tuloy yung Heswita na nangalandakan na ang Pinoy raw ay hindi maaaring tanggihan ang pagkahispaniko. Nakatungtong lang sa Unibersidad Central. Pareho lang kayong walang identidad na Pinoy kaya kahit ano ay tinatanggap upang magkaroon ng katiting na pagkatao. Saan mo nga ba nakuha ang iyong ipinangangalandakang karapatang maghusga kanino man? Sa mga nagkolonisa sa atin na pinagsisilbihan mo ngayon -- sa Hapon upang lalong maiintindihan nila kung papaano mapahiwalay ang Mindanaw sa kabuuang pambansa, sa tulong mo, kasama ang mga Kano at iba pa? Ano ang iyong papel sa buong kampanyang ito. Lahat ng naibubulalas mo bang mga islogan tungkol sa "imperyalismo" ay

nakalimutan mo lamang para sa Yen at Dolyar o hindi mo naman talaga naunawaan kaya madali mong naitatakwil para sa "oportunidad" na manirahan sa labas ng bansa upang pagsabihan kami rito kung ano ang dapat naming gawin. Kanino nga nang kampon ka? Kung sana'y katulad ka lamang ni Ricarte na tunay ang pagmamahal sa bayan at tumutulong lamang sa pagbuo ng bansa, mapapatawad pa kita. Ngunit isa ka palang handang ipagkanulo ang Pilipinas, tulad ng katutuga mo lamang.

Sa katunayan, hindi kita dapat kausapin pa. Hindi dapat kausapin ang bahagi ng kampon nina Quisling. At nagkakalikaliwa ka pa. Ikaw, anong blood money -- kataga mo ito -- ang tinatanggap mo mula sa banyaga? Sa mga Hapon lang ba? Aber.

Tila marami kang alam tungkol sa proyektong Tadhana. Sige, ibulgar mo ang alam. Baka naman tulad lamang ito sa kinakalakal mong "kaalaman" tungkol sa Pinas sa mga serbisyong pang-estado ng Hapon at iba pa, gayong taga-Mindanaw ka lang at isang hilaw na Bisaya. Mag-aral ka muna kay Vic Villan na isang tunay na hangaway ng Kabisayaan na tunay na may alam hindi lamang sa Bisayas at Mindanaw kundi sa buong kasaysayan ng Pilipinas. Buti na lamang at hindi alam ng mga inosente mong estudyante sa Hapon na talagang walang kang malalimang kaalaman tungkol sa Pilipinas liban sa lahat ng masasama at masasahol na maaaring gamitin ng iyong mga panginoong banyaga. Mag-aral ka muna ng Kasaysayan ng Pilipinas. Ang unang baitang nito ay mabasa mo man lamang kahit na sina Zaide at Alip, bago ka pumunta kina Agoncillo at iba pa. Pag nakapasa ka na, saka muna basahin ang Tadhana. [Siya nga pala, hindi ko tinutukoy sina na Rey Ileto hinggil sa mga walang alam sa kabuuang kasaysayan ng Kapilipinuhan. Ang tinutukoy ko ay sina Agoncillo at iba pang nagsusulat sa Ingles (kasama na si Arcilla) na eksperto lamang sa ilang bahagi ng ating Kasaysayan, mula noong 1521 lamang. At kumpletong mangmang bago rito, tulad mo, kaya nga gusto mong ihiwalay ang Mindanaw.

Pagkatapos ng Tadhana, mag-aral ka nang mabuti ng Tagalog para makapasok ka sa mga babasahin mula sa PP at BAKAS. Ngunit kailangan mo munang iwaksi ang "nasok sa iyong diwa" na porke natuto ka ng Ingles, papaano man ang pagbigkas mo nito, alam mo nang mag-isip -- mag-isip laluna pag wala ang iyong mga maitres a penser, mga panginoong mong puti na pinagbabatayan ng iyong "kaisipang" komprador.

Mabuti't inamin mo na, na hindi lamang komprador "iskolar" ka, sinisikap mong ihiwalay ang Mindanaw sa Kapilipinuhan. Magkano ba ang blood money na iyong tinatanggap sa iyong mga "control" sa mga bansang sumusulong nito? Sige, ituga mo na. May mahabang kasaysayan ang mga proyekto ng banyaga upang ihiwalay ang Mindanaw, Palawan at Sulu sa Pilipinas. Buong tag-init ko itong inelektyur sa EHESS noong dekada 198O. Maaari kong ulitin ito sa iyo, ngunit baka hindi mo maintindihan -- o baka gamitin mo ang anumang matutunan mo sa inyong proyekto at dumami pa ang iyong blood money.

Paalam, komprador na "iskolar" at kung uuwi ka man sa Pinas huwag ka nang dadaan sa Maynila, dumiretso ka na sa iyong pugad. At kahit papaano magsulat ka sa wikang Bisayang alam, kung alam mo, para naman mabasa ko.
July 12 at 12:30am

Atoy Navarro For someone who is not interested in the personal and in sentiments as evidence (see Jojo's reply to Nak's comments above), Jojo is certainly sharing a lot of sentiments that may appear really personal (so is Doc Salazar btw). It's not that I'm complaining, on the contrary, because of all these personal contextualizations, I'm starting to get interested with these discourses again. Feminists would often say "the personal is political" (a phrase usually attributed to feminist Carol

Hanisch). Sa isang hiwalay na pakikipagtalastasan kay Doc Salazar, nabanggit kong nagkakapersonalan minsan kasi seryoso tayo sa ating kapookan, paninindigan, at pagkilos. Hindi siguro pwedeng walang personalan. Sabi ko nga dati, mas problematiko para sa akin kung ang lahat ng mga isyung ito'y trabaho lamang.

Pero sa kabila ng pagiging interesante ng mga balitaktakang ito sa pagitan nina Doc Salazar at Jojo, baka magandang gumawa tayo ng ibang thread para rito? Adonis, would you do everyone a favor and start a new one? Hehehe Mejo lumalayo na kasi ito sa initial point of discussion na quote ni Adonis kay Walden. Op cors, I'm also to be blamed sa paglayo na ng usapan. Mula sa quote from Walden, napag-usapan na ang Marxismo, teorya at pag-unawa sa taumbayan, charity organizations, Kaliwa, AKBAYAN, PP, SP, wikang Filipino at wikang Ingles, educational system, ABS-CBN, etc. Binabalikan ko ang mga comments at napansin kong mejo pajuliet-juliet (salitang Filipinong ambag ng kabaklaang Pinoy) na ang ilang argumento. I doubt very much if I was able to convince Jojo. Even though I can understand where Jojo is coming from, I sure wasn't convinced by Jojo. Lest we're too self-absorbed, these exchanges are really for others who care about these discourses. Kanya-kanyang pagpapasya naman kung saang argumento/ebidensya mas makukumbinse. Kanya-kanyang paghahanap din ng kahulugan sa mga posisyong iniharap at sa mga konteksto ng mga ito. Gaya ng I've found meanings in PP sa kabila ng mga isyu ko sa kaugnayan at pagtingin kay Macos ni Doc Salazar kaya rin tinawag siya ni Jojo na "tutang-istoryador ni Marcos" (-- may isyu rin ako with Salazar's Erap pero pinagtalunan na namin sa ibang thread ito). Gayundin, I've also found meanings in Jojo's works on Filipino communism and on Mindanao sa kabila ng (batay na rin sa kanyang pag-amin) pagiging "komprador na iskolar" niya. Kaya naman pinapahalagahan ko ang mga libro nila pareho [http://atoynavarro.multiply.com/journal/item/13/Pinoy_History_Books].Hindi naman ibig sabihin, kinakalimutan natin ang mga isyung ito sa harap ng mga pagpapahalaga. [Hindi rin naman kinalimutan ng mga mamamayan ang mga isyu laban kina Ninoy, Cory, at Noynoy sa harap ng pagkasangkapan at pagpapahalaga sa kanila ng taumbayan.]

Marami pang pwedeng pag-usapan kaugnay ng mga pagtatalo nina Doc Salazar at Jojo. Nabanggit din si Ileto, naging mentor ko rin si Doc Rey sa isang proyekto sa NUS. May pananaw rin siya hinggil sa ugnayan ng historiography at estado. Pero baka pwedeng sa ibang thread na lang ang mga usaping ito para hindi na maaburido sa notifications ang mga nag-like ng thread na ito na hindi naman inasahang aabot ng ganitong kahaba ang talastasang ito :) At least sa bagong thread, they'll know what to expect :)
July 12 at 1:38am Alvin Campomanes and Zeus Salazar like this.

Jojo Abinales Aba, akala ko pagod ka na?

May napindot yata akong sensitibong bagay. Ngayon dahil hindi na ako Pinoy sa tingin ko hindi na ako puedeng magsalita tungkol sa mga bagay-bagay kagaya ng pagbili mo sa sarili mong talas? Zeus, wala na tayo sa panahon ng bos mong si Macoy na hindi lahat pahintulutan magsalita.

Nabasa ko na yong Tadhana (25 pesos ko lang napulot sa Avenida noong 1986, na etsa puwera kagaya ng "author" nito). Maganda yong sinulat ni "Macoy" lalong lalo yong pilit na itali yong Pinas as Austronesia. Pero biglang nawala yong gilas noong palapit na nga contemporary period. Disappointing kasi pinapakita lang yong kaduwagan ni "Macoy".

"Pagsabihan kami rito kung ano ang dapat naming gawin"? Lumabas na naman yong pagka-mala Marcos mo, Dios na Zeus. Akala mo lahat prescriptions para sa iba. Estado (at si Marcos) ang puedeng gumawa nito. Yong posisyon ko para ipasok sa "free market of ideas." Pero hindi mo alam ito dahil comportable ka sa relasyong autokratiko.

At nabasa ko na rin si Alip at Zaide bago yong mga kasamahan mo sa UP.

Moral high ground? Simple lang. Sa panahon ng diktadura na kung saan mga kagaya mo ipinagbili yong talas at kaluluwa (sa ngalan kuno ng bayan pera sa tabi tumanggap din pala ng datong), marami din sa pamantasan ang ayaw sumunod at lumaban sa boss mo. Marami nagpilit na ipasok uli ang kritikal na pagiisiip at pagatake sa boss mo habang ikaw namang duwag ay nagpapakunwari'y nasyonalista, pero sa loob pasista pala. At maraming nagturo at nag-aral na tanggap yong maliit na suweldo, habang mga oportunistang kagaya mo ay medyo nag-enjoy sa perks ng mamamatay tao na si Macoy. Ano pa?

In short Zeus, yong ipagyayabang mong mas mataas ka sa mga taong ito dahil nagsusulat ka sa Tagalog at nasa interes mo "ang bayan" (habang tangap ka naman sa tabi ng malaking datong) -- nakakasuka dahil sa katotohanan isa ka lang mersenaryo.

Pero may ilusyon kang makabayani so, I am 100% sure na hindi mo kayang bumaba sa iyong langit bilang Panginoong Zeus (na tutal naman ni Panginoong Marcos).

Nagawa ko nang basahin yong syllabus mo. Ang maganda kina Alip, Zaide, Agoncillo, etc., ay yong mga sinulat nila ay nasa pangalan nila. Yong sa iyo...eh este kay Marcos?

Sige na, Quisling kung Quisling...pero pangalan ko pa rin ginagamit ko sa mga sinusulat ko. Ikaw?

Doon mga lecture mo sa EHESS, binanggit mo din ba yong pinaggawaga ng mga militar noong 1970s hanggang ngayon sa utos ng boss mo? O hanggang banyaga ka lang? Ironic hindi ba -- na habang sinusulat mo para sa boss mong diktador yong basehan ng pagkakaisa ng Pilipinas, minamasaker ng militar yong mga Moro at ibang mamamayang taga-Mindanaw, all in the name of the nation.

So paalam na rin (sana finally) istoryador ng diktador. Daan kang Mindanaw kung may panahon ka. Kung nandoon ako ipasyal kita't ipapakita ko sa iyo yong destruction na ginawa ng boss mong si Macoy, lalong lalo na sa mga area ng mga Moro. Ipapakilala pa kita sa iilan na namatayan ng mga kamaganak dahil sa ginawa ng boss mo.

Then again, tatanggap ba sa ganitong alok ang duwag?
July 12 at 5:25am

Jojo Abinales Mag-organize ka na lang Atoy ng sympo on these topics. AT idagdag mo isang magandang isyu-- "Selling One's Soul to the Devil: Comprador Historians (ako) and Mercenary Intellectuals of the Autocracy (si Zeus)". Hindi kami mag-debate ng istoryador ng diktadura pero ang gawin namin is makipag-debate sa inyo at piliting i-justify namin yong aming mga posisyon. Maganda yan para sa mga bata.

At gawin natin ito sa Cotabato para naman makapunta si Zeus at kayo na rin sa isang bahagi Mindanao ng matagalan.
July 12 at 5:36am

Vic Romero HIGHLIGHTS

JOJO

UKOL SA MARXISMO

1. Before you charge Marxist theorizing with dogmatism, first look at where it is useful. Prove in actual empirical terms its inability to explain before making the accusation.

UKOL SA P.P.

2. Fascists and ethnocentrics try to hide class differences in the name of the nation or the race
3. History has given you some insight on what the people want. Why start from the beginning?
4. I have yet to read an empirically-driven PP work of history. The nearest of course is Tadhana and the dictator Marcos is its author.
5. Ganito ang pagtingin ko sa PP kasi naka-embed yong assumption nito na may inherently Pilipino (actually Tagalog) nito. Of such assumptions were the likes of fascists and official nationalist are born. The more I study Mindanao actually the more I realize that sa ground level formality lang yong pagiging Pinoy.
6. Nabasa ko si Nilo at Jimmy. May alam naman ako sa mala-imperyalistang linguwaheng Tagalog.
7. Kung ininterrogate nii Villan at Rodriguez yong "ugnayan (bukluran man o tunggalian) sa mga sinulat nila anong inherently Pinoy diyan?
8. You can argue na "walang iisang mukha ang Pinoy" pero sa mga PP, yong yong unang criterion ng pagka-Pinoy is the ability to talk and write in "Tagalog." Marginalized ang ibang linguwahe ng bansa, pati Inglis
9. Between a vague PP and say a Marxist or semi-Marxist (in the case of Al McCoy) analytic tool, I'd prefer the latter -- with its emphasis on class -- when it comes to understanding power in Pinas.

UKOL SA WIKA

10. Iyong Pinoy appropriation ng Inglis ay hindi lang limitado sa elite, kundi buong Pinas.
11. I consider myself Bisayan first then Filipino. In fact, to be more precise, I regard myself Mindanawan first then Bisayan then Filipino. I find the Filipino identity the most easily disposable given how much -- historically -- it has never generated any close identification among many people in Mindanao.

UKOL KAY SALAZAR

12. Hindi mababasa ang Tadhana at masasabing itabi iyong oportunismo nito.
13. And how can I read a historian who has not even apologized for such statements like this: "kung bibigyan ako ng isang buong institue upang masulat ko ang aking kasaysayan, mamamatay tao man ang magbigay sa akin...wala akong pakialam..." (Rommel's dissertation footnote 50, page 71) then later on down the chapter noong tinanong ni Rommel si Tan, Quiason at Salazar tungkol sa suhol nila ng diktador, ayaw sabihin ng mento mo kung magkano ang blood money na natanggap nya. On the contraty sabi nya na yong critics nila "are too inferior...they would accept it because of th money. (F0r_ they would not be asked otherwise..." Yan ang mercensaryo, oportunista at alipuris ng diktadura.
14. Yong mentor mo -- bininta yong propesyon nya hindi lang sa isang diktador at pumayag na yong sinulat nya maangkin ni Macoy. Cowardice ito (being a ghost historian) at opportunism (mataas ang sweldo) Pasensya ka na -- may tawag nito "no reconciliation without justice" or "confession muna bagong ma-respeto.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

ATOY

UKOL SA MARXIMO

1. Bahagi nga ng teoretikal na pag-unlad ko ang Marxismo. At AKBAYAN ako, Kaliwa ako, sosyalista ako :)
2. Sa palagay ko naman walang conflict sa sinabi ni Walden

UKOL SA P.P.
3. Ang sinasabi ko lang, bago pumuna, magbasa muna.
4. Nabasa mo na ba ang Timawa ni Gabriel o kahit na ang salin ng Manifesto ni Salazar, ang Ili ni Rodriguez-Tatel o Hangaway ni Villan? O kahit na yung mas maagang Palawan ni Ocampo o Bulakan ni Veneracion? These, and a lot more other works, are empirically-driven PP works of history.
5. Wala akong nakikitang matinding salunggatan sa pagiging PP/SP at sosyalista ko :)
6. Hindi ko talaga makita kung saan nanggagaling ang claim mong may assumption ang PP na may "inherently Pilipino (actually Tagalog)". May ugnayan at posibleng may continuities (and discontinuities para sa ilan) pero walang iisang mukha ang Pinoy. At least that's how I view PP.
7. May ugnayan" (bukluran man o tunggalian) "at posibleng may continuities (and discontinuities para sa ilan) pero walang iisang mukha ang Pinoy

UKOL SA WIKA
8. Ang tinutuntungan ko ay kung ano ang wikang ginagamit ng higit na nakakarami.
9. Hindi ito question ng pagpripribilehiyo sa Filipino (na maraming varayti, Filipino Cebuano, Filipino Tagalog, Filipino Ilocano, etc.) kundi usapin ito ng paggamit ng wikang higit na nauunawaan ng nakakarami
10. Yung pagtuturo ng Filipino sa eskuwelahan at ABS-CBN, resulta yan ng masalimuot/may kontradiksyong kasaysayan natin. Eh anong magagawa natin, nagbabago ang kasaysayan, nagbabago ang wika, alangan namang bumalik tayo sa dati?
11. Mas magaling nga ba talagang magbasa ng (at makipag-ugnay sa) taumbayan ang mga dambuhalang kapitalistang gaya ng ABS-CBN at mga tradisyunal na pulitiko kesa sa atin sa Kaliwa (anupamang bloke ng Kaliwa)?
12. Kung muhing-muhi ka sa tinatawag mong "mala-imperyalistang linguwaheng Tagalog", baka ganun din ang damdamin ng iba sa imperyalistang wikang Ingles.

UKOL SA IBÁ
13. Tungkol naman sa quote from Joel, gusto kong mabasa ito ng buo (saang article ba ito), ayaw kong itake ito out of context.
14. Ang interes ko ngayon ay sa human participant protection sa biomedical research. Kung paano proteksyonan ang mga kalahok sa pananaliksik.
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -
July 12 at 11:26am Atoy Navarro, Zeus Salazar and Jojo Abinales like this.

Jojo Abinales Salamat sa summation Vic. OK ito.
July 12 at 11:54am

Zeus Salazar Nagpaalam na ako kay Jojo dahil nakuha ko na kung saan siya nanggagaling (ilalahad ko ito sa ibaba). Ngunit siguro kailangan munang linawin ang ilang puntos. Salamat sa pagkakabuod ni Vic Romera. Ganito ang mga puntos:

Una, talagang nahuhuli ako sa mga balita. Hindi ko pa nababasa yung binabanggit na disertasyon ni Rommel. Naaalala ko na ininterbyu niya ako at pinakain ko pa siya ng agahan sa Cafe de Chine; ngunit kailanman hindi niya ako binigyan ng kopya ng kanyang disertasyon. Ito siguro ang ugaling

natutunan niya sa ANU. Hindi ito ang nakita roon nang nang naging panauhing mananaliksik ako roon. O baka kapanalig lamang siya ng pangkat ni Jojo at ibang kaugnay na ito ang ugali. Siguro, maganda kung magkomento si Rommel dito sa sinulid (thread) na ito, mula kung saan man siya napadpad matapos makamtan niya ang Ph.D. Sa katunayan, hindi ko talaga siya kilala; tinulungan ko lang siya bilang isang Pinoy at taong nangangailangan ng tulong para umunlad ang kanyang gawain tungo sa pag-angat sa buhay. Hindi ko siya pinalaki bilang tao at Pinoy.

Pangalawa, tungkol sa nasabi ko raw na kahit isang mamamatay tao ang magpopondo, tatanggapin ko upang maitatag ang isang surian na magpapahintulot sa akin na sulatin ang aking kasaysayan (diin sa "akin" dahil marami na ang gustong angkinin ito). Ang kaso ay wala pa akong nahahanap na mamamatay-tao na may interes sa kasaysyan, bukod sa pangyayari na hindi siguro maa-afford ng isang mamamatay-tao ang ganyang enterprise. Pang-estado at pang-institusyon (Simbahan, mga banyangang organisasyon nagpopondo, mga partidong pulitikal na may agenda, mayayamang Tsino o dili kaya Kastilang nagpapanggap na Pinoy [bago ko pala tanggapin ang paanyaya ni Dr. Quiason upang analisahin ang mga ambag para sa encyclopediang Filipino Heritage na gustong ipa-isponsor ng mga Australyano kay Pangulong Marcos na "binabraso" (kataga mismo ni Marcos) nila tungo rito, inaanyayahin din akong pamunuan ang Ayala Museum; ang inirekomenda ko ay isang dati kong estudyanteng mestisong Benedictine dahil angkop ito sa puwesto bagamat wala pang gaanong karanasan noon; ito ang naging lunsaran ng kanyang career na humantong sa pagiging direktor ng Museong Pambansa; lahat ng ito ay puwede ninyong i-check; mangyari pa, mas pipiliin ko hindi ang kaburgisang may kaugnayan pa sa dating kolonisador kundi ang estadong Pilipinong naririyan na o ang namumuno rito sa baytang na iyon ng ating Kasaysayan dahil Pilipino ako, nararamdaman man ng ilan na hindi sila Pinoy, bagay na problema nila at hindi akin dulot ng pagiging buo ng aking pagka-Pinoy sa isip at damdamin (anuman ang opinyon ninuman hinggil dito) at pasiya ko iyon ayon sa aking karanasan sa buhay, kapwa pisikal at intelektuwal at, mas malalim pa, ayon sa malayang pagpapasiya ng isang tao bilang tao]) ang empresa, manggaling man ang ideya nito sa isang indibidwal na kamalayan. Sa ating lipunan, ang mamamatay-tao ay isang bayaran lamang at malamang na hindi niya abot ang kakayanang "intelektuwal" ng isang Jojo, gaano man ito kalimitado at di man nito maunawaan ang tayog ng isang proyektong magpapatibay sa bansa at sa pagtingin ng Pinoy sa sarili -- i.e., mas nakaugat sa mas malalim na kasaysayan ng kanyang nakaraan, nakaraang hindi kailanman babalik pa ni maaaring layunin na ulitin o ibalik sa kasalukuyan [ibig sabihin, HINDI TULAD NG PRIMITIBONG KOMUNISMO NA MAGBABALIK AYON SA TEORYANG MARXISTA SA ANYONG MAS PINALAWAK AT PINAGANDA SA KASALUKUYAN] dahil bukas at maaliwalas (dahil hindi natin matatarok) ang hinaharap (HINDI PANGHUHULA SA KINABUKASAN ANG GAWAING PANGKASAYSAYAN: hindi ito teleological, di tulad ng "Heilslehre" ni Marx at ni Kristo, laluna sa pagkaintindi rito ni San Agustin). Pag nabigyan ng tiwala at napatibay ang loob ng kapilipinuhan, halimbawa, baka hindi tayo magkaroon ng penomenong kinapapalooban ng mga komprador na "iskolar" -- na, mangyari pa, isang maliit na bagay lamang sa mas malawak na pagtingin ng PP at ng Kasaysayan ng Kapilipinuhan.

Pangatlo, salamat kay Vic at napabalik sa aking isipan ang kapangahasan ni Jojo (at ng ilang mula sa tradisyunal na komunista) na husgahan ang aking nagawa/gawain sa alinmang yugto ng buhay. Saan nila nakuha ang karapatang ito? Kung sa Diyos, akala ko ba'y ateista sila, nagsisimba man sila at nagpapakasal o nagpapabinyag ng kanilang mga anak, sa loob man o sa labas, sa Simbahan! Kung sa unibersal na moralidad, sino ang nagbigay sa kanila ng karapatang interpretahin ito? Matagal kong pinag-isipan ito at napagtanto ko na "panggrupo" ang kaisipang inaakala ni Jojo (at ng ilang mga komunista) na nagbibigay sa kanila ng karapatang maghusga kanino man. Mapanganib ito dahil tila mas mahilig silang ilapat ang paghuhusga sa mga indibidwal hindi naman kaanu-ano nila. Halimbawa, hindi naman ako miyembro ng kanilang partido at kahit na sa partido, sa aking pagkaalala, pinadadaan ito sa isang proseso ng kritisismo at sariling-kritisismo. Siguro, nangyayari lamang ito dahil sa wala talagang nagagawa sila tungo sa pagkamit ng kapangyarihan sa estado, kaya

naman ipinararamdam ng kahit sino sa kanila ang "kapangyarihang pang-estado" na hindi nakamtan sa mga indibidwal (tingnan ang mga napabalitang "pagpupurga"). Sa kaso ko, hindi naman ako pumasailalim ni napasailalim sa kanila. Siyempre, alam kong hindi naman nasa circuit o loop na ito dahil "lutang" na siya sa kilusan. Kaya, maaari bang nakuha niya ang ideyang husgahan ako mula sa kanyang kinabibilangang kilusan ngayon -- i.e., ang kilusang mapangwasak-ng-bansa ng paghihiwalay ng mga bahagi ng bansang Pilipino na isinusulong ng bayaga kasama ang mga kasabwat na katulad nina Jojo? Sagot ko rito: wala kayong karapatan; nasa panig ako ng pagbubuo ng Bansa, isagawa man ito ni Marcos, ni Estrada, o kahit na ni P'noy. Kalaban ninyo ako at ako ang may karapatan na husgahan kayo sa ngalan ng Bansa.

Nakakabahala rin ang bahaging "ituga mo muna ang iyong kasalanan bago ka patawarin at magreconcile tayo". Una, tulad ng makikita sa ibaba, hindi ko naman kaanu-ano si Jojo; matagal nang nababalitaan kong binubunganga niya ako at ang PP; ngayon lang talagang lantaran kaming nagkabangayan dahil direkta na niyang inaatake ako; hindi importante sa aking buhay intelektuwal si Jojo at pagkatapos nitong pagbubuod ko kalilimutan ko na siya. Pangalawa, mapanganib ang lahat ng iyan dahil ugali ito na nagpapaalala sa mga "Stalinist trials" noong dekada 1930; at, mas malapit dito sa atin, sa "paghuhugas ng utak" sa mga indoctrination camps na Maoista. Gayundin, kasingpanganib din ito sa ideya ng pangungumpisal ng Kristyanismo. Ano ba ako, si Juana ng Arco na pag umamin ay patatawarin at hindi na susunugin? Ayon sa kaninong kapangyarihan. Sino ba si Jojo, may kapangyarihan ba siyang isinasandig sa kabanyagaan? Anuman ang sabihin hinggil sa mga taga PP at BAKAS, LAHAT AY MAY KALAYAANG MAGKAROON NG SARILING PASIYA, SA PANANALITA MAN AT SA LARANGAN NG PAGSAPI SA ALINMANG PROYEKTO O PARTIDO O SAMAHAN AT KAHIT NA ANOPAMAN. Magkagayunman, kailanman hindi ko papayagang saklawin ako o sinuman ng isang katulad ni Jojo o ninuman "of his ilk".

Pang-apat, hinggil sa suhestyon ni Jojo na pag-usapan kung alin sa dalawa -- ang gawain ng komprador na "iskolar" o ang gawain ng naglilingkod sa isang pinuno ng bansa na tinataguriang "diktador" -- ang mas papanigan, gawin ninyo ito nina Atoy. Hindi na dapat kasali riyan si Jojo ni ako. Isang pangkasaysayang usapin ito. Isang kaugnay na usapin nito ay ang katanungan kung mas karapat-dapat ang tuntunin ang pagbubuo ng Bansa o ang pagwawasak nito. Alam na ng mga kapanalig ang aking paninindigan dito. Ang buong malay kong buhay ay nakalaan sa gawaing pagbubuo ng Bansa, mula sa pagkabuo ng Bayan. Huli na upang matinag pa ako. Kaya wala nang katuturan na magpaliwanag pa ako; ang lahat ng mga nasulat ko, liban sa "An Insight into Philippine History nang bata pa ako, ay tungo rito.

Ngayon, narito ang aking pagbubuod na aking nakamtan sa pamamag
July 12 at 2:11pm

Zeus Salazar Pagpapatuloy ....

Ngayon, narito ang aking pagbubuod na aking nakamtan sa pamamagitan ng aking pagkakanti kay Jojo, dulot ng kanyang huling provocation sa akin. [Tulad ng naipahiwatig na sa itaas, matagal na talagang nakararating sa akin na binubunganga ako at ang PP ni Jojo sa iba't ibang okasyon. Akala ko nagmumula lamang ito sa aking pangungutya sa kanyang pagiging Inglesero at kaisipang laging batay sa banyaga. Hindi ko ito pinapansin dahil nga naging estudyante ko siya at bata pa. Prontal ngunit di harapan niya akong inataka sa kanyang prepasyo sa librong inedit nina Atoy Navarro, Alvin Campomanes at Lee Candelaria na pinamagatang "Kaalaman at Pamamaraan sa Pagtuturo ng Kasaysayan" (2008). Sinagot ko ito nang malumanay ngunit mapusok. Mababasa ito ninuman sa pamamagitan ng pagsulat ng "zeus salazar" sa google at, pag lumitaw na ito, iklik lamang ang "blogs" at paglitaw nito pumunta lamang sa ika-anim na aytem "Sayt ni A.N.B. ZAS -- TUGON NI DR. ZEUS A.

SALAZAR SA PAUNANG ...". Maaari ring dumiretso sa "Sayt ni A.N.B. ZAS" sa pamamagitan ng pagsulat nito sa google o yahoo. Maaaring nabasa ni Jojo ang sagot, ngunit tila hindi niya naintindihan ni ang pagkaseryoso nito ni ang ilang pagkakanti sa kanya, pagkakanting hayag, tahasan at buong kusang isinagawa ngayon.

Dalawang punto ang aking natamo sa pagkakanti kay Jojo, pagkakanting reaksyon lamang sa kanyang probokasyon na makikita sa sinulid na ito (tingnan sa itaas at sa paglalagom ni Vic) [salamat sa pagkabanggit ni Xiao sa balitaktakang nagaganap sa internet]. Ang una ay tinatanggap niya na siya ay isang komprador na "iskolar". Mapapasalamatan siya rito. Isang sub-kategorya ito sa kategorya ng mga Inglesero na kadalasan ay: 1) nakakabit sa Kaliwa o Nagkakali-kaliwang mga "intelektuwal" na maaaring nakatira sa banyaga at nakakabit din sa mga institusyon nito, paminsan-minsan sa estadong kumakanlong dito o kaya nakatira sa Pinas ngunit nabubuhay lamang sa larangang intelektuwal at pananaliksik-produksyong "pang-agham" sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa banyaga sa teorya at pratika (patina praxis sa pakahulugang Marxista); 2) maaaring di Kaliwete at nagkakakali-kaliwete ngunit naaakit sa teoryang laganap sa Estados Unidos na batay sa di gaanong naiintindihang produksyong intelektuwal ng Europa, partikular ng Pransya; 3) isang malaking bahagi ng Simbahan (Katoliko man o Protestante), kasama na ang mga eskuwelahan at unibersidad, at mga kakabit ng mga establisimyentong misyonero mula sa iba't ibang denominasyon [pananggalang dito ay yung mga simbahang naorganisa rito ng mga Pinoy mismo -- Iglesia, Dating Daan, etc -- kasama na ang maliliit na nagsisimula pa lamang na mga "sekta", dahil dito sumasali ang mga nagmumula sa Bayan]; at mga natawag na n.g.o. na lahat ay sabik na makipag-ugnay sa banyaga para sa pondo at teorya na kapwa, mangyari pa, ay mahigpit ang pagkakaugnay. Mangyari pa, ang mga sumamasali sa lahat ng ito ay mula sa hanay ng mga Inglesero. Ang mga "iskolar" ang nasa vanguard ng lahat ng kategoryang ito ng mga komprador sa larangang intelektuwal at ispirituwal na naiiba lamang sa tunay na komprador-kapitalista sa pagiging mas "moralista" ng mga kasapi at sa tendensyang panunuligsa sa estado, pagkaminsan o madalas. Siyempre, ang pinakamapanuligsa at mas mapanganib na kaugnay sa/ng banyagang mga puwersa ay ang mga katulad nina Jojo.

Ang pangalawang punto ay ang pagtanggap ni Jojo na nais niyang ihiwalay ang Mindanaw sa Pilipinas. Sa katunayan, isang balaking "treasonable" ito; ngunit ang talagang bahala at dapat mabahala rito ay ang estado at ang mga ahensyang nagpoprotekta rito. Tutal, hindi pa naman terorista si Jojo. Gayumpaman, alam ko naman na wala pa siyang tunay na pinaninindigang kaisipan. Tulad ng napahiwatig ko na, hangggang ngayon hindi pa naman siya naaaresto at nakukulong batay sa kanyang pag-aksyon ayon sa kanyang mga paniniwalang pangkaisipan at pulitikal.

GAYUMPAMAN, ang kumbinasyon ng dalawang natuklasang punto ay siyang maaaring magpaliwanag sa kanyang pag-atake sa PP at personal sa akin. Sa palagay ko, nagmumula ito sa pangyayaring mapagbuo-ng-bansa ang PP at BAKAS at samakatuwid ay taliwas sa ideolohiyang mapangwasak at dulot nito'y dapat sugpuin ng mga puwersang nais wasakin ang kabuuang pambansa. Kaya nabanggit ko na may kasaysayan na ang mga pagtatangkang ihiwalay ang Mindanaw, Sulu at Palawan sa Pilipinas. Malamang na dito nakahanay si Jojo at ilang kasamahan niya.

Dito na muna. O kaya, dito ko na tinatapos ang partisipasyon sa talakayan. Dahil dito nabitiwan ko ang mga gawaing mas importante kapwa kay Jojo at ang kanyang mga balakin. Maraming salamat sa lahat. Sana mapayagan ako ni Adonis na maipost ang buong sinulid hanggang dito sa aming sayt ng "Talastasang Bakas". Zas
July 12 at 3:41pm

Jojo Abinales Una malisyoso ka talaga Zeus. Eh nakuha ko yong dissertation ni Rommel kasi hiningi ko sa kanya. "Pangkat ko" si Curaming? Anong ibig mong sabihin nito? Sabagay, mga pasista lang ang nag-aassume ng ganyan. At bakit naman kaugalian ito ng ANU? May batayan ka ba sa akusasyon mo? Tama na nga yong mahapyaw na banat mo, at mag-request ka sa ANU ng kopya. O dili kaya through Sally Arlante.

Pangalawa, "wala pa akong nahahanap na mamamatay-tao na may interes sa kasaysayan". Anong tingin mo sa amin, tanga? Si Marcos maraming pinatay sa Mindanao (higit 50,000) at napawalan ng bahay (higit isang milyon). Or ibig mo sabihin na hindi mo napansin yong giyera sa Mindanao, yong mga pinatay ng military sa panahon na naninilbihan ka sa diktadura? O baka naman malaki talaga ang hanga mo sa diktador (tawag mo pa "Pangulong Marcos") kaya't ok sa iyo yong pinag-gagawa nya sa Mindanao. Ito yata yong tama kasi sa pangatlong punto mo, malaman yong salita mo: "wala kayong karapatan; nasa panig ako ng pagbubuo ng Bansa, isagawa man ito ni Marcos, ni Estrada, o kahit ni P'noy.

Sabihin mo ito sa mga Muslim na komunidad na binibisita ko ha, kapag may tapang kang sumama sa akin. Sabihin mo rin ito kay Billy Begg at sa iba pang mga dating estudyante mong nabilanggo dahil ayaw nila yong konsepto ng Bayan na pilit ipatanggap sa amin ng amo mong si Macoy. At sabihin mo yan sa mga Muslim sa North Cotabato habang binobomba ni Erap yong mga bahay nila sa all-out war nya.

Dahil lang dito Zeus, tara samahan mo ako sa mga lugar na ito. Ipakilala kita bilang bayarang istoryador ni Marcos, at sabihin ko sa kanila na ka-chika mo si Macoy at si Erap sa pagdating na pag-sagawa ng bansa...at their (and their children's) expense. Tara, ako pa ang magbayad sa tiket mo...basta ipaliwanag mo lang sa kanila kung bakit pinatay yong mga anak nila sa pangalan ng Bansa.

Pangatlo, nakakatakot yong statement mo. "wala kayong karapatan.." (although may qualification ito hane? Basta bayaran ka ng malaki mula sa Marcos Foundation, OK na)

Ibig sabihin puede kayong ibilanggo, patayin, i-masaker, etc. Pasista ka talaga Zeus. Eh ang mga salitain na ito ay mas lalong nagkumbinsi sa akin na dapat hindi sumama ang Mindanao sa Bansa mo....kasi dedbol ang aabutin namin.

Pero, pang-apat, umiba yata ang timpla mo sa huli nang isinulat mo: "MAY KALAYAANG MAGKAROON NG SARILING PASIYA, SA PANANALITA MAN AT SA LARANGAN NG PAGSAPI SA ALINMANG PROYEKTO O PARTIDO O SAMAHAN AT KAHIT NA ANOPAMAN." Kontra yata ito sa deklarasyon na yong mga ayaw sa konsepto mo ng Bayan ay "walang karapatan.."

Then again hindi pala. Kung magkanya-kanya tayo sa ating SARILING PASIYA, makakalusot ang iyong pasistang pananaw kasi ito ay isa lang naman sa maraming "PASIYA" din. Sori yong mga pananaw mo sa mundo ay dapat hindi bigyan ng free pass, kasi nakakatakot itong mga ito. Tingnan mo na yong nangyari kay Marcos.

Anong moral high ground ko?Pinuhin ko pa at may tatlo akong naisip: demokrasya, justisya at professionalism -- ito wala ka dahil mas pabor ka naman sa boss mong si Macoy (at nabayaran pa), OK sa iyo yong war-hawk position ni Erap, at op kors, hinayaan mong si Macoy ang mag-aako ng iyong isinulat.

Lastly, sang-ayon ako sa mungkahi mo na hindi na tayo magsama. OK yong topic din tungkol sa Bansa at dapat magdala yong mga alipuris mo ng mga maraming ebidensya na mula pa 1900 malaki ang naitulong ng mga Pilipino sa Mindaano.

Pero may dagdag akong isang topic pa: yong kuwestyon ng pagbebenta ng sariling talino at talas sa mga may kapangyarihan. Puedeng gawin ng mga batang "guinea pigs" ako (da komprador iskolar) at ikaw (the Marcos hack).

Sey mo?
July 12 at 3:41pm

Jojo Abinales Tuloy ang laban.

Una ang sabi ko aaminin ko na komprador na iskolar ako kung aminin mo rin (di ba binenta mo yong talino mo kay Marcos? At bakit ba hanggang ngayon ayaw mo pang sabihin magkano yong blood money na natanggap mo?).

Pangalawa, eh nakaakit-akit naman yong iilang teorya mula sa Kanluran, so anong gawin mo sa amin? Pero, pangatlo, interesting yong mga binanggit mo na "sub-kategorya" kasi marami sa mga ito yong mga lumaban sa boss mong si Marcos. Marami ay may ibang pananaw sa Bansa kasi kasama sa mga katangian na ito ang demokrasya.

Curious ako: anong mga sub-kategorya ang mabanggit mo naman tungkol sa mga intelektwal na kagaya mong isinasamba ang diktadura ("Pangulong Marcos") at ang lasenggero war freak (si Erap)? Baka naman puede ka rin mag-elaborate nito?

Pang-apat, ayan lumabas na talaga ang pagka-maka-estado (at pasismo) mo. "Treasonable" na ang pagsabi na ninanais kong ihawalay ang Mindanao. Iba yong pag-nanais (intention) sa aksyon, at yong "treason" nauukol yata sa aksyon.

At bakit naman aresto lang ang batayan ng pagkakaroon ng "pinaninindigang kaisipan"? Eh kung gusto mong i-explore yong argumentong ito, ikaw yong magandang case study ng pagkalawa ng pinanininidigan kaisipan. Anti-Marcos today, nabilanggo, pro-Marcos the next day. May tawag nyan: balimbing.

Ay naku balat sibuyas ka naman Zeus. Nothing personal dito sa mga sagot ko sa iyo. Derechahan lang: wika nga "call a spade, a spade." I am sure may mabait ka namang personality (eh hanga-anga sila Atoy atbp dito sa iyo).

At bakit naman wala kang nabanggit sa mga Muslim at iba pang mamamayan na kinatay ng amo mong si Macoy sa pangalan ng diktadura? At bakit naman hindi mo tinanggap yong alok ko na sumama sa akin sa mga Muslim areas, para mapakilala kita sa mga taong nabomba ni Macoy at Erap sa pangalan ng Bansa? Alam mo, magugustuhan ka nila....
July 12 at 3:55pm

Vic Romero Tamà na sana ang mga salakay sa pagkatao. Kung may bagong kaalaman o katibayan, ayos lang. Pero kung paulit-ulit lang namán, huwág na sana.

Waláng tunay na katumbás sa wikang Filipino ang "fair." Tinignán ko ang "fair" sa Vicassan, UP Diksyonaryo ng Wikang Filipino, Carro-Vanoverberg (Ilocano), Wolff (Cebuano), Bergaño (Capampangan). "Makatarungan, tapat, atbp." Walâ ring katumbás ang "honest." Hindî mo mariríníg

ang "I am honest." sa pulitiko; ang maririníg mo ay: "Hindî akó magnanakaw." Negatibo. Sa larangan ng pag-ibig, ang salitâ ay "tapát": tapát siyáng umibig.

Yamang walâ tayong katutubong salitâ sa "fair," kung gayón ba ay walâ tayong ganiyáng konsepto at kaugalian?

"We have little to no culture of healthy polemics in the country, as any attempt to consider fault is taken as a personal attack. Rare are those that are able to deal with it properly." --- Alex Tioseco (1981-2009), critic

Tiyák na alám ninyóng sinúsubaybayán itó ng marami. Kabilang dito ang susunód na pangkát ng istoryadór—siná Atoy, siyempre, Jobal, Wensley, Oman, Alvin, Adonis, atbp. Mataás kayâ siláng tignán, pagtindíg nilá? Mataás, kung tatayô sa balikat ng mga nauná na sa kanilá. Hindî gaanong mataás, kung sa lupà lang silá tatayô. Paano susulong, lalakí, darami ang ating kaalaman? Dagdagán ng bawat salinlahì. Paano hindî susulong? Simulâ sa simulâ bawat salinlahì.
July 12 at 11:59pm Wensley Reyes likes this.

Jojo Abinales Alam mo Vic, and I say this with all honesty, walang personalan yong aking banat kay Zeus. I just want to be as clear about my intellectual at political view sa kanya: na siya'y isang istoryador ng diktador at mersenaryo na nagbenta ng pangalan niya. Yon lang. And to show him I mean well for him inimbita ko nga na pumunta kami sa mga lugar na binomba ng military under Marcos and Erap. Mukhang tumanggi siguro dahil mahihirapan siyang I-explain ang Tadhana at PP sa kanila. Or puede ding duwag din lang siya. Heto objective at impersonal assessment ko rin.
July 13 at 7:51am

Vic Romero Nagisíng ang aking interés sa libróng Tadhanà, kayâ naghanáp sa web. Ang mahál palá. $75 ang ikalawáng volume sa Ebay. Sa Worthpoint namán ay naka-auction. Walâ sa Amazon. Apat na kilo ang bigát ng Volume Dalawá!

Nasa pangalan ngâ ni Marcos, pero hindî itó kapani-paniwalà, dahil sa dami ng kaniyáng gagawín bilang pangulo/diktadór noóng dekada pitúmpû, tiyák na walâ siyáng panahóng sumulat ng ganitó kahabang akdâ (at lalo na pang waláng oras magsaliksík). Marahil isá itó sa mga paksáng sisiyasatin ni Xiao, yamang sakop itó ng kaniyáng yugtô ng interes.

Tadhana : the history of the Filipino people / Ferdinand E. Marcos, 1917-1989

Volume 1, part 1. Foundations of Filipino culture

Volume 2. The formation of the national community (1565-1896).
Part 1. Encounter (1565-1662).
Part 2. Reaction (1663-1765).
Part 3. Transition (1765-1815).

- - -
Mabibili sa WORTHPOINT.COM (auction house)

TADHANA The History of the Filipino People COMPLETE Vol 2 Set
Description : Complete Set of Tadhana Volume 2 books by Ferdinand Marcos, published in 1979.

This Set Includes the following: Volume 2:
Formation of the National Community (1565-1896)
Volume 2 Part 1: Encounter (1565-1663)
Volume 2 Part 2: Reaction (1663-1765) 4.
Volume 2 Part 3: Transition (1765-1815)

Contains lots of colorful illustrations and plates.
Weight: 4 Kilos

- - -
Mabibili sa EBAY.PH: $75
July 13 at 11:05pm Zeus Salazar likes this.

Adonis Elumbre [Kahapon ko pa po ito dapat ipo-post, kaso nasira yung connection namin. Dahil siguro sa bagyo. Random thoughts lang ito at walang anumang malinaw na organisasyon. Sana makatulong, at makasabay.]

[PartI]

Nung unang maglitawan ang mga komento, aaminin ko pong ayaw ko talagang magbigay muna ng aking personal stake kasi naaliw ako sa itinakbo ng talastasan. Baka makasira pa ako sa momentum kung sakaling biigyan ko na agad ng paglalagom. Baka sumara ang anumang fruitful engagement. Now here comes the irony – I want to butt in but I don't know how, I don't know where to start. So instead of just summarizing the points, I am providing my reflections to the statements raised.

At the onset, gustong kong sabihin na hindi talaga maihihiwalay ang persona ng awtor sa kanyang sulatin, o kaisipang pinasimulan. Reflexivity yata ang tawag dito. Ang de-politisasyon ng teksto, ay kadalassan mapanganib, gawa ng maaring tanggapin na lang ang anumang kaisipan nang walang pasubali sa pinanggalingan nito. Sa kabilang panig, may punto rin ang post-istrukturalistang si Roland Barthes at ang mga kapanalig sa dekonstruksyon sa pagdedeklarang the author is dead. Ang anumang teksto ay maari na ring angkinin, hulmahin, bigyang-pagpapahalaga, lagpas sa naunang pagtatakda ng sinasabing "may-ari" ng kaisipan. Kumbaga, pag-aari na siya ng lipunan, para maging kapaki-pakinabang sa anumang makabuluhang adhikain.

Sinasabi ko ito hindi upang maging neutral sa diskursong ito (na pumalo na sa 85 na komento! Hehe). Ni hindi ito pagbibigay-katwiran sa alinmang posisyon, lalo na ng mga pangunahing nagtunggalian ng pananaw dito. Gusto ko lang po siyang bigyan ng sense, sa aking limitadong pagkaunawa, kung bakit ganito ang itinakbo ng sumangang mga talastasan mula dun sa napasimulan kong quote mula kay Sir Walden.

Dito ko na rin ilalatag ang aking siste. Habang nakikita ko na may ilang "misteryo" kaugnay ng proyektong Tadhana na marapat pang tistisin, I don't think that an outright dismissal of PP is called for. Gaya ng nabanggit ko po, may halaga ang anumang kaisipan, na maaaring lagpas pa dun sa "pasimuno" nito. Katunayan, lumalago na ang PP at lumilikha pa nga ito ng mga bagong teritoryo ng pananaliksik at pag-aaral, minsan ay ka-debate pa si Sir ZAS. I should know because I once tried to engage him about left polemics and even the Erap issue. Pero hindi pa po ako Atoy Navarro o Nak Gabriel level. Hehe. Seriously, ang gusto ko lang ipahatid ay walang monolitikong kaisipan sa PP, maliban marahil sa pinaka-batayang pagkakasundo na ang talastasan ay isagawa sa Filipino.

In the same breath, that is how I appreciate Marxism. The quote is derived from the excellent study of S. Lily Mendoza (Between the Homeland and Diaspora: The Politics of Theorizing Filipino and Filipino American Identities – basahin po niyo ito Sir Jojo, pinuri ito ni Dr. Ileto sa blurb, maging ni Dr. Bomen Guillermo [na kapa-publish lang ng UP Press sa kanyang Kritika ng Pantayong Pananaw]). She mentions there the need to "translate" ideologies for a particular locality. By "translation" Mendoza is not just after the (usually –token) translation of texts into Filipino or other local languages but the appropriation of the obviously alien ideology into the Filipino system of thought. At tingin ko nga, wala na rin dapat pang pagtalunan sa basic premise na ito. Maging ang mga kilalang pandaigdigang Marxista ay nilapat rin naman sa kani-kanilang konteksto ang pinasimunuang kaisipan at kilusan ni Marx. Si Lenin halimbawa, lumayo sa isang aspeto ng makauring pagsusuri ni Marx. Para sa kanya, hindi magkakatulad ang karanasan ng mga manggagawa sa daigdig gaya ng nauna ng pinalagay ni Marx sa kanyang Das Kapital. He reconfigured the class analysis by introducing the mechanisms of imperialism. Even Mao had to revise his understanding of Marx by paying more attention to the peasants than the proletariats. Andami pa nating pwedeng balikan sa kasaysayan po siguro pero yung punto, wala namang outright na pagtanggap sa anumang kaisipang nagbubuhat sa labas na, malinaw namang nabuo buhat sa kannilang sariling konteskto. Kahit naman po sa antropolohiya o kahit anupang agham-taong umuunawa sa kultura at mga sistema, realidad na ito.

Maging si Dr. Francisco Nemenzo, kilalang Marxista, ganito rin ang turing. Dun sa Marxism in the Philippines ng Third World Studies Center, sabi pa po niya, "Marxism is a method of analysis which you have to keep on testing in practice and enriching through your experience." Sa akin, dialectical din siya, talaban ng naririyan-ng-kultura at ng isang mabisang instrumento ng pagsusuring panlipunan (SI yata ang tawag dito) sa balangkas ng produksyon at tunggalian ng uri, ang Marxismo.
July 14 at 1:57pm Zeus Salazar likes this.

Adonis Elumbre [Part II]

Dito naman nagbubuhat ang aking appreciation sa sinabi ni Sir Walden. Ang "presentation" ko ay tungkol sa Critical Political Economy. Isa po itong paglalatag ng mga batayang prinsipyo ng makauring paninindigan. [Sir, hindi ko pala nakwento na lumipat na po akong UP Baguio, nagututro ako ng isang subject dun on historical economics]. Hindi ko itinuturing na pagtalikod yung puntong iyon ni Sir Walden. Hindi ko rin naman itinuturing na aktitud yun na para lang sa mga chartable institution. Lalong hindi rin ako kumbinsido na may mali sa mga charitable institution, gaya ng nabanggit na ni Kuya Vic. Sa ganang akin, simpleng paghahayag lang ito ng pangangailangan ng Marxismo na tumawid sa kamalayan ng masa (o bayan sa wika ng mga PP). Napag-usapan na rin natin ng bahagya ang kakapusan ng pagbasang ND sa mga objective condition ng lipunan – sabi nyo nga 40ng taon mahigit na ang PSR. Implisito rito ang pagsasabing kelangang maiangkop sa nagbabagong panahon ang panlipunang pagsisiyasat para ito maging dinamiko at kapaki-pakinabang sa ating mga naghahangad ng pagbabago. (At bawal maging tamad sir, tama kayo, habang maraming naghihirap at naaapi, kaya naman, kung may magpasimuno nito, sa akademya man o sa aming Partidong Akbayan, tiyak akong sasali rito).

Sinabi ko sa post ko na "my presentation ends with these brilliant lines..." Ironically, I was not able to include the quote in my presentation. Providential na rin siguro ito dahil sa mga katalusan na binigay niyong lahat dito sa akin =) Nakatakda kong talakayin sa susunod na miting ang kulturalismo (sa wika ni Lily Mendoza ulit) maging ang unang bahagi ng anotasyon ng Manifesto ng Partido Komunista ni Sir ZAS sa layuning mabigyang-puwang ang pangkalinangang pagsusuri sa tekstong Marxista (na siya namang pinagtuuunan ko ng pansin nung isang linggo). Kaya hindi ito pagtataboy ng makauring pagsusuri sir. Isa itong paglalapat sa pook, sa wikang PP. O isang kontekstwalisasyon. Bahagi ng isang kontinuum, if I am to make sense of my own syllabus. O parang Mobius strip sa mathematical

science. Gaya niyo, o ni Sir Atoy, o ni Ma'am Nak at Ate Tin, malinaw sa akin ang prinsipyong progresibo, o Kaliwa sa wika niyo.

But I like the nuancing sir Jojo. I really do. I think that makes the praxiology more meaningful and dynamic and grounded on reality. This is not just a discursive act but a resolve to sharpen our academic and activist tools. Isang kamangha-manghang palitan ang naganap sa pagitan niyo ni Sir Atoy. Nailang na lang ako nung medyo pumalot na lang ito sa personal na bangayan (ulit, hindi dahil personal ito kundi masyadong nabigyang-puwang ang malalim na hidwaang labas na sa orihinal na pinag-uusapan). Again, don't get me wrong. Pantayo o hindi, talastasan naman ang hangad natin dito.

At kaugnay nito sang-ayon rin po ako sa sinabi ni Sir Rommel na may hangganan ang alinmang meta-narrative. Pero tama kayo, hindi rin naman ito excuse para maging tamad sa lalo pang pagteteorisa. Ang mahaaga sa ganitong proposisyon ay yung hindi lubusang pagyakap sa alinmang teorya ("animo'y be-all at end-all ng ating pag-iisip at pagkilos" – isang hindi ko malilimutang linya mula kay Sir Bobby [Garcia]). Ang popular education na pinasimulan ni Sir Rommel sa UPLB ay isang kahanga-hangang inisyatiba kaugnay nito. Isa rin ito sa mga nasalihan ko nung ako po'y nasa UPLB pa sir. At kung babalikan natin ang history ng left movement sa Pilipinas, lalo ng ng CPP, hindi ba't educational arm nila ang pop-ed (bago ito humiwalay at kumiling sa pop-dem at iba pang pluralistang samahan)? Yung point ko sir, the very idea of pop-ed is actually born out of leftist politics. Nakilala ang karupukan ng dating disenyo ng "pagtataas ng antas ng kamalayan" (sa wika nila) – sa madaling sabi, binago – hanggang sa magkaroon siya ng sariling buhay at enerhiya (kaya may ganoong programa sa UPLB, kaya may PEPE/Popular Education for Peoples Empowerment, kaya may ELF/Education for Life Foundation). Ulit, may pagbabago. Sa lahat ng ito, hindi naman istatiko ang Marxismo sir, di ba?

Maging ang inisytiba natin nina sir Atoy sa local histories ay nakakaugnay nito. Actually sir, gustong-gusto ko yung sinabi niyo dun sa foreword ng libro natin sa LIKAS: Nakakaakit ang metodolohiyang ito (i.e. postmodernismo) dahil hindi ito sumasangayon sa mmga perspektibang totalizing at binibigyang-laya nito ang iskolar na magsulat ng kung anu-ano basta't hindi lamang naglilingkod sa may kapangyarihan." Dagdag niyo pa: "Ang problema lamang dito, pag minsan, madaling madala ang isang iskolar sa lengguwahe ng postmodernismo at sa pagtingin na ang teksto ay kadalasa'y kasinungalingan at walang ipinapahiwatig na katotohanan.... Hindi ko sinasabing dapat iwasan ... ang perspektibang ito. Sa halip, kailangang pag-aralan ito kasabay ng iba't ibang perspektiba sa kasaysayang Pilipino." Lubos po akong sumasang-ayon.

Nakakatuwa rin lang isipin na marami sa ating kalahok dito sa talastasang ito ay nahatulan na ng dominanetng kaliwa bilang mga "reaksyunaryo." Ansarap ipabasa nito sa kanila na kahit sa loob ng mga anti-/post-ND scholars and activist, may mga hindi pagkakasundo-sundo. Ang importante naman sa huli ay may puwang sa ganitong talastasan, hindi yung sentralismong nakakubli sa demokrasya (demcen) na walang pagpapahalaga sa mga nagkakaibang pananaw. So I think there is still a reason to celebrate this great display of intellect =)
July 14 at 2:00pm Zeus Salazar likes this.

Jojo Abinales Salamat Adonis. Mas lalong na-perk yong interes ko. OK, kung ayon ni Mendoa dapat i-translate yong "ideologices for a particular locality," papaano mo yan ma-apply sa mga Moro at ibang Mindanawans na -- sa tingin nila -- yong kasaysayan ng isla nila bilang isang locality ay kaiba sa sinusulat ng mga istoryador sa imperial capital?

Rerespetuhin nyo bang mga PP adherents yong "local sentiment" sa Mindaanao to separate from the Philippines?

July 14 at 2:01pm

Adonis Elumbre [Part III]

Sa ganito ko rin naman binabasa ang naging pagtatasa ni Sir Joel (Rocamora) sa naging direksyon ng Partidong Akbayan nung 2007. Isa itong pagtatangka na magkaroon ng pagmumuni-muni sa loob. Nasapul na po ni Sir Atoy yung punto ko sir. Ang karagdagan ko na lamang, kung karagdagan pa nga itong maituturing, ay ang pangangailangang kilalanin ang sariling mga kakulangan at mula rito ay kumilos ng naayon sa realidad ng lipunan at prinsipyo ng partido. Hindi ko maalalang nagbagong-bihis na ang Akbayan sir, sa tonong binabanggit niyo. Sa katunayan, patuloy na tinatrabaho ang narrative nito (Participatory Democracy, Participatory Socialism). Sang-ayon din ako kay Sir Atoy sa iba pang progresibong impulso ng Akbayan na maaring kaugnay o kaiba sa paninindigang makauri. Maihahanay rito ang paglalagay ng mga batayang halagahin gaya ng feminismo, environmentalism, ethnicity etc sa party papers at sa mga gawain ng Akbayan sa loob at labas ng parlamento. Pero one thing I can assure you sir is that we have never abandoned the "political economy" analysis (or to be more correct, critical political economy as Bonn Juego would put it – si David Ricardo ang unang naglatag ng prinsipyo ng political economy, si Marx ang bumanat sa ganitong uri ng analysis, thus the Contribution to the Critique of Political Economy). Mahirap itong itanggi, lalupa't ang Kongresista namin ngayong si Sir Walden ay isa sa mga talagang pumupukpok ng ganitong istruktural na pagsusuri. Wala po kayong dapat ikabahala Sir Jojo.

Which brings me back to another point. Some time ago, when I wrote my undergraduate thesis, which is about Popular Democracy btw, you seem to speak highly of this post-ND (your word sir is "anti-communist") initiatives. I don't have my manus with me so I can't check the source, but I got your paper online sir. I think it was published by Kyoto University. Kaya nung nakausap ko na sina Sir Bobby at Sir Norman (Patiño), lalo kong na-appreciate ang diskursong popdem sa pagnanais nito na gamitin (not in the ND sense of instrumentalism) ang kamalayan ng bayan (o ng masa) sa proyekto ng pagbabagong panlipunan. Sa isang sanaysay ni Sir Ed (de la Torre), nalinaw na kaliwa ang Popdem – malinaw na kaliwa ang posisyon nito sa political spectrum. Hindi naman sumagi sa isip ko ang dimensyon ng pagiging "charitable" nito. Baka nga dapat ito ang normative sa mga aktibista e, yung gumalaw batay sa realidad ng tao, yung may pananampalataya, hindi sa talas ng doktrina kundi sa pagpapasya ng tao (baka nais niyo rin pong basahin sir yung "Ang PP sa Harap ng mga Agendang Pulitikal" ni Ma'am Nak). Kaya nga po sabi ko, hindi ko makita ang punto ng pagtatalo. Kung nuancing ito, saan siya nakatunton? Definitely, hindi sa pejorative label ng pagiging "charitable" (and as Kuya Vic pointed it out, what's wrong with that?)

Kaya para sa akin, hindi ko nakitang off-tangent ang binigkas ni Sir Walden. Pagpapalallim pa nga siguro siya ng pampulitika nating gawain.

Hindi ko na rin po nais sawsawan pa ang tila personal na hidwaan niyo rito ni ZAS. Bukod sa nakakatakot (hehe), tila labas naman (pero hindi naman labas na labas) po ang aking binanggit sa taas sa inyong mga isyu sa isa't isa. Hindi ko alam ano exactly ang pinapanukala ni Sir Atoy na hiwalay na thread. Ayos lang po akong maging tagapagdaloy kung anuman (at sana ay maging mapayapa ito nang kaunti, at mas may bisa ang pagtatagpo – pareho ko po kayong binigyang-halaga ni Doc). Kung meron mang malinaw, hindi pa talaga resolbado ang mga usaping kaugnay ng Tadhana. Nais ko sanang balikan ang libro. Gaya nyo, nabili ko rin lang na sale ag aking kopya. Hehe. Kaso ayun, nung bumagyo si Ondoy, kasamang tinangay siya ng baha =( Naalala ko yung nabanggit ni Bomen Guillermo minsan, na tila mas Marxista pa ang akdang ito ni ZAS (o ng diktador na si Macoy, sabi nyo nga) kaysa sa ibang mga naisulat ng inyong katunggaling intelektwal dito. Binanggit ko lang

yan sir, yan lang ang aking naalala sa usaping yan (liban sa dating pagbubuklat ko ng Tadhana, at hayskul pa ako nun).

Sa huli, nais ko pong magpasalamat sa lahat ng nagpaunlak sa maikling (mahaba? Hehe) diskusyunan na ito. Hindi ko ito ide-delete, gaya ng isang nagpanukala. Tama si Sir Wens at Ate Tin, kung maari lang sana itong ma-publish para makalahok ang mmas marami sa talastasan. Sabi ko sa isa ko pang post, pinaalala nito sa akin ang mga debateng Ileto-Guerrero at Bello-Reyes. Kung meron mang makikinabang sa mga ganitong balitaktakan, sabi nga ni Reynaldo Ileto (sa kanyang Critical Issues na sagot kay Ma'am G) -- yun ang historiograpiya at ang lipunan mismo.
July 14 at 2:04pm Zeus Salazar likes this.

Jojo Abinales Maganda yong response mo Adonis. Siguro nga one of these days ilathala ito. In the meantime, research muna...
July 14 at 2:07pm

Adonis Elumbre Sir Jojo! Ambilis niyo sir, hehe. Pag balik niyong Pinas, kwentuhan ulit tayo, pwedeng sa IRRI (gaya ng dati) o sa Baguio na lang po =)

Yung mabilis kong sagot siguro diyan sir, kung sila ang magpapasya mismo, bakit kelangang tutulan? Kung ang pananalig ng PP ay sa bayan, bakit ide-deny sa Bangsa Moro/Bayan ng Kamindanawan ang kanilang pagnanais?
July 14 at 2:09pm

Jojo Abinales Punta akong Tawi-Tawi next week Adonis, magtatanong kung kinakanta ba yong "Bayang Magiliw" doon at kung bakit popular ang mga Kano kaysa gobyernong Pinoy.

So ok pala na maghiwalay yong Mindanao sa bansa...treason ito sabi ni Herr Salazar. Magingat....
July 14 at 2:11pm

Atoy Navarro Mahusay ang mga punto sa pagmumuni-muni mo Adonis :) Siyempre sang-ayon ako sa mga puntong ipinahayag ng aking feyborit istyudent ng kasaysayan :)

Mukhang balewala na ang naging mungkahi kong hiwalay na thread dahil ipinagpatuloy na rin naman dito ang usapan -- at mukha rin namang wala nang maidaragdag pa sa debateng "komprador na iskolar" vs. "tutang-istoryador ng diktadura". Gaya ng binanggit ko at napansin na rin ni Vic, mukhang pajuliet-juliet na rin naman ang mga argumento...

Hinggil sa bangsa Moro, simula't sapul naman ay para ako sa makatwirang sariling pagtatakda (self-determination) na nagsasaalang-alang sa masalimuot na kasaysayan at kalagayan ng Kamindanawan na tagpuan na ngayon ng mga Moro, Kristiyano, Lumad, atbp. (kung saan marhinalisado pa rin ang mga karaniwang Lumad at Moro sa maraming pagkakataon). Hindi ko gustong ipilit ang pagkabansang may iisang mukha sa Kamindanawan o kanino't saanman. Ngunit hindi naman ang mga historyador mula sa Luzon ni mula sa Hapon o Estados Unidos ang magpapasya kung patuloy na magiging bahagi ng Pinas ang Mindanao, kundi, pangunahin na, ang mismong mga taga-Mindanao ang nararapat na magpasya rito. Pero habang bahagi pa rin ng Pinas ang bangsa Moro (at kahit hindi na), nakikita kong tungkulin bilang mananalaysay na itampok at pahalagahan ang kasaysayang Moro sa loob ng masalimuot na kasaysayan (ng mga bukluran at mga salungatan at tunggalian) ng

sambayanang Pinoy gaya ng pagtatampok ko sa iba pang isinagilid, sinasamantala, at walang kapangyarihan (marginalized, oppressed, and powerless) na sektor panlipunan (batay sa uri, lipi, relihiyon, kasarian, gulang, atbp.). Ito naman ang tema ng kasaysayang Pinoy para sa akin lalo na noong nagtuturo pa ako -- salaysay ng mga bukluran (na mas binibigyang-diin ni Doc Salazar at ng PP) ngunit salaysay rin ng mga salungatan at tunggalian (na mas hinuhugot ko sa pagiging sosyalista ko). [Just a quick note: Comparing PP general Pinoy histories (Salazar & Veneracion) sa mga nauna rito (Zaide, Agoncillo, Constantino, Sison/Guerrero, atbp.), maaaring may mga kulang pa pero di hamak namang mas may pagpapahalaga ang PP sa kasaysayan ng Mindanao]. Sa proseso, hinahamon ng ganitong pagtatampok sa mga isinagilid, sinasamantala, at walang kapangyarihan ang pamahalaan at sambayanang Pinoy na makatwirang tugunan ang mga salungatan at tunggalian tungo sa pagpapalawig ng mga bukluran. Nakasalalay naman ang kinabukasan ng Mindanao batay sa pagtataya kung lumalawig ba ang mga bukluran o lalo lang tumitindi ang mga salungatan at tunggalian.
July 14 at 8:37pm Zeus Salazar likes this.

Jojo Abinales Question: paki-refer naman sa aking ang pinaka-tampok na sinulat ng mga PP-istas ukol sa Mindanao?

Or ilagay natin sa ibang paraan: bakit asuumption mo kaagad na ang "kasaysayang Moro" at nasa "loob ng masalimuot na kasaysayan...ng sambayanang Pinoy"? Anong batayan mo dito?
July 14 at 8:43pm

Jojo Abinales At bakit "kulang" ang pagtingin nyo sa kasaysayan ng Mindanao? Ano kung hindi "kulang" ito kungdi magkaiba?
July 14 at 8:51pm

Atoy Navarro Siyempre ang batayan ko rito ay ang mahabang kasaysayan ng ugnayan (bukluran at tunggalian) ng bangsa Moro sa sambayanang Pinoy (na humantong sa historikal na realidad na bahagi ng Pinas ngayon ang Mindanao). I doubt very much if you can deny that such relations existed in our shared (not common/similar) histories. Syempre sa larangan ng pagtuturo ko sa UP noon, kasaysayan ng Pinas ang itinuturo ko sa mga estudyanteng galing sa Luzon, Visayas, at Mindanao. Wala pa namang hiwalay na kasaysayan ng Mindanao sa kurikulum na pinagturo sa akin noon (ewan ko ngayon). Would you rather na hindi na ituro ang tungkol sa bangsa Moro at Mindanao sa kasaysayan ng Pinas? Hindi naman yata makatwiran yun. May pagkukulang talaga sa kasaysayang Pinoy kasi bahagi ng mga pagkukulang na yan ang mga tala ng pagkakaiba [hal. pagkakaiba (sa harap ng maaaring pagkakaugnay) ng karanasan ng iba't ibang bayan sa mga Espanol, atbp.].
July 14 at 9:04pm Zeus Salazar likes this.

Jojo Abinales Ahh...on this Atoy nambobola ka na lang. Tunggalian hindi bukluran yong dominanteng relasyon ng mga taga-Mindanao at "sambayanang Pilipno." Ang bukluran malakas with the Muslim and non-Muslim elites (mula sa mga Rasul hanggang sa mga Ampatuan).

Kung tunggalian yong namayani paano mo ngayon masabai na ang "kasaysayang Moro" ay nasa "loob na masalimuot na kasayayan ng sambayanang Pilipino"?

Would I "rather na ituro ang tungkol sa bangsa Moro..sa kasaysayan ng Pinas" Yes, pero two things: anog aspeto ng bangsa Moro ang ituturo mo? And second handa ba kayong mga PP to say na batay sa kasaysayan, may basis ang mga Muslims to secede from the Philippines?

No, ang problema ng PP is that as per Herr Zeus incorporative ang kasaysayan ng Pinas. Pero if tingnan mo from Camp Abu Bakr, ang sentimento ng mga Muslims, at pati na rin sa dumadaming mga batang Mindanaw, ay repressive ang pananaw na ito kasi ito yong intellectual version ng forced incorporation and continued exploitation of the island by the parasitical north.

Balikan mo si Peter Gowing o dili kaya basahin mo si Tom McKenna. Opps...Kano pala ang mga ito so baka suspect. Pero kung meron sa inyong marunong mag-Maranao (si late Peter G is fluent in it) o Maguindanao (si Tom), papakinggan ko kayo. Pero hanggang dadating ang panahon na iyan -- at sa tingin ko hindi mangyayari ito kasi yong mga departamento ng kasaysayan sa Manila wala masyadong interes na mag-develop ng batang scholars who specialise in Mindanao -- itong mga Inglessero's kanluraning scholars ang bigyan ko ng puwang.

So here's the challenge sa inyong mga bata: isulat nyo yong PP version ng Mindanao (hindi lang Muslims ha). Si Floyd puedeng mauna....

Otherwise, kung wala, eh hanggang motherhood-and-apple-pie-socialist-nationalist statements lang tayo.

:)
July 14 at 9:44pm

Atoy Navarro Hindi ako nambobola Jojo (sino ngayon ang malisyoso?). Kung marunong kang mabusising magbasa, makikita mong wala akong sinabing dominanteng relasyon ang bukluran kesa sa tunggalian o vice versa. Pakibasa nga ulit ang mga komentaryo ko at pakipoint-out sa akin kung saan ko tinukoy na bukluran ang dominanteng relasyon? Kahit nga ikaw, inamin mong may bukluran: "Ang bukluran malakas with the Muslim and non-Muslim elites (mula sa mga Rasul hanggang sa mga Ampatuan)". Ang sinasabi ko lang naman ay may "ugnayan (bukluran at tunggalian)" kaya please lang don't misrepresent and over-read yung mga komentaryo ko to suit your arguments. Again, you point-out nga kung saan ko sinabing dominante ang bukluran, aber. At kaya nga "masalimuot" na kasaysayan kasi may bukluran at tunggalian -- in instances na dominante ang tunggalian gaya ng sinasabi mo, that makes it more "masalimuot".

At talagang ganyan ang itinuturo ko sa mga klase ko sa loob ng isang dekadang pagtuturo ko sa Pinas -- na batay sa mahabang kasaysayan ng pagsasagilid, pagsasamantala, at pagsasawalang kapangyarihan sa bangsa Moro, may katwiran ang kanilang patuloy na pakikibaka -- gaya ng may katwiran ang patuloy na paggigiit ng kababaihan at iba pang isinagilid, sinasamantala, at walang kapangyarihan sa lipunang Pinoy.

At tama ka namang patuloy na hamon talaga sa mga batang mananalaysay ang pagsusulat ng mga kasaysayan ng bangsa Moro, Mindanao, at iba pang isinagilid, sinasamantala, at walang kapangyarihan. At alam nina JP, Floyd, Ayshia, atbp. kung gaano ko hinihikayat ang mga batang Likasyan na magsulat tungkol sa Mindanao. Sa ilang pagkakataon nga, sinabihan ko ang mga kapatnugot (Adonis, Janet, at hindi ko na matandaan kung kasama na noon si Rinna) sa binubuong libro ng LIKAS hinggil sa kasaysayang pampook, na kung hindi rin lang naman marerepresent ang Mindanao ay huwag na lang ituloy ang libro. Ito rin ang dahilan kung bakit iminungkahi kong hiniling naming makasama sa libro ang artikulo na hango sa iyong librong "Making Mindanao". Sina Myfel at

Neil (na hindi mga Likasyan) ay may mga hiwalay ring inisyatibo para sa pagsusulat ng kasaysayan ng Mindanao. Pasensya na't mismong ako'y hindi nakapag-uukol ng pansin sa pagsusulat ng kasaysayan ng Mindanao -- bukod sa palagay ko may mga taga-Mindanao na mas kwalipikado kaysa sa akin na magsulat, nitong mga nakaraang panahon mas nabibigyan ko rin ng pansin ang mga usaping pangkasarian at pangkabataan sa kasaysayan -- hindi naman siguro ito masama. Ngayon kung sa palagay mo ay "hanggang motherhood-and-apple-pie-socialist-nationalist statements lang tayo", ay wala na talaga akong magagawa dyan sa pagtingin mong yan Jojo.
July 14 at 10:52pm

Jojo Abinales Naku Atoy ha...huwag kang balat sibuyas kagaya ng pasistang si Zeus. Oo may ugnayan pero ang punto ko is anong klase? Hindi naman masalimuot kasi klaro na pagdodomina yong tingin ng norte sa Mindanao.

Ang punto ko is this: kung PP ka, matatanggap mo ba na valid yong punto nina Misuari na dapat ihiwalay ang Mindanao? At kung hindi naman, valid ba yong argumento ng mga taga-Davao (sila Mac Tiu, Carol Arguillas) at mga taga-Zamboanga, na mas malapit ang kasaysayan ng Mindanao sa Borneo, etc., kaysa Maynila? At handa ba kayong ituro na yong integrasyon ng Mindanao, lalong lalo na sa mga mamamayang Muslim, ay pilit?

I do not deny the relationship: I deny two fundamental premises of that masalimuot na relationship that you call it-- that it is integrative (kasama sa daloy ng makabayang kasaysayan) at fraternal. I argue that save for the relationhip with local elites and Manila, yong presence ng military at yong neo-colonial economic ties between Mindanao and the less resource rich center and northern parts of Pilipinas -- contentious yong relasyon. So may relasyon pero yong pagtingin ko na panimula nito kaiba sa integrationist perspective ng PP (whatever strains nito).

Pero heto nga yong nakakabagot din. The best Manila-based works on Mindanao had been written by journalists (si Marites Vitug at si Glenda Gloria). And the best popular piece on Mindanao as part of maritime SEAsia is by Marites at si Cris Yabes (Jalan-Jalan). Saan yong inyong mga akademiko? Heto yong batayan kung bakit sa tingin ko kung wala kayong mailabas, eh ganyan na nga: hanggang motherhood-and-apple-pie-nationalist-socialist statements lang ang mababasa natin mula sa PP tradition. At mukhang tama ka nga: "wala na talaga akong magagawa dyan"

Teka Atoy, sa isang dekada ng pagtuturo mo saan ang Mindanao sa syllabus mo? At papaano mo siya itinuro? Anong mga libro ang ginagamit mo?
July 14 at 11:21pm

Atoy Navarro Sanay na ako sa mga gaya mo Jojo. Tulad ng nabanggit ko na sa itaas, minsan hindi maiiwasan sa akin na personalin ang mga ganitong bagay. Ang panget naman kung trabaho lang ito. At hindi ito pagbabalat-sibuyas, hindi ko lang mapapalampas ang mga malisyoso mong pahayag na nambobola ako. Kaya naman ipinakita kong minimisrepresent at inoover-read mo ang mga komentaryo ko to suit your arguments. Halimbawa nga nyan, wala ka naman ngang naipakitang sinabi kong dominanteng relasyon ang bukluran, meron ba? Kung puro bukluran ang ugnayan, paano nga naging masalimuot ang kasaysayan in the first place, di ba? At sino ang nagsabi na two fundamental premises sa masalimuot na relationship ang integrative at fraternal na relationship? Ewan ko sa iyo pero ako wala akong sinasabing ganyan. Ang premise lang dyan ay may bukluran (ano pa man ang anyo nito) at syempre nga, may tunggalian, otherwise, paano naging masalimuot ang kasaysayan?

Valid ba ang magkakaibang punto nila (Misuari, Tiu, atbp.) kaugnay ng kasaysayan ng Mindanao? Wala namang iisang valid na punto sa PP Jojo. Para sa akin, valid ang mga puntong yan (gaano man magkaiba at nagtutunggali) lalo pa't ang tinutungan kong pagtingin ay may katwiran ang patuloy na pakikibaka at sariling pagtatakda na pawang nabanggit ko na sa itaas.

Nasaan ang bangsa Moro at Mindanao sa silabus ko? Alam ni Adonis ito at ng mga dati kong estudyante, inuumpisahan ko ang klase ko sa pagtalakay sa mga problema ng pagsasagilid, sinasamantala, at walang kapangyarihan sa kasaysayang Pinoy. Sino-sino sila at anu-ano ang kanilang kasaysayan? I usually spend half of the semester for this (pag minsan nga, higit pa sa kalahating semestre!). Tapos saka lang ang chronological narrative kung saan nirerepresent ang bangsa Moro, Mindanao, at iba pang isinagilid, sinasamantala, at walang kapangyarihan sa bawat yugto ng aking balangkas.

Sa mga pinakahuli kong pagtuturo ng kasaysayang Pinoy, bukod sa mga nabanggit ko nang akda nina Myfel Paluga at Neil Santillan (at pati na nina Faina Ulindang, Rudy Rodil, Noelle Rodriguez, atbp.), ginagamit ko rin ang libro nina Majul, Tan, Ileto, at yung "Making Mindanao" mo. Sa isang link sa mga komentaryo ko sa itaas, natukoy ko na rin na kabilang ang mga akda ninyo nina Tan at Ileto sa mga pinapahalagahan ko sa pag-aaral ng kasaysayan. Ok na ba ito sa iyo Jojo?

Ikaw Jojo, paano ka naman magturo sa mga Hapon? Paano mo isalaysay sa mga Hapon ang kasaysayan ng Mindanao at Pinas? :)
July 15 at 12:31am Zeus Salazar likes this.

Floyd Ericson M. Rey Pasintabi po. Makikisawsaw lang.

Para kay Sir Jojo.

Isang napakalaking hamon ang nailatag ninyo para sa aming mga nakababatang mananalaysay. Kaugnay rin ito ng naunang hamon ninyo sa prepasyo ng librong Likasyan kamakailan. Naniniwala po ako na sa mga darating na panahon ay maisasagawa ang nasabing panukala. Nasa proseso na po ng pagpapalalim sa kaalamang Mindanawan ang ilan. Sa pagkakaalam ko po, nasimulan na ni JP (Asong) ang pag-aaral ng Sultan Kudarat. Si Ayshia (Kunting) ay ganoon rin ata. Bagamat patuloy kong nakikita ang aking sarili bilang taga-labas (bagamat sa wika ni Adonis ay hindi labas na labas) at bagamat madedelay ng kaunti, excited rin akong palalimin pa ang sariling pagkaunawa sa isyu ng mga Kristyanong settlers. Pero mukhang mas mauuna ata ang dalawang naturan na kasama kaysa sa akin dahil kailangan kong mag-aral muna ng Bisaya.

Sinesegundahan ko po ang tanong ni Sir Atoy sa itaas. Ano pong mairerekomenda ninyong basahin ukol sa Mindanaw maliban sa mga nabanggit na sa itaas?

Sa isyu ng paghiwalay ng Mindanaw sa Pilipinas, ayon po ako kay Adonis at Sir Atoy. Kung yun ang gusto ng mga taga-Mindanaw, bakit hindi? May karapatan ang bawat isa para sa self-determination.

Nawa'y palagi kayong nasa mabuting kalagayan. :)

Pahabol: Kung bibigyan ng panahon at pagkakataon, gusto kong makasama diyan sa huntahan sa IRRI (o Baguio?). :))
July 15 at 5:30am

Jojo Abinales Una kay Atoy. OK for a socialist you are towing the line of your fascist mentor na kumprador na iskolar nga ako. Interesting contradiction ito Atoy. Sa last tanong mo, kung ano ang itinuturo ko sa mga estudyante kong hapon, actually ang sagot ay wala. SEAsian politics yong kurso ko't so at naka-focus sa pagbabasa ng classics on the discipline (Anderson, Scott, Ileto, etc.). Kapag Mindanao, si McKenna compara kay Majul. Pero yong iilang mga kasamahan kong Hapon nag-aral din sa Mindanao. Si Masako Ishii, halimbawa, ay nagsulat tungkol sa mga MNLF women - naka-immerse siya among them noong nag-field work siya. So maganda yong dissertation niya at inimbita ko siya sa klase para magpaliwanag nito. Kayo sinong nakapag-immerse sa mga rebel na grupo sa Mindanao?

Pero on a more serious note: yong bang knowledge sa tingin mo may nationality?

Links at relations yong sinabi mo Atoy. I teased it further to show you na hindi nga simple yong mga relasyong Mindanao at "sambayanang Pilipino." Pero, kailangan mo ring i-recognize kung ano -- concretely -- ang mga ito. Wala ka namang binaggit na mga kongkretong instances so I provided this to you? Dominanteng bukluran - well mula Nasyonalista Party ni Quezon na kung saan miyembro na yong mga elite na Moro to Lakas-Kampi ni Gloria. Magkatunggaliang bukluran: simple na yan kasi obvious.

Validity ng mga punto: tama ka sa iyong mala-postmodernismong position na "Wala namang iisang valid na punto sa PP." Pero para sa akin hindi batayan sa pagka-valid ng isang punto kung ito ay "may katwiran ang patuloy na pakikibaka at sariling pagtatakda na pawang nabanggit ko na sa itaas." Ang unang batayan ay ang pag-analisa ng ebidensya. Wika nga ng utol ni Ben Anderson: progressive loyalty and analytic clarity are two entirely different things." This applies to PP as well as to any other perspective.

OK pala yong Mindanao sa syllabus at pagtuturo mo sa Mindanao at next time tatagal ako sa imperial capital, mag-sit in ako sa klase mo. Question of chronology: papaano yong Moro wars pala -- offensive from the south or the north? Papaano itinuturo ang American period?

Tanggalin mo na ang Making Mindanao sa syllabus. It's an old book na, ten years old na. Ang wish ko is someone among you younger generation pick up the cudgels (Floyd?) and complete a manuscript. Hindi na lang essay ng essay, kungdi isang buong libro na puedeng gamitin. If mailabas nyo yan kausapin ko si Mac Tiu at Rufa Guiam na at least maglabas ng Bisaya at Magiundanao versions nito respectively.

I am really enjoying this. Floyd sa iyo after breakfast...
July 15 at 6:57am

Jojo Abinales To Floyd. Hindi lang simpleng hamon ito, pero may urgency. For example, tumatanda na yong mga rebeldeng MNLF at kailangan na talagang isulat yong mga kasaysayan nila. Yong iba marami nang nakalimutan, pero yong iba naman atat na ata na ikuwento ang buhay nila. Responsibildad na ito ng mga batang iskolar na kagaya mo, lalong lalo na kayong mga PP-ista na may preference sa "bottom's up" perspective ng kasaysayan. At remember oral itong mga pagalala nila (wala nakasulat kasi hindi nila tradisyon ang pagsulat).

Ibig sabihin Floyd heto na yong sinasabi mong panahon. Habang nagpapalalim kayo ng "kaalamang Mindanawan" kailangan ding simulan (at tapusin -- in your case) yong pananaliksik at investigation.

Re reading recommendations, simple lang: punta ka sa Filipiniana section ng UP na may sub-section ng Mindanaw, and...well...start reading. Kung interesado ka naman sa mga komunista sa Mindanao noong panahon ni Macoy (lumalaban din sila laban sa plano ng diktador na i-impose yong konsepto nya ng "Bayan" sa Mindanao -- isang planong ikatutuwa ng istoryador na diktador na si Zeus), may anim o pitong microfilms yata sa UP archives din. Limang boxes iton ng mga dokumentong initalaga sa akin ng isang dating kadre doon na yong requirement nya is ma-preserve ito sa UP.

Pero more importantly, puede mong tinnan yong mga lumabas na mga libro on Mindanao in the last decade (may mas current na listahan na nilalabas ang Mindanews every year kung ano yong mga libro on Mindanao na lumabas). Tapo- i-critique ninyo. Puedeng magsimula from this...

OK ka Floyd when it comes to Mindanao separatism (mag-ingat ka lang, at baka bansagan ka na traydor ni Herr Zeus). Dapat mag-survey and Pulse Asia nito. Pero dapat yong questions based on the concrete surrounding of Mindanao. Hayaan mo't kausapin ko si Ronnie Holmes. Baka puede.

Take care din Floyd. Babalik siguro akong IRRI next year kasi may plano kami ni Dr. Vergara na tumikin ng mga ulam daga sa surrounding barrios. Sama kayo?
July 15 at 7:48am

Jojo Abinales Teka, ano yong Guerrero-Ileto-Xiao debate? Pabasa naman! Yong mga interesado sa MA thesis ni Joseph Scalice on Ileto, email nyo ako. Nakakatulala yong mga argumento nya.

And back to Mindanaw...
July 15 at 12:20pm

Michael Charleston Briones Chua Naku, I just signed it, hahaha, XIAO, hahaha
July 15 at 12:30pm

Atoy Navarro Walang problema sa akin Xiao :) Jojo, yan yung dati pang Philippine Studies debate nina Guererro at Ileto na tinutukoy ni Xiao. Ako interesado sa MA thesis ni Joseph Scalice on Doc Ileto, ie-mail kita :)

Babalikan ko rin iba pang komentaryo mo sa itaas, kain lang muna ako ng lunch :)
July 15 at 12:32pm

Jojo Abinales On the way to your yahoo mail Atoy
July 15 at 12:33pm

Michael Charleston Briones Chua Mahal na mga kapatid! Si Xiao po ito at nais ko po sana i-link ang napakahalagang talastasang ito sa mga bahay-dagitab ng BAKAS. Ayos lang po ba sa lahat lalong-lalo na kina Adonis, Sir Atoy at Sir Abinales, na talaga namang pare-pareho kong ginagalang, matatapang at walang urong kaya naman naisilang ang debateng ito na maikukumpara na nga kina Guerrero-Ileto!
July 15 at 12:37pm

Michael Charleston Briones Chua Sir Jojo, pahingi din po ako sa aking e-mail. Ako po ang nagpadala sa inyo ng larawan ng aklat niyo sa NBS, at kahit ano sabihin ko, doon pa rin nila nilalagay.
July 15 at 12:38pm

Jojo Abinales At meron din pala ako ng kopya ng thesis ni Rommel Curaming in PDF. Email me kung sino sa inyo ang may gusto!
July 15 at 12:58pm

Atoy Navarro Salamat sa pag-e-mail ng mga kopya :)
July 15 at 12:59pm

Jojo Abinales Ok doki...
July 15 at 1:00pm

Jojo Abinales Next topics puedeng kritik of Curaming and/or Scalice
July 15 at 1:00pm

Zeus Salazar Adonis, ok yung dalawa mong pagpapaliwanag sa iyong posisyon. Ngyon ko lang nakita na malalim ang iyong pagkaunawa hindi lamang ng Marxismo kundi sa tunay na kalagayan nito sa mundo. Siyempre, matagal ko na ring iginigiit na kung titingnan ang mga matatagumpay na kilusang Marxista (Tsina, Vietnam, Hilagang India, gayundin ang nabanggit mong Rusya at si Lenin -- higit sa limampung bolyum ang paglilinaw nito), iniangkop muna nila ang teorya sa kani-kanilang reyalidad. Pagbati.
July 15 at 2:18pm

Jojo Abinales Response to Adonis's thoughtful comments:

Dear Adonis,

Let me answer your comments point by point, but first with a preface that all I've said, all the adjectives I've used have been used with no personal malice at all. As I told Vic, calling things a spade a spade lang ito.

So, doon sa Barthian point mo, I agree that texts do eventually get appropriated/expropriated by anyone or even by "ng lipunan." Ang interes ko ay saan ito nagmula. In the case ng Tadhana, ayon sa kaibusuran ng dibdib ng diktadurang mangangakamkam at brutal na kung saan ang mentor ninyo si Herr Zeus ay nagsilbi at binabayaran. Ang interesting ngayon para sa akin ay papaano nakalusot itong angkan ng pasistang pananaw na sulatin mula doon sa pinanggalingan nya sa yugto ngayon na puede na siyang – in the tradition of Barths kung baga – angkinin na texto ng buong lipunan (o sa pasistang pananaw ni Herr Zeus, sa "Bayan").

Sa tingin ito'y may koneksyon sa henerasyon, na habang lumalayo ka sa unang pangyayari, habang kumukaunti na ang alam mo sa nakaraan, ikaw ay nagiging "mas understanding" din sa mga konspirator na gumawa nitong karumaldumal na pagsusulat ng istoriograpiya ng diktadura. In short,

baka gusto nyo ring mga prodigies ni Zeus tingnan yong nagiging fraught INTELLECTUAL (hindi personal) relationship sa mentor ninyo istoryador ng diktador.

Related ito sa pangalawa punto mo. Wala akong intensyon na i-outright dismiss yong PP. Iisa lang ako di ba, at is henerasyon (dalawa?) kayong mga lumaki sa ilalim ng payong nito. Moreover, hindi ako kagaya ng amo ni Herr Zeus na nag-suppress ng kaibang pananaw. Kritikal ako sa PP kasi may bahid ito ng Tadhana, nagtatago yon authoritarian nationalism nito sa ilalim ng language at yong – at least sa kay Herr Zeus – paniwala ang ideolohiya at linguwahe ng "Bansa". State-driven integrative framework yong pinagmulan nito at kapansin-pansin na even among the left flank nito assumed kaagad na may iisang lamang pambansang naratibo: ang magkaisang pakikibaka ng "sambayanang" Pilipino. Hanggang hindi ito maharap ninyo eh mananatiling barrier ito sa further exploration ng napaka-complex na kasaysayan ni "Pilipinas", and, more importantly, maglilimita ito ng analytical curiousity ninyo.

I will grant your point na "walang monolitikong kaisipan sa PP, maliban marahil sa pinaka-batayang pagkakasundo na ang talastasan ay isagawa sa Filipino." Pero it is also precisely yong pagtali nito sa "Filipino" which allows its fascist threads like the one promoted by Herr Zeus to thrive. Hindi puedeng pumasok yong hindi "Filipino" o dili kaya yong may ibang pagtingin sa pambansang "pagkakaisa." Recall "treasonous" na yong tawag ni Herr Zeus sa mungkahi ko na dapat siguro ihawalay ang Mindanao.

OK sa akin din yong Marxismo as a tool of analysis as expounded by Dodong. If you follow his discussion in that Marxism in the Philippines series (na-reprint naming through Anvil nga pala), yong emphasis nya is the method, not necessarily the ideology. Tama nga naman si Herr Zeus na pagdating sa application yong Marxismo nahugis ng mga lokal na kondisyon (pero hindi orihinal ito sa kanya as he tries to hint sa last comment nya in praise of your points). Pero ito yata na-respond ko na at hinihintay ko yong kontra-punto mo.

Ang punto ko lang naman sa kay Walden is that a brief statement like that which contends that "any theory is possible," opens two possibilities – a leftward AS WELL AS a rightward drift. Sinimulan na naming ni Atoy yong balitaktakan nito. Ituloy pa natin, pero kailangan siguro natin yong buong speech or essay ni Walden.

Actually interesting yong lst point mo about popdem ed, sila Bobby G, Joel R, part-dem, part-socialism, etc. This is an old question about political education: to what extent do you allow the "mass sentiment, aspirations, etc." to run without "guiding" them to, say, progressive conclusions? Yong mga Stalinista sa CPP, simple lang: vanguardist politics straight out of Lenin's What is to be Done. While yong mga pasista naman, via a strong state that is also the official historical narrator. Fascinating siguro as to how Akbayan – and its various streams – navigate itself between these two extremes.

But maganda yong shift back to structuralist analyses din. As I pointed out sa intro sa bagong Marxism in the Philippines at nailabas din sa earlier balitaktakan namin ni Atoy sa itaas, time na balikan ang political economy.

Your point about Bomen noting na "tila mas Marxista pa ang akdang ito ni Zeus" is interesting kasi if you read Rommel carefully ang argument nya is – in fact – bumalik sa "tradisyonal" na historical narrative si Herr Zeus, eh este, si Marcos pala, glossing the class contradictions of the revolution and the early years of the American occupation. And I suspect that had the Marcos Foundation continued to fund the project after EDSA 1, with the billions it spirited abroad, the writing of the

1960s and the dictatorship period will be descriptive and will pepper down the enormous class, social, ethno-religious, etc., contradictions of the era.

Salamat din sa pagunlak Adonis. Kayo ng barkada mo ay nasa tamang panahon na mag-dagdag ng sarili nyong tatak sa pag-aaral (and in your case, sa pagbabago) ng kasaysayan. Handa na kayong palitan yong mga nakakatanda sa amin, but in the process you will also have to shatter idols and Gods, left and right. For only then can you say you have made your contribution and imprint.

(Pinalmente re si Herr Zeus, huwag kang mag-alala. Talagang walang personalan itong balitaktakan ko sa kanya. Bibilhan ko nga siya ng tiket para isama ko siya at ma-meet nya yong mga dating MNLF rebelde at mabigyan siya ng oportunidad na i-explain sa kanila kung bakit tama yong ginawa ni "Pangulong Marcos" sa kanila noong 1970s. At i-treat ko pa siya ng beer with my kumprador yen....He. He!

Pero hindi rin ako magdadalawang isip na tawagin siya sa appropriate intellectual tag – something that he himself appears to be proud of…in the name of "Da Bayan" and paghahanap ng pera.)
July 15 at 3:44pm

Atoy Navarro As a PP proponent & socialist, I do tow the line. At tiyak kong ganun din sina Nak at Adonis. Hindi ko nga lang alam kung "interesting contradiction" ito kasi resolbado naman sa sarili ko ang mga ito. All these discussions and exchanges only serve to (re)affirm [no pun intended] my resolve for both PP and sosyalismong Pinoy :)

Interesado rin akong mag-sit-in sa SEA classes mo at interesado ako sa sinulat ni Masako Ishii tungkol sa mga MNLF women. Sa hanay ng mga aktibista sa Mindanao, may ilan na rin akong nakasama sa mga gawain ng Focus on the Global South-DRTS at STOP the War! Coalition Philippines pero hindi ko naman maituturing na imersyon ang mga ito para sa gawaing pangkasaysayan. Nawa'y magawa ito ng mga batang mananalaysay na gaya ni Floyd (presyur!) :)

Syempre mahirap magdetalye sa balitaktakang ito. Maganda nga sanang mag-sit-in ka rin sa mga klase ko sa kasaysayang Pinoy kaso baka matagalan pa yan kasi 3 taon na akong hindi nagtuturo at mejo aabutin pa siguro ako ng 4 na taon dito sa Thailand. Haay, dahil sa mga balitaktakang ito, na-miss ko tuloy ang pagtuturo sa peyups...

Kuwento na lang ako ng ilan pang nangyayari sa klase ko noon. May mga panahon dati na sinisimulan ko ang mga klase ko sa pagpapagawa sa mga estudyante ng balangkas ng kasaysayang Pinoy. Tapos susuriin namin ang mga balangkas na ito. Tatanungin ko sila, nasaan ang mga magsasaka, manggagawa, kaigorotan, bangsa Moro, kababaihan, bakla, lesbian, kabataan, etc. sa mga balangkas na yan? Lumilitaw sa mga talakayan ng klase na ang mga balangkas at kasaysayan na alam nila'y kasaysayan ng banyagang kolonisador at dominanteng sektor sa Pinas pala. Simple lang ang lohika ng kinasanayang kasaysayan: Ito ang mga ginawa ng mga kolonisador at kasunod nito ang mga papel at reaksyon ng mga dominanteng sektor. Kaya nagugulantang sila kung isa sa tema ng pagtalakay kaugnay ng "Moro Wars" halimbawa, ay ang realidad na salaysay ito ng mga nagtutunggaliang estado [estadong kolonyal, mga estadong Moro, atbp.]. Kahit ang ilang kinasanayang pagtatakda ng "ikutang pangyayari" na nakatali sa mga ginawa ng mga kolonisador ay nilalansag pabor sa mga kaganapan sa Mindanao dahil totoo namang sa maraming pagkakataon ang estadong kolonyal sa Maynila ang tumugon lamang sa kalagayan (at sa ilang pagkakataon, opensiba) ng Mindanao [halimbawa nito ang pagtatayo ng mga kolonisador ng mga balwarte, kuta, muog, atbp.]. Pero tulad ng binanggit ko na, hindi lamang ang bangsa Moro at Mindanao ang pinagtutuunan ko ng pansin sa mga klase ko kundi ang iba pang isinagilid, sinasamantala, at walang

kapangyarihan. Laging interesante para sa mga estudyante ko noon ang kasaysayan ng mga bakla, lesbian, at kabataan sa Pinas halimbawa na binibigyang-puwang din sa aking mga klase. Nasa History I Reader na ginawa ko para sa UP Open University (na may kopya ata si Adonis) noong 2000-2001 ang ilan sa mga readings sa aking mga klase kaugnay ng mga paksang ito. Pero gaya ng "Making Mindanao" mo, isang dekada na ang reader na yun kaya mejo mas updated na rin ang mga ginamit ko sa huli kong pagtuturo nitong 2006-2007.

Tungkol naman sa validity ng mga punto, ewan ko kung "mala-postmodernismong position" yan o produkto lang ng katangiang pantalastasan ng PP. Tama kang mahalagang batayan ang pag-aanalisa ng ebidensya. Sa naging pahayag ko, tiningnan ko nang given yan kaya hindi ko naman inaalis yan. Siinabi ko lang naman "lalo pa't ang tinutungan kong pagtingin ay may katwiran ang patuloy na pakikibaka at sariling pagtatakda". "Lalo pa't" are the operative words there. Hindi rin kasi ako kumbinsido sa utol ni Ben Anderson na nagsabing "progressive loyalty and analytic clarity are two entirely different things." Ang pagdududa ko sa pahayag na yan ay malamang pamana pa rin sa akin ng "partisan scholarship" ni Tato Constantino (na naging Prof. ko rin nang nag-sit-in ako sa isang klase niya sa loob ng isang semestre!) pero I will not be apologetic about that. Pinagtalunan na rin namin ni Doc Salazar ito nang minsang sinabihan niyang inuuna ko ang pagiging aktibista ko kesa pagiging akademiko. Kaiba pero maiuugnay rin siguro sa sinabi ni Rommel (salamat sa kopya!): "...there's no inherently oppositional relationship between good scholarship and political interests."

Salamat sa mga babasahin sa kasaysayan ng Mindanao (bilang tugon sa mga komentaryo namin ni Floyd), makakatulong yan sa mga mag-aaral ng kasaysayan na sumusubaysay sa talastasang ito :)

Maganda rin ang panukala mong survey para sa Pulse Asia. Kaugnay ng bangsa Moro, sabi nga ni Mahar Mangahas ng SWS noong 1999: "Although a statistical sample of one thousand respondents is adequate for a poll of Filipino national opinion, it is too small for opinions of the Muslim sector to be usefully extracted. A typical random national sample of 1,000 Filipinos will contain only 50 Muslims. A survey of Muslim Filipino opinion requires a random sample of 300 in order to have a barely passable 6 percent margin for error. Preferably it should have a sample of 500, to lessen the error margin to 4.5 percent. Ideally it should have a sample of 1,000 to become equally as reliable as a survey of non-Muslim opinion in the nation (error margin of 3 percent)."

Interesting halimbawa ang resulta ng 1996 SWS Youth (15-30 years old) Survey (commissioned by the National Youth Commission which was headed by Amina Rasul-Bernardo during that time) with a "special sample of 100 Muslim youth precisely in order to give them a bit of statistical visibility. (For a sample of 100 the error margin is 10 percent. The project felt that it was better to tolerate that than not to have any comparison with Muslims at all.)." Sa survey na yun ng SWS, itinanong (kadalasang ginagawa ng SWS sa Ingles at Filipino): Of course, we all hope that there would not be another war, but if it were to come to that, would you be willing to fight for your country (referring to Pinas)? I'll just quote from SWS: "When asked this question, a very large 83 percent of Filipino youth answered Yes. However, among Muslim youth the Yes's amounted to 97 percent, or effectively a universal willingness to go to war..." Syempre, maaaring may mga kumwestyon sa metodolohiya ng SWS noong 1996 pero pinakamainam na nga talaga ang magkaroon ng updated na pag-aaral (including survey) sa bangsa Moro at Mindanao. Sana nga gawin ito ng Pulse Asia (at SWS na rin). Btw, may mga kwalitatibong pag-aaral din sa sikolohiya (kabilang na ang tesis ni Jay Yacat) hinggil sa pagkakakilanlang Pinoy na may mga respondents na Muslim, maganda ring tingnan ang mga ito :)

Inuumpisahan ko pa lang basahin ang disertasyon ni Rommel at tesis ni Scalice. Mainam nga sigurong pagtalastasan din ito :) Maganda rin kung mababatid ang pananaw ni Doc Ileto (at Doc Salazar) hinggil dito. Hayaan mo't tatanungin ko si Doc Ileto hinggil dito :)

July 15 at 4:17pm

Jojo Abinales Magluluto muna ako Atoy so mamaya na yong mas mahabang riposte. But curious ako sa SWS survey: so yong sagot ng 07 percent na Muslim youth is they are willing to go to war for Pinas? Pero tinanong ba din ng SWS kung sino ang magiging kalaban nila? At nag-follow up ba ang SWS ng survey after yong isang idolo ni Herr Zeus -- si Erap -- nagpasimula ng kanyang all-out war?
July 15 at 4:23pm

Atoy Navarro Interesting talaga ang survey na yan at ginawa yan sa konteksto ng mga peace negotiations ng administrasyon ni Ramos. Panlabas na banta sa Pinas ang tinutukoy dyan pero walang partikular na bansa.

Interesting talaga yan kasi lumabas din na "Among Filipino youth as a whole, the Net Satisfaction (percent satisfied minus percent dissatisfied) with the national administration's reconciliation with Muslim rebels was +16 points. However, among Muslim Filipno youth in particular, the net satisfaction was +53 points, or much greater." Sabi pa ni Mangahas noong 1999: "That is to say, at that point in time the Muslim youth were much more satisfied with the government's efforts at reconciliation than the non-Muslim youth. In the present state of the Mindanao conflict, I would not want to speculate on how Muslim youth, or Muslims in general, would feel on this matter; there should be a new survey about it."

Wala akong alam na follow-up SWS (o kahit na bagong Pulse Asia) surveys lalo na noong kasagsagan ng all-out-war sa Mindanao ni Erap kaya naman mahalaga talaga magkaroon ng mga bagong pag-aaral at survey na higit na tumutugon sa kasalukuyang konteksto ng Mindanao at Pinas.
July 15 at 4:38pm Zeus Salazar likes this.

Jojo Abinales In between ulams ako sa pagluluto. Simple lang explanation nito SWS survey - nag-sign ng peace agreement ang MNLF at GRP. Nasa tabi pa lamang ang MILF, quietly building its forces (as pointed out by McKenna, Vitug and Gloria, ast si Salah Jubair na rin).
July 15 at 4:44pm

Michael Charleston Briones Chua Kung maaari po sana ikowt ang isang bahagi ng tesis ni Rommel Curaming na sa aking palagay ay balanse sa paglalahad ng mga pangyayaring umiikot sa proyektong TADHANA: "Prehistoric, Pre-colonial Origins--As planned, the Tadhana was remarkable for the depth and breadth of its scope and for the conceptual coherence through which it wanted to weave together the entire stretch of Philippine history. It may not be too much to say that to this day it remains unparalleled for aiming to cover the widest span of time and for trying to provide a more solid or more detailed treatment of each period. The approach was particularly noteworthy in its attempt to deal with the pre-Hispanic periods (pre-1500s) that for long had constituted a massive black hole in Philippine historiography. Hampered by the severe scarcity or almost total absence of extant pre-Hispanic written sources, as well as by the persistent belief that Philippine history began only with the arrival of the Spaniards, the little interest in pre-Hispanic periods can be gleaned from general surveys of Philippine history published up till the 1970s, even 1980s."
July 17 at 4:48pm Zeus Salazar likes this.

Michael Charleston Briones Chua "Thus, the fact that Tadhana devotes over a quarter, or five of the projected 19 books, to these periods and that it goes to as far back as hundreds of thousands of years before Spain came, is by any measure
noteworthy. Of course, one is justified in saying that the ten-volume Filipino Heritage (1978) with three of its volumes devoted to pre-hispanic period has preceded Tadhana in giving comparable emphasis to this period. A number of things, however, set the Tadhana apart. The projected contents of Tadhana's first five books were unprecedented for theoretical unity and sophistication; refreshing for the novelty of their approaches; and provocative for the implications they carried. They cohered in their paramount aim to demonstrate, on one hand, the participation of the ancestors of the Filipinos in a broader, universal process of evolutionary development and, on the other, the particularisation process that was supposed to lend deep roots to the identity of the Filipino nation. On the other hand, the FH remained stuck in the fairly conventional framework that did not pay
explicit attention to the depth and continuity of the influences of the pre-hispanic period in the development of the Filipino nation." (Curaming, Rommel. 2006, July. "When Clio Meets the Titans: Rethinking State-Historian Relations in Indonesia and the Philippines." Australian National University, 86-87)
July 17 at 4:54pm Zeus Salazar likes this.

Michael Charleston Briones Chua "The Tadhana to an extent constitutes a transition in the evolving quest for the definition of the Filipino-viewpoint. By pioneering the search for the deep, pre-Hispanic roots of the Philippine nation-state, it prefigured the emphasis on the indigenous that would find eloquent expression in the '80s and '90s in the Pantayo School and in Bagong Kasaysayan (New History). By de-centering the colonial
experience as pivotal to the nation's historical development, it foreshadowed what in due time would be recognised (at least in some quarters) as a landmark historiographic achievement: the cutting of the analytics of nation-formation from the hitherto colonial ties. Interestingly, it paralleled even anticipated certain important aspects of what has been trumpeted in the West as postcolonial theory. At the University of the Philippines, however, it exemplified the indigenisation movement epitomised best by the Pantayo School and Sikolohiyang Pilipino (Filipino Psychology). By eschewing Constantino's and refining Agoncillo's formulations, and by rejecting orthodoxies espoused by Alip, Zafra, Zaide and others, the Tadhana was searching for an alternative that its makers believed to be more appropriate to address the problems of the time." (Curaming, Rommel. 2006, July. "When Clio Meets the Titans: Rethinking State-Historian Relations in Indonesia and the Philippines." Australian National University, 102-103)
July 17 at 4:57pm Zeus Salazar likes this.

Michael Charleston Briones Chua "Salazar's involvement in the Tadhana Project hurt his reputation within the community of Filipino scholars. Despite his creditable contribution to Tadhana which makes it a notable contribution to Philippine historiography, his ideas rang hollow within the community so long as these ideas were within Tadhana's confine. As mentioned already, the Marcos signature ensured that the Tadhana
would be dismissed by many as mere propaganda. Upon leaving the Project, however, and having returned full time to the university, he developed similar ideas and approaches. In due time, not only did he emerge as a powerful figure in the historians' community but his ideas and approach eventually became the
bedrock of Pantayong Pananaw, (The Us-Perspective) arguably the most dominant school in Philippine historiography in the 1990s. His impeccable academic credentials, his remarkable intelligence that even his enemies acknowledged, if grudgingly, coupled with very strong personality

enabled him to RISE ABOVE the political fall-out from his participation in the Tadhana. He remained bitterly criticized by some, but he exemplified nonetheless THE CASE OF A SCHOLAR WHO HAD A HUGE RESERVOIR OF POWER ACCRUING FROM EXPERTISE (intellectual capital, in Bourdieu's term), huge enough to offset the unfavourable social alignment." (Curaming, Rommel. 2006, July. "When Clio Meets the Titans: Rethinking State-Historian Relations in Indonesia and the Philippines." Australian National University, 256)
July 17 at 5:02pm Zeus Salazar likes this.

Michael Charleston Briones Chua In short, bagama't si Dr. Zeus ay nagkamali sa aking opinyon na makipagtulungan sa estado (Bagama't naiintindihan ko ang kanyang mga dahilan upang mas mapadali ang pagbubuo ng bansa at kapuri-puri ang paninindigan niya ukol dito), dapat namang ibigay ang credit sa dapat bigyan ng credit. Maganda ang iskolarsyip ng TADHANA at dapat makilala ang kontribusyon ni Salazar sa pagbalangkas at pagsulat ng ilang bahagi nito lalo na ang sa ika-17 at ika-18 Siglo, na kahinaan nang maraming teksto ng kasaysayan. Binigyang pansin din sa TADHANA ang kasaysayan ng mga Sultanato. Kumbaga hanep at sana matapos ang ilang taon, gamitin na ang TADHANA bilang jumping point sa pagsulat ng mas ekstensibong mga akda ukol sa limot na bahagi ng ating kasaysayan. Salamat sa talastasang ito, ang dami ko natutunan.
July 17 at 5:13pm

Zeus Salazar Salamat din sa iyo, Xiao, sa pagbanggit sa disertasyon ni Dr. Curaming na tila may pang-aabusong isinangkot dito sa diskusyon. Napasaringan tuloy siya nang di tama. Patawad.
July 17 at 5:36pm

Michael Charleston Briones Chua Kanino kayo humihingi ng tawad doc, sorry slow...
July 17 at 5:41pm Ariel Lopez likes this.

Jojo Abinales Pero sino ang sumulat? Si Marcos? Di pasalamatan si Marcos sa insight nya. At kung hindi naman si Macoy, eh di iba. Ang tanong, paano i-cite ito? Maganda man ang sinabi nito before the 20th century - eh isa pa ring gawang mersenaryo.

Yon lang naman.
July 17 at 5:52pm

Jojo Abinales P.S. At maganda nga ang scholarship ng pre-20th century Tadhana. But as any socialist would ask: under what setting was this supposed scholarship conducted?
July 17 at 5:55pm

Jojo Abinales P.S.2 And Xiao, please do not forget to add in the conclusion, not to mention Curaming's point about how Tadhana tried to diminish class tensions during the revolution and thus revert back and showed sympathy with the "traditional" (Zaidean) argument about that period.
July 17 at 5:59pm

Zeus Salazar @Xiao, kay Dr. Curaming.
July 17 at 6:27pm

Jojo Abinales Maganda yong final point ni Rommel at sa tingin ko dito din siya mali: "From the point of view of scholars who participated, this is purely an act of filling a huge historiogarphic void. They claimed that there was nothing political about it, for as they would rhetorically ask, 'How can rock formation or human evolution or development early settlements be political?' Salazar, for instance, adamantly decalred that it was his personal policy to work only on topics, as far removed from the Marcos years as possible He believed that by focusing, say, on the prehistorical and pre-Hispanic period, he bore no responsibility for whatever political intent ascribed to the Tadhana project. SELF-SATISFIED AS SALAZAR WAS, HE COULD NOT BE MORE NAIVE IN HIS SUPPOSITION. IT WAS PRECISELE IN THE INDIGENOUS, BURIED IN THE VERY DISTANT PAST THAT THE SPECTRE OF MARCOS'S POLITICAL PROJECT LURKS (my capitalization).

Mali si Rommel dito: Salazar was not naive; he believed in the dictatorship's project of the nation. Even kung mamamatay-tao ito. And he was paid very well.

A mercenary hack indeed
July 17 at 7:08pm

Vic Romero Buód II

1. Kinikilala ni Jojo ang malakíng papél ni Zeus sa pagsusulát ng Tadhanà. Waláng alinlangan o pagtutol sa mga nagampanán ng proyekto ukol sa pagsulong ng kasaysayan at pagsasákasaysayan.

2. Hindî ipinagkakailâ ni Zeus ang malakíng pa...pél sa pagsusulát ng Tadhanà. http://zasalazar.multiply.com/journal/item/12 -- "Tugón ni Dr. Zeus A. Salazar sa Paunang Salitâ ni Dr. Patricio Abinales sa Aklát na Kaalaman at Pamamaraán sa Pagtuturò ng Kasaysayan," 1/10/2008

3. Isá sa mga tanóng ni Jojo ay: Paano ba babanggitín o tutukuyin ang akdâ: 1) "Tadhana: the history of the Filipino people / Ferdinand E. Marcos, 1917-1989" o 2) Tadhana: the history of the Filipino people / Zeus A. Salazar, 1934- "?

4. Malakí ang paghangà at paggalang niná Xiao, Atoy, Adonis, atbp. kay Zeus. Nauunawaan nilá kung bakit nakipagtulungán si Zeus sa proyekto ni Marcos.

5. Hindî matanggáp ni Jojo ang nasabing pakikipagtulungan. Isá pang tanóng ni Jojo ang "Magkano ang kinita ni Zeus sa Tadhana?" At sa wakás, umaasa o hinihintáy ni Jojo na magpaumanhín si Zeus: "And how can I read a historian who has not even apologized for such statements like this: 'kung bibigyan ako ng isang buong institue upang masulat ko ang aking kasaysayan, mamamatay tao man ang magbigay sa akin...wala akong pakialam...'"

6. Ang isang maitátanóng kay Jojo ay: "Anó kayâ ang gagawín mo, kung ikáw ay nasa kalagayan ni Zeus noóng mangyari ang mga bagay na itó?

7. Tila bagâ--sa pagpupumilit ni Jojo--isáng pakay niyá sa buhay ang masagót ang kaniyáng mga tanóng.

8. Na kay Zeus kung sasagutin ang mga tanóng at marahil mabigyán na ng kaganapan ang isáng matagál nang usapang pabalík-balík.

9. Kung anumán ang gawín ni Zeus, patuloy siyáng magbibigáy ng halimbawà ng pagkilos sa susunód na pangkát ng mga istoryadór ng bayan. Ganoón din ang masasabi tungkól kay Jojo.
July 18 at 4:47am

Jojo Abinales Sa tanong mo Vic: tatanggihan ko. Actually in-offer sa amin noong undergrads pa kami ni Sammy Tan na maging research assistants kami sa isang "project" sa national library. Ayaw sabihin kung ano ito pero may duda kami na Tadhana na nga ito (and remember we cannot openly criticize it kasi height ng martial law at grabe ang surveillance ng mga galamay ng diktadura sa UP campus).

Sabi namin mag-basketbol na lang kami at tumulong magtayo ng organisasyon kagaya ng LIKAS na nangunguna sa struggle sa campus for student rights and welfare, tapos naging hayagang anti-pasista at anti-imperyalistang asosasyon by the 1980s.

Malaki ang alok: sa pagka-alaala ko mga P800 a month. Parang instructors na kami.
July 18 at 6:20am

Rommel Curaming Magandang hapon mga kaibigan. Ayaw ko muna sanang makisawsaw sa talakayan dito dahil di pa ako tapos sa isang papel na malapit na ang dedlayn. Ilang punto lang ng paglilinaw sa nababanggit ni Jojo na di umano'y pagkakamali ko.

A.) Tanging si Sir Salazar at iba pang miyembro ng Tadhana ang makakasagot nang buong katapatan kung naivete bang maituturing o tahasan at bukas-palad ang pagsuporta nila sa diktadurya. Ang sa aking palagay, na taliwas sa hinuha ni Jojo, ay hindi taal na magkasalungat ang pagsuporta sa diktadurya ni Marcos, kung totoo mang ganito nga ang kaso ni Sir Salazar, sa itinuturing kong naivete ng mga iskolar na nakisangkot sa proyekto. Kahit na totoong sa simula pa lang ng proyekto ay suportado na ng mga iskolar ang diktadurya ni Marcos, malinaw na nanatiling hindi klaro sa kanila kung paano balak gamitin ni Marcos ang kanilang sinusulat gayong binigyan sila ng buong laya (maliban sa huling bahagi, "Radical Alternatives") na ibalangkas at isulat ito. Kaya nga isa sa mga dahilan kung bakit nahirati ang mga iskolar na makisali at manatili (sa kaso ng ilang core members) sa proyekto eh dahil nga di naman sila pinapakialaman. Naging malinaw sa akin ang usaping ito nang makausap ko si Adrian Cristobal na nagsabing malakas ang kumpyensya si Marcos na magiging kapaki-pakibang sa kanya ang kalalabasan ng proyekto kahit na hindi nya tahasang pakialaman. Alam pati ni Marcos aniya na dapat maging pino at sensitibo ang pakikitungo niya sa mga iskolar. Kung hindi aalis ang mga ito at di magtatagumpay ang proyekto.

Binibigyang diin ng puntong ito ang kahalagahan ng konteksto. Ang katangiang pulitikal ng kaalaman ay maaring matamo hindi lamang sa panahon na hinuhubog ito ng mga iskolar—kaakibat ang kanilang eksplisito layuning pulitikal kung meron man—bagkus gayon din sa pagkakataong ginamit at inari ito ng kung sinuman para sa kanyang sariling interes at panahon. Magandang halimbawa si Ben Austria na sumulat ng unang aklat ng Tadhana, tungkol sa geology at geography. Pag tinanong mo siya kung ano ang pulitika ng partisipasyon nya sa Tadhana, tatawanan ka non. Ano nga naman ang makikitang pulitika sa proseso ng pagbubuo ng mga bato at lupang umugit sa Pilipinas? Pero sa kabuuang konteksto na nais ipahayon ni Marcos, naka-angla sa mga bato at lupang nabuo milyong taon ang nakalipas ang interes ni Marcos na ipakita ang lalim ng ugat ng kakanyahang Pilipino, na mahalagang elemento sa ideolohiyang nais niyang isulong.

B.) Sa aking palagay ang mga katagang "mercenary" at "intellectual prostitute" (na karaniwang ginagamit sa Indonesia para tukuyin ang mga military historians na nakisangkot sa pagsulat ng Sejarah Nasional Indonesia) ay di angkop upang mapunan ang kalaliman at kompleksidad ng

relasyong namagitan sa mga iskolar at sponsor nila. Unang-una, nakapaloob sa mga katagang ito ang pagpapalagay na ang mga iskolar ay nasa posisyon ng kahinaan or kawalan ng kapangyarihan nang pumasok sila sa ganitong relasyon. Ito ay kabalintunahan dahil ang espesipikong konteksto ang nagdidikta kung meron o alin sa dalawang panig ang higit na makapangyarihan sa partikular na sandali. Gayundin, ang mga iskolar ay may sariling daloy ng kapangyarihan na kahit ang pinakamakapangyarihang diktador katulad ni Marcos ay wala. Kaya nga kinailangan ni Marcos ang serbisyo ng mga iskolar.

Pangalawa, itinatago ng mga katagang ito ang pagkukunwaring moral ng mga kritikong gumagamit sa kanila. Dahil dito, pinanatili ang kabulagan sa panunuri (analytic blindness) na nagtatago sa katotohanang sila man (mga kritiko) ay may pulitika at interes ring isinusulong, na nagkataong taliwas sa pinapanigan ng kanilang tinitira. Gayundin, dahil sa hayag na pakiki-ugnay ng ilan sa mga pulitiko eh nalalagay tuloy sa peligrong mabuking ang sekretong ito—na ang kaalaman at kapangyarihan at ang kani-kanilang tagapagpahayag at tagapagpaganap ay organikong magkasingkaw—na pinagsasalalayan ng kapangyarihan ng buong pamayanan ng mga iskolar . Upang maiwasan ito, kailangang sipain ang mga ito mula sa komunidad at ang pagtawag sa kanila ng “mercenary” at prostitute” ay isang hakbang upang iitsa pwera sila bilang di tunay na iskolar.

Hindi ko nais ipahiwatig ng di dapat gamitin ang mga katagang ito sa pag-atake sa ilang iskolar. Bahagi yan ng karapatan ng bawat isa. Ang sa akin, di natin dapat kalimutan ang posibilidad na ang animo’y usaping moral na nais isulong ng ganitong kritiko ay binabalutan ng pulitikal na interes na itinatago ng estetika ng retorika.

Meron pa akong nais idagdag tungkol konsepto ng mersenaryo o prostitusyong intelektwal na guilty di umano ng mga nakisangkot sa Tadhana pero dahil kailangan na naming umalis para makisangkot sa misang pang-Pinoy na minsan lang isang buwan nagaganap sa distrito namin dito sa Singapore, eh ipagpapaliban ko muna. Hanggang sa muli mga kaibigan….
July 18 at 1:42pm

Zeus Salazar Ilang komentaryo sa di-umano'y offer ni Dr. Tan sa undergraduate na si Jojo. 1) Hindi ako ni si Dr. Quiason ni si Marcos ang nag-offer sa kanya KUNDI SI DR. TAN (ang sabi niya ay "kami"; kailangang matanong dito si Dr. Tan, dahil kung mayroon mang maaaring na-offer siguro noon si Dr. Tan ay isang estudyanteng naging summa cum laude noon, napunta ng Paris at nagtuturo ngayon sa La Salle; sa pagkaalala ko, ni cum laude ay wala si Jojo; bukod dito, kung ano kaya ang maitutulong ni Jojo noon sa pananaliksik ay hindi ko malirip). 2) Malamang na nagsisinungaling si Jojo dahil noong nasa Proyektong Tadhana pa ako (Huling bahagi ng 1974 hanggang Disyembre 1979) lahat ng mga pag-aalok at pagtanggap kaninuman bilang researcher o utus-utusan sa Proyekto ay pinagdidisisyunan ng "core group" (Dr. Quiason, Ako, Dr. Tan, Dr. Hidalgo at Prop. Hufana) AT WALA AKONG NARIRINIG NI NAUULINIGANG NAGNGANGALANG ABINALES. 3) Tungkol sa presyong itinakda kay Jojo na 800 piso, tila hindi ito angkop noon sa halaga ng isang undergraduate ni sa kapasidad ni Jojo noon; yung mga naging assistant ko na gradwado na at mas intelehente at sanay sa pananaliksik pangkasaysayan (dahil naging mga estudyante ko) ay mas mababa riyan ang kinikita nang ako'y nasa Tadhana Special Project -- i.e., huling bahagi ng 1974 hanggang Disyembre 1979. 4) Tila noon pa man ay inaakala na ni Jojo na kapantay ko siya, gayong kahit ngayon mapagdududahan pa ito, nagtuturo man siya sa mga Hapones AT HINDI NA NAGBABASKETBOL. Tungkol sa pagbabasketbol, isang indikasyon ito na mas mahilig pa siya rito noon kaysa ipinangangalandakan niya ngayong "aktibismo" (halos lahat ng mga kabataang aktibista noon sa U.P. ay kilala ko, dahil nakasama ko sila sa Diliman Commune at/o sa kulungan; wala akong nakilalang nagngangalang Abinales). Hayan. Ngayon balik na ako sa aking gawain at paminsan-minsan sa pagsusubay rito.
July 19 at 12:47am

[Zeus Salazar] Isang naging researcher ko ay may M.A. na nang namasukan sa Proyekto at napunta rin pagkatapos sa Paris upang magpakadalubhasa at naging eksperto sa antropolohiyang pisikal AT PROPESOR NG U.P., HINDI NG ISANG UNIBERSIDAD NA HAPONES. Ang isa pa, isang naging estudyante ko at kasalukuyan noong nagmamasterado, ay isang kababalik pa lamang mula sa pamumundok at sa pagkapiit; siya ay naging isang star professor sa U.P. at iskolar sa bansa matapos magPhD at naging dekano pa ng isang yunit ng Unibersidad. Sa aking pagkaalala, sa piryod na nasa Proyekto ako, kailanman hindi kami nagkaroon ng kahit isang undergraduate na researcher o utus-utusan man lamang upang mag-init ng kape o maghanap ng libro o artikulo sa ibaba ng National Library.
July 19 at 1:19am

[Jojo Abinales] Nabuhay ang alipuris ni Marcos!!

Your word against mine na yan istoryador ng diktador. Pangalawa, yong 800 ang pagka-alala ko; siguro mali ako (although sabi mo rin "tila"). Pero at least nagbanggit ako ng figures. Ikaw? Magkano ba talaga ang nakuha mong blood money? Pangatlo, i-assume natin na nagtuturo ako sa mga Hapon, pero nakalagay ang pangalan ko. Tanong ko uli: paano i-cite ang Tadhana? Salazar? Marcos? .

Laki yata talaga ang galit nitong istoryador ng ditkador sa mga Hapon. Mukhang nag-border na ito ng racismo. Wala akong pakialam sa mga estudyante mo, although ang masasabi ko lang sayang at hindi sila nag-confront sa iyong pagsisilbi sa diktador at pagbenta ng talino/pangalan mo sa kanya.

At huwag mo i-divert ang issue palayo sa iyo at ang iyong oportunismo at iyong pag-duwag.

O sya pupunta muna akong Tawi-Tawi para magtanong kung gusto nila talagang sumali sa "Bansa" ni Herr Zeus.

Standing pa rin offer ko kay Herr Zeus: sama ka sa akin sa Mindanao para ipakilala kita sa mga komunidad na binomba ng amo mong si Macoy.
July 19 at 3:12am

[Jojo Abinales] Huling hirit bilang sagot sa istoryador ng diktador.

Noong 1975(hindi 1974 pala) nagbasketbol kami at nag-protesta laban sa panghimasok ng diktador na amo mo sa pamantasan. Ikaw nag-benta ng talas mo't nagsilbi sa diktador. Dooon tayo magkahiwalay, Herr Zeus; hindi sa Diliman Commune.
July 19 at 3:21am

[Michael Charleston Briones Chua] Sir Jojo, salamat sa pagdadagdag mula mismo sa sulatin ni Dr. Curaming, at sa paglilinaw mismo ni Dr. Curaming sa mga puntong kanyang isinulat. Kapag sinasayt ko ang TADHANA, si Marcos pa rin ang nakalagay sa biblio bagama't laging may footnote sa teksto na ang talagang sumulat ay sina Tan, ZAS, atbp. Mabuti at umamin na noon pa man ang mga nakilahok sa TADHANA at naisulat na ang kanilang side ng istorya kaya may kumpirmasyon at koroborasyon sa pakikilahok nila at maaari nang liwanagin, serbisyo na ito sa mga mambabasa ng ating mga akda. Hanga ako kay Dr. Jojo sa kanyang adhikain na hindi kalimutan ang mga nagawa ng diktadura sa mga biktima nito at kasama niya ako dito. Pero hindi na kailangang ikompronta ng kanyang mga

estudyante si Dr. Salazar sa kanyang mga nagawa noon dahil wala naman siyang itinatago. Kailangang may pag-amin akong gawin na nakikinabang ako ng lubos sa mga kaisipan ni Dr. Salazar, nagagamit ng aktwal sa aking pananaliksik dahil ito rin ang nasa loob ko at iyon ang mahalaga, dahil maaaring hindi nga naivete ang ginawa ni Salazar sa pagsusulat ng TADHANA dahil maliwanag sa kanya na nais niyang maipasa ang ideya sa mas maraming tao nang dekolonisadong kasaysayan, sa anumang paraan. Matapos ang TADHANA, maaari naman na kalimutan na lamang nila ang partisipasyon nila dahil nakapangalan naman iyon sa Pang. Marcos. Subalit hinarap na rin nila ito sa konteksto ng Post-EDSAng himagsik ng tao sa mga Marcos. May mga nabubunyag na konteksto ng mga nakikilahok sa talastasang ito na nagbibigay liwanag sa pagiging mainit ng debateng ito at sana hindi pa rin maging personal ang usapan kapag nasa labas na nang pook ni Adonis.
July 19 at 7:03am

Jojo Abinales @Xiao. Dalawang punto lang kasi boarding na kami. Una as I told Vic Romero hindi ko pini-personal yong banat ko kay Herr Zeus, ang batikang istoryador ng diktador kahit na tinawag niya akong sinungaling - heto yong taktika ng mga hindi kayang humarap sa katotohan ng kanilang pagbenta ng pagnalan at talas. Snippings na lang ang kaya. Pangalawa ang maganda sa theis ni Rommel ay ito ang isa sa mga unang tumalakay ng role ng mga intellectuals sa panahon ng kadiliman, noong naghari ang amo ni Herr Zeus.

Ang payo ko sa inyong mga bata ay pag-aralan nyo pang maigi itong panahon na ito kasi yong isang pundasyon ng LIKAS ay ang pag-baka nito habang yong iilan sa mga propesor namin ay kusang nagsilbi sa pasistang Marcos.

Ngayon kung gusto mong ihawaly yong natutunan mo kay Herr Zeus - na mahilig na lang ngayon magbilang nga mga estudyante nya at paglista ng mga ilan nito ang napa-aral nya sa Paris -- privilege at right mo na yon. Pero ang tanong ko, papaano mapag-isa yong pananaw na sosyalista at demokratiko sa posisyon na may natutunan naman pala tayo sa mga sinasabi ng isang istoryador ng diktador? Hindi ba ito yong sinabi ko sa itaas na progressive loyalty and analytic clarity are two different things, to paraphrase Perry Anderson? Kung ganoon mali yong posisyon ni Atoy na mas OK sa kanya ang partisan scholarship ni Tato.

O sya mawala mouna ako dito sa thread na ito. May field research pa ako. Ingat Xiao.
July 19 at 7:39am

Zeus Salazar @Xiao: May pagkakaiba ang "pag-amin", "pagtuga" at "hindi pagkakaila". Kailanman hindi ko ipinagkaila, hindi ko ipinagkakaila, at hindi ko ipagkakaila sa hinaharap na naging bahagi ako [HINDI NASANGKOT sa] ng pagdadalumat at pagsusulat ng TADHANA. Kaya hindi ko gaano nagugustuhan pag sinasabing "umamin" ako tungkol sa aking papel sa pagsusulat ng TADHANA. Wala akong dapat aminin sapagkat hindi ako kailanman nagkaila o nagsinungalin o nagkasala patungkol dito. Si Jojo ay umamin na siya ay komprador na "iskolar" at nagsusulong ng pagpapatiwalag ng Mindanaw sa bansa. Kailangan pa niyang ituga ang kanyang kaugnayan sa mga ahensyang banyaga na matagal nang nais ihiwalay ang Mindanaw (kasama ang Sulu at Palawan) sa Pilipinas at magkano ang "blood money" na kanyang tinatanggap para isulong ang layuning ito, kung sangkot nga siya; maaari rin niyang ituga kung sino ang kanyang "control" sa Hapon man o sa Estados Unidos kung siya nga ang nagtratrabaho patungo sa layuning pinapalaganap niya sa pamamagitan ng kanyang mga sulatin at pagbibiyahe patungo (at pabalik mula) sa mga separatista. Kailangan niya pa ring ituga kung ang kanyang pagturo sa isang unibersidad na ispesyalisado rito ay isang kabayaran sa mga nagawa na niya, ginagawa at maaari pang gawin. O baka naman marami na o sobra ang aking mga nabasang spy novels.

Hayan, Xiao, sana maging maingat ka sa paggamit ng mga kataga. Maingat ako riyan, kaya hindi maunawaan ni Jojo -- dahil sa hindi niya gagap ang Tagalog/Pilipino o kaya dahil likas sa kanya na hindi makagagap ng retorika -- ang paggamit ng "tila" sa paraang sarkastiko hinggil sa kanyang kapasidad na maging bahagi ng Proyekto kahit utus-utusan man lamang, dahil sa kanyang di pagpapakita ng gilas bilang estudyante sa larangan ng talinong pangkasaysayan noon pa man (yayamang hindi nga siya naging honor graduate pagkatapos tulad ng mga na-hire sa Proyekto na mga honor graduates na ng U.P. gayong isang undergraduate lang si Abinales na mahilig noon -- at ngayon? -- magbasket-bola).
July 19 at 1:08pm

Zeus Salazar @Xiao at Adonis: patungo na pala sa Tawi-tawi ang ating magiting na mananaliksik. Magkano kayang "blood money" ang kanyang taglay upang isagawa ang kanyang "research" o simpleng gawain sa lugar na "napakapopular" di-umano ang mga Kano at kung saan hindi inaawit ang "Bayang Magiliw" ni Herr Zeus at ang "Star-spangled banner" lamang ang matamis na napapakinggan ni Jojo tungo sa paghihiwalay/pagpapahiwalay nito sa Pinas. O baka naman ipinaraan na ang "blood money" sa Sabah (sa pamamagitan ng kanyang mga kaibigang "freedom fighters" o mujahideen?).
July 19 at 1:25pm

Michael Charleston Briones Chua Pasensya na Doc ZAS sa pagkakamali. Ang paggamit ko kasi sa aking isip ng "pag-amin" at pwede naman kasing hindi akuin o aminin. Maganda ang pakay ng statement ko na yun. Tama naman kayo na hindi niyo itinanggi kailanman, ngunit muli, pwede naman kasing hindi na lang. Very convenient yun.
July 19 at 6:08pm

Zeus Salazar Ok. Ngunit dapat malaman na ang dalumat ng pag-amin ay nakapaloob sa kasalanan o sa itinatago. Sabi mo na rin, wala naman akong itinatago.
July 19 at 9:28pm

Zeus Salazar Panahon na ang isang muling pagbubuod ni Vic.
July 21 at 9:38pm

Jojo Abinales Aba...bumalik na talaga ng todo itong istoryador ng diktador na tumanggap ng blood money para maangkin lang ni Macoy yong trabaho nya.

Kababalik ko lang ng Bongao at sasaglit akong Zambo bago punta ng Pagadian. Heto lang yong masasabi ko kay Herr Zeus. Hindi ka aamin kasi magkaisa naman kayo ng pagtingin ng diktador sa Pilipinas: na sa pangalan ng "Bansa" dapat mag-install ng isang malakas at mapaniil na estado

Pera ko ang ginamit ko puntang TawiTawi. At isang duwag na kagaya ni Zeus ang ayaw tumanggap ng imbitasyon ko. Kasi baka sobra ang tuwa ng mga dating MNLF commanders kung malaman nila yong ginawa ni Zeus para kay Macoy

Heto na lang muna...sana sa susunod kaharap ko na itong duwag na alipuris ni Marcos
July 23 at 12:47pm

Jojo Abinales P.S. @Herr Zeus,
"wala akong tinago" -- eh magkano suweldo ni Macoy sa iyo?
July 23 at 12:48pm

Zeus Salazar @ Datu Dilaw-Puti ng Mindanaw at Hapon-Langley: Sige, ayon sa patakaran ng Leninistang bangayan, uulitin ko: magkano ang dala-dala mong blood money sa Sulu? Magkano ang blood money na tinatanggap mo bilang operatiba tungo sa paglansag ng Bansang Pilipino para makapasok ang Kanluran sa Sulu, Mindanaw at Palawan? Magkano ang blood money na inaasam-asam mo pag nagkatotoo ito? Gusto mo bang maging Rajah?
July 24 at 10:13am

Zeus Salazar @Mga Likasyan na pinapayuhan ni Jojo: Puwera propaganda, dapat ngang maghawan ng ibang landas ang bawat isa sa inyo. Ngunit dapat ding malaman kung ano ang bago sa landas o landasin man: bago ba ang pumasok sa diskurso at ideolohiya ng "bansa bilang guni-guni" lamang upang lansagin ang binubuong Bansa, laluna't kailangan pang iwaksi ang kalinangan at wika ng Bayan; di ba pagpapasailalim lamang ito sa kolonyalismo/kolonisasi na "postkolonyal", isang postkolonyalismo kung baga? Puwede bang walang papanigan/pinapanigan ang historyador, obhetibo man ang kanyang mga pamamaraan? Puwede bang walang tinutungong adhikain ang isang historyador? Importante ito laluna pag lumipat ang isa sa ibang disiplina, halimbawa sa agham pampulitika at dahil dito iniiwan niya ang "longue duree" bilang batayan ng paghuhusga sa mga pangyayari at ang naging batayang konsepto ng pagsasanay ay "kolonyalismo" at "imperyalismo" lamang at nakakabit ang pagpopondo ng mga pag-aaral ay nakakabit din hindi lamang sa mga puwersa ng mga politiko sa loob ng bansa at ng may mga agendang kapangyarihan sa labasa nito. May nasulat na ako hinggil dito bilang pakikipagpatintero sa mga funding agencies na ito na nakakabit sa iba't ibang estado, kadalasan yung mayayaman. Kailangan sa pakikipagpatintero na ang isang batang pantas ay may sariling pagpapasiya at, higit sa lahat, sariling pook na sandigan ng kanyang kaalaman. Anuman ang sabihin ng iba, nakapook talaga ang lahat ng pantas at lahat ng pag-aaral. Dapat alam ng isa kung saan siya nakapook. Sana hindi sa sarili lamang. Si Bonifacio ay nakapook sa Bayan at nanatili siya roon. Ang iba ay nakapook sa sarili kung kaya't lumipat sa iba't ibang paninindigan. Alin nga ba ang dapat at nararapat piliing pook, anuman ang mangyari, ang sariling Bayan at Bansa o ang mga puwersang nais maglansag at magpariwara nito. Hindi dapat malito rito ang isa.
July 24 at 10:47am Atoy Navarro likes this.

Jojo Abinales @historiador ng diktador= P10,000 galing sa old PNB account ko, hindi sa suweldo ko sa mga bos ko sa Japan. Dating pera ko ito habang nasa UP ako. Gusto mo ng breakdown?

Ikaw, ano ba talaga blood money mong natanggap sa Marcos Foundation at bakit, sa ilang request ko na-- pati rin ni Rommel - ayaw mong masabi? Malaki ba? At na-subject ba ng audit ng Audit Commission o binulsa mo lang?
July 24 at 11:35am

Jojo Abinales @Talagang namang ang laki ng delusyon niton alipuris ni Marcos. Wala akong pinagpayuhan sa mga batang Likasian. Ka=diksuyon ko sila kaya ang treatment ko sa kanila equal. Ikaw papel mentor (palpak naman) at hindi equal ang trato mo sa mga ito.

""Puwede bang walang tinutungong adhikain ang isang historyador? Importante ito laluna pag lumipat ang isa sa ibang disiplina, halimbawa sa agham pampulitika at dahil dito iniiwan niya ang "longue duree" bilang batayan ng paghuhusga sa mga pangyayari at ang naging batayang konsepto ng pagsasanay ay "kolonyalismo" at "imperyalismo" lamang at nakakabit ang pagpopondo ng mga pag-aaral ay nakakabit din hindi lamang sa mga puwersa ng mga politiko sa loob ng bansa at ng may mga agendang kapangyarihan sa labasa nito."

- Ang kitid naman talaga ng pananaw nito alipuris ni Marcos; very formalistic. Hindi yata nakarining ng multidisciplinary approach. Eh yong alleged "thesis" nya sa Paris --di ba puedeng tingnan na anthropological work din ito?

Sunod pa rin ako sa sagot ni Marx noong tinanong siya ng mga anak ny kung ano ang mga favorite phrases nya: "Doubt everything," at"Nothing human is alien to me."

Mamaya, mag-post na ako ng huling post ko dito tungkol sa pagbunyag sa oportunismo ni Zeus. Pagkatapos balik research.

Yong "Herr" ay metaphor sa malapasistang pagpapalarawan ng alipuris ni Macoy sa ginagawa nya biang istoryador ng diktador.

Babu :)
July 24 at 11:44am

Zeus Salazar @Jojo: tingnan mo uli ang iyong mga komentaryo sa itaas.

Siya nga pala, ganito ang nabasa kong opinyon ng iyong paboritong "public intellectual" na si Abhoud Syed Mansur Lingga (na ayon sa iyo ay mas magaling sa matandang si Mike Mastura, cf. ang isa mong nasulat sa iyong SEPARATIST na inilalathala mo mulang Kyoto):

".... As proposed by the Bangsamoro Consultative Assembly [na pinaniniwalaan ni Abhoud Syed Mansur Lingga], the referendum shall be held in Bangsamoro communities only.The Christian settler communities may not be included for they have no problem with the Philippine government. The Bangsamoro people will be asked what political status they want: to be free and independent; to be federated to the Philippine Republic; TO BE FEDERATED TO THE UNITED STATES; to be federated WITH ANY OF THE MUSLIM COUNTRY (sic) IN THE REGION; or to maintain the status quo." [Islamonline.net. Martes, 18 Disyembre, 2001].

ANG TANONG: Jojo, sang-ayon ka ba sa mungkahing ito? Bilang Mindanawon at Bisaya [ipagpalagay natin na itinakwil mo na ang pagiging Pinoy dahil "disposable identity" lang naman ito], nakapaloob ka ba, batay sa ideyang ito, sa "Bangsamoro communities" o sa "Christian settler communities" (na tulad ng alam mo ay sa karamihan ay "Bisaya" na isa sa dalawang malalim na identidad mo)? Sa pananaw na ito, maka-Lingga ka ba, kapanalig mo ba siya? [Sa palagay mo, hindi ito hahantong hindi lamang sa paglansag ng Bansang Pilipino sa kapaligiran mong Mindanaw kundi sa pagwawatak-watak din nito?] Kung sakaling maka-Bangsamoro ka, aling uri ng pederasyon ang mas ayon sa iyong imahinasyon -- ang pagiging bahagi ng Estados Unidos (kung saan ka nag-aral) o ng Malaysia [@Jobal pakilinaw rito ang balakin ng ilang Malay at Pinoy (isa ako ngunit dapat ituro rin ang P/filipino sa Malaysia at Indonesya) na ipaturo ang Malay sa loob ng sistema ng edukasyon ng Pilipinas at ang aking komentaryo tungkol dito bilang kolonisasi, kahit na ito'y mula sa panig ng isang pinsang bansa]?

Ano nga ba ang ideya mo ng isang itiniwalag na Mindanaw? Bakit sa Kyoto, Japan mo pa inilunsad (bilang isang bagong Propagandista ng Mindanaw) pinalitan mo noong 2001 ang pangalan ng iyong maliit na kolum bilang "The Separatist"? Sa mas malawak na pagtingin, dapat bang ikabit ito sa mungkahi/balak nina Lingga na i-federate ang Bangsamoro o ang Mindanaw sa Estados Unidos? What's in it for you, liban sa nakapagtuturo ka sa Hapon? Anong kaugnayan din nito sa kasalukuyang pananaliksik mo na i-mapout ninyo ni Prop. Shibayama ang mga conflict areas sa Mindanaw? Ok lang ako sa sinasabi ni Shibayama na ilalagay ang mga resulta sa isang archive sa loob ng kanyang proyekto hinggil sa buong Timog-Silangang Asya (na siya ring ipinangangalandakan mong ekspertis sa Hapon). Ngunit ano ang balak ninyong gawin sa mga datos, bukod sa pagbibigay sa Estadong Hapon na magamit din ang mga ito sa anumang paraang gustuhin nito?
July 24 at 3:18pm

Zeus Salazar @ Datu Jojo: pakibalikan pala sa itaas ang pagpapayo mo kay Floyd. Gayundin yung prepasyo mo sa libro nina Atoy na kinailangan kong sagutin dahil pati ba naman doon ay binubunganga mo ako. P.s. Alam mo pala kung aling pundasyon ang nagpapasuweldo sa amin noon, e di sulatan mo na lang iyon, baka makatuklas ka pa ng ibang anomalya. Alam mo, hindi pera ang nagpapatakbo sa aking utak, di tulad ng iba. Kung pera lamang ang aking hangarin sa buhay, e di wala ako rito sa Pinas at hindi ako nagsusulat sa P/filipino kundi, tulad mo, sa Ingles -- at ayon sa teorya ng iba, bukod sa pagiging assistant ng isang banyagang engineer.
July 24 at 3:52pm

Jojo Abinales @istoryadorng diktador. Hanggang web na lang pala ang research mo ngayon?Walang field work o dili kaya't library? Ang tamad mo naman.

Before ituloy ko yong balitaktakan ko sa baba, tanong muna: magkano yong blood money na natanggap mo? Sinagot na kita. Eh hawa naman na hindi mo i-reciprocate. O duwag ka lang sabihin?

But to your questions:

Pero sa unang tanong mo, ito muna premise ko. Hindi naman akong kagaya mong may "delusions of grandeur" na kung saan deklarasyon mo ay "kalaban" ka ng sinumang hindi susuporta sa bansa at kapitbisig kayo ng amo't idolo mong si Marcos napiaglalaban ito. Hamak lang naman tayong isang di-kilalalang iskolar na naniniwala na yong mga taga-Mindanaw ay dapat nga tumiwalag sa Pilipinas dahil wala namang napapala ito sa relasyon nito sa "bansa." If I remember right democratic rights itona puedeng ma-express, lalong lalo na ng mga minorya na may kasaysayang pinag-exploit ng mga mayorya. Remember East Timor? Or maybe OK din sa iyo yong masaker ng Indonesian military sa Dili at iba pang lugar ng Timor. The same way as in your silence you supported the massacre of Muslims under Marcos.

At saka wala akong ambisyon na maging Propagandista. Maliit lang tayo na kolum, as you rightly pointed, at principal audience ko Mindanawans. Kung nabasa mo, aba maraming salamat.

Sang-ayon ako sa punto ni Pak Abhoud tungkol sa referendum for the Moros -- mas OK at demokratiko yon instead of using guns na lang. Democracy, consultation ---ahhh wala pala sa bokabularyo mo yon, alipuris ni Macoy.

Respetado ko itong is Abhoud kahit namay pagkakaibadin kami. Hindi nya binibenta yong pangalan nya kagaya ngpagbenta mo ng pangalan mo for blood money). Pero more than him, I would propose

na isang Mindanao-wide yong tanong. Pero ibang framing ng tanong at pagkatapos ng isang masino na pagpapaliwanag ng dalawang posisyon - yong integrasyon vs. separation. Yong separation position nangangailangan din ng panahon na i-deepen kasi kailangan pa ng mas maraming "local histories" na isulat (compared sa national histories -- from Zaide, to Ago,to Tato,to Zeus....eh mali, Marcos).

There is nothing in it for me, Alipuris ni Marcos (hindi ako binabayaran nina Pak Abhoud o Hapon -- whereas ikaw mercenary). Hindi ko kilala si Prop Shibayama at wala akong pakialam sa ginagawa nya.

Hetong research ko, akin lang ito, katuwaan lang ba.

"Ngunit ano ang balak ninyong gawin sa mga datos, bukod sa pagbibigay sa Estadong Hapon na magamit din ang mga ito sa anumang paraang gustuhin nito?" Naku tila gumagrabe na ang delusion mo (para ka nang si Stalin o si Hitle - seeing conspiracies in the unlikeliest of places). Painumin ng tsa!

Pero sagutin kita: I am sure to advance knowledge. Kasi kahit hindi ko kilala si Prop. Shibayama, I am sure he and I take our professional reputation and name seriously.

While you peddled your name and intelligence (sic!) a brutal dictator.

Salud
July 24 at 3:52pm

Jojo Abinales @istoryador ng diktador. Mahina ang palusot na "kung aling pundasyon ang nagpapasuweldo sa amin noon, e di sulatan mo na lang iyon, baka makatuklas ka pa ng ibang anomalya." Bakit ko pagabahalan yong oportunismo nyo? Ikaw na: memoirs --pihadong babasahin yan ng mga fans mo kagaya ng pagbasa nila sa propaganda piece mo on Erap

Sa hindi naman pera lang ang itinanong ko: marami pang iba (balika mo), although fascinated ako kung bakit duwag kang ilabas yong suweldo mo.

Yong kay Floyd, wala namang payo ang binigay na kagaya ng mga utos mo. Sabi ko lang yong konteksto (marami na namanatay at gusto magkuwento ng buhay nila), continuous research and investigation (hindi na lang sa google na kagaya ng ginagawa mo na ngayon), pag-=recommend ng readings sa UP library, at para panimula sa more discussions pagtingin ng Pulse Asia survey questions.

Siguro sa mga batang ito, dagdidikta ka lang. Ako mas nirerespeto ko ang mga talino ng mga batang ito.

Well sa iyo....ibang usapan na ito.
July 24 at 4:03pm

Zeus Salazar 76 anyos na ako, Jojo, at hindi shaolin master. Siguro, kung kaedad mo ako, matatalo pa kita sa tumbang preso. Hindi mo kilala si Mamoru Shibayama? Nasa parehong Center for Southeast Asian Studies kayong dalawa at pareho ang pananaliksik ninyo, pati ang metodo (GIS) -- i.e., ang pagmamapa ng isang lugar upang malaman ang mga detalye sa isang lugar upang mai-artsibo ang

mga datos at kaalamang nakalap upang magamit. Sa aking katamaran, nakita ko rin pala sa Google na hindi ka pala nagmasterado at nagdoktorado sa Hawaii (patawad sa pagkakamali kong nakorekan ng Google) kundi sa Cornell at ang itinuturo mo sa Kyoto ay Timog Silangang Asya (ang parehong erya ni Mamoru Shibayama) AT "American Politics" (baka hindi ma-afford ng mga Hapon ang isang Kano dahil baka isang C.I.A. laluna kung nagtapos sa Cornell). Ang layo naman ang dalawang ekspertis mo sa isa't isa. Maiintindihan ko ang "American Politics" dahil nagtagal ka naman sa U.S. at alam mo (alam lang?) nito, laluna sa Pilipinas. Ngunit Timog Silangang Asya? Papaano ito. Ang nakikita kong nasulat mo ay tungkol sa Pinas lamang, partikular sa Mindanaw at ang sexual life ng mga komunista. Ano ang natututunan ng mga estudyante mo sa kabuuang TSA? Baka tagapagpadaloy ka lang, dahil sabi mo kay Atoy nang-iimbita ka ng mga eksperto upang magsalita sa mga klase mo. Pati ang isang Haponesang nagriserts tungkol sa kababaihang Bangsamoro. Siyempre, mas may alam ang mga Hapones tungkol sa TSA at sa Mindanaw kaysa sa mga Pinoy. May mga artsibo naq silang pang-impormatika tungkol dito. Salamat. Magkaugnay pala ang iyong ekspertis at ang iyong adhikain.
July 24 at 5:09pm

Jojo Abinales @alipuris ni Marcos. Kumpletuhin mo naman ang mga pangalan ng babanggitin mo. Si Shibayama-sensei pala na kasama ko sa Center (maraming Shibayama eh). Nabasa mo ba yang ginagawa nya? Alam ko na henyo ka sa tingin mo so i-assume ko mahusay ka rin magbasa ng Haponese. Yong magandang proyekto nya is to track the changes in Hanoi urban georgraphy mula sa panahong Dai Viet hanggang ngayon.

In short hindi siya espiya as you are alluding. At mas may prinsipyong akademiko ito hindi kagaya mong nagbenta ng pangalan at talino.

SEAsian politics ang pinag-aralan ko sa Cornell (akala mo pala Hawaii? Naku totoo ngang addled na addled na ang utak mo sa kasisisilbi kay Macoy). Hindi ko pinagyayabang yon kagaya ng pagyabang mo sa iyong alleged PhD sa Paris.

Bakit kung Pilipinas lang ang sinusulat ay hindi na puedeng magbanggit na nakapag-=espesyalidad din ng TSA? Paki-goggle yong Cornel SEAsia Program. Doon din yon kami nakapagaral lalong lalo na sa pagkumpara. Pero may specialization ang bawat isa.

Teka bakit ko ba ipinapaliwag sa iyo itong lahat? Ikaw, paki-explika nga uli kung papaano natin i-cite ang Tadhana? Marcos? Salazar?
July 24 at 5:25pm

Zeus Salazar Pagwawasto:... dahil nagtagal ka naman sa U.S. at alam mo (alam lang?) ANG BALAK AT PLANO nito, laluna sa Pilipinas (AT MINDANAW)...
July 24 at 5:25pm

Zeus Salazar @jojo: sobra naman ang pagpapahalaga mo sa alipuris ni McCoy. Hindi ako marunong magbasa ng Hapones. Gayumpaman, marunong naman ang iyong "sensei" (aba, guro mo rin pala) magIngles, bagamat aral lamang sa Hapon.

Bakit ipinaliliwanag sa akin ang lahat? Dahil madali kang kantiin at wala kang gaanong tiwala sa sarili. Salamat. Isang araw, pag may panahon pa, tuturuan kita kung papaano paglaruan ang isang katulad mo.

July 24 at 5:45pm

Zeus Salazar Heto, papasukin uli kita. Mag-ingat. At ikaw pala, natututo ka bang magNihonggo? Ingat, bako testingin kita.
July 24 at 5:51pm

Jojo Abinales @Macoy, my dear duwag na alipuris, hindi McCoy. At ayan ka naman sa iyong pagka-malisyoso. Hindi ko guro si Shibayama-sensei. Paggalang lang yong sensei, sa mga taong may prinsipyo.

Aba't matalino ka talaga at marunong manglaro. Ganoon mo rin binola si Marcos, di ba, sabay tanggap ng blood money? Yan pala, historian na, court jester pa. Magaling :)

Tiwala sa sarili? Hmmm....sino nga bang hindi magtangkang bawiin yong pangalan at talas nya sa Tadhana?

O sige, magpaturo ako sa iyo kung papaanong paglaruan ang katulad ko. Pero sa Cotabato natin gawin ito. At bakit alam ko na hindi mo tanggapin itong alok ko? Ah...kasi duwag lang.
July 24 at 5:51pm

Jojo Abinales @alipuris ni Macoy..
Huwag na. Unahan na kita: hindi ako marunong...at bakit? Ahh...wala ka na doon.
July 24 at 5:53pm Zeus Salazar likes this.

Zeus Salazar Mahal ang presyo ko, di ba? Kaya baka di mo ma-afford ang blood money.
July 24 at 5:53pm

Zeus Salazar @jojo: "hindi ako marunong" -- kitam? (Ilokano ito); pumasok ka!!! Sino ngayon ang duwag. Natakot ka rin ano? At mayroon na naman akong bagong impormasyon tungkol sa iyo, na galing mismo sa iyo.
July 24 at 5:57pm

Jojo Abinales @alipuris ni Macoy. Alam ko na mahal yon...Marcos Foundation nga nagbayad sa iyo di ba?

At bakit naman kita i-hire? Hindi mo kaya requirements ko, at kung ma=hire man kita, siguro student assistant - yong tagaw xerox ba? :)

At saka anong relasyon sa di pagaaral ng Nihongo sa pagka-duwag. Iyong iyo talagang klaro.

Oh well...may proposal ako sa iyo istoryador ng diktador, ilipat na lang natin itong insultuhan natin sa bawat isa. Nagsawa na yong mga bata.

Magbigay ka ng panahon at oras bago Setyembre at magkape tayo. Hingi ko lang sa bandang North Cotabato
July 24 at 6:06pm Zeus Salazar likes this.

Zeus Salazar Hindi, Jojo. Ang hilig ko ay Chocokiss sa U.P. o Starbucks sa Katipunan. Sige, Jojo. Ok na. Baka mabiro kita uli. Alam mo na siguro, nagturo rin ako ng Sikolohiya, partikular ang Sikolohiyang Pilipino. Kaya madali kitang napapasok, kasi Pinoy ka pa rin. Sige, ok na. Pagdaan mo sa Maynila magkape tayo at ibubulong ko sa iyo kung magkano ang blood money na tinanggap ko. Basta huwag mo lang ibubulgar sa Kyoto, ha?
July 24 at 7:17pm

Jojo Abinales Call Zeus. Chocokiss na kasi pagaari ng Pinoy (huwag na Starbucks). Ibulong mo ha at promise na hindi ko ibulgar sa Kyoto. Imbitahin ko rin sa Pak Abhoud Lingga para makilala ka. Call....
July 24 at 8:15pm

Zeus Salazar Ok. Niririserts ko si Prop. Lingga sa Google.Iimbita ako ng ilang taga Likas. Sabihin mo isang araw bago ka dumating. Gawin nating hapunan at baka may musika.Siya nga pala, pag-aari ng tatlong Pinay mulang Indonesya ang Chocokiss.
July 24 at 9:42pm

Zeus Salazar @Vic Romero: Vic, imbitado ka sa Chocokiss sa itinakdang araw at oras ni Jojo. Wala ka nang bubuurin dahil tapos na sinulid. Kwentuhan na lang. Yun lang, huwag kang makikinig pag ibinulong ko ang halaga ng blood money na tinanggap ko. Haleluyah, hindi na rin ako papaksain ni Jojo.
July 24 at 10:00pm

Zeus Salazar @Floyd: Imbitado ka rin. Kung sinuman ang mauna rito, si Vic o ikaw, pakisabi na lang sa isa ang ating hapunan kasama si Jojo sa Chocokiss. Iyung iba pang gustong pumunta, si Xiao halimbawa, pakirehistro lang dito. Maraming salamat.
July 25 at 10:49pm

Jojo Abinales @Kung hindi sa Biernes ng Hapon Zeus, sa Enero na...
July 25 at 10:49pm

Zeus Salazar @Jobal: ikaw rin, sana makasama ka.
July 25 at 10:51pm

Zeus Salazar @Jojo: basta sa iyo ang pasiya kung kailan; ako ang taya. Sana makapunta rin sin Adonis.
July 27 at 8:28pm

Zeus Salazar @Jojo: sarado na ang hapunan sa Biyernes sa Chocokiss. Isasama mo ba si Prop. Lingga? Narito ka na pala sa Maynila. Puwede bandang alas siyete tayo magtagpo. Inimbitahan ko sina Vic, Floyd, Xiao at Jobal. Sna makapunta sila. Ako ang taya.
July 28 at 9:02am

Jojo Abinales @Zeus: nasa Ozamiz pa at hindi ko alam kung makakapunta ako sa Biyernes
July 28 at 9:08am

Zeus Salazar @Jojo: ok; ngunit pag makapunta ka, tawagan mo lang ako sa 9272396. Nabanggit mo kasi yung Biyernes. Magkagayunman, ikaw ang magtatakda ng oras, araw at buwan at sana makapunta sina Adonis, Floyd, Xiao atbp. Sabihin mo lang sa amin.
July 28 at 10:14am

Michael Charleston Briones Chua ALL IS WELL THAT ENDS WELL. Tinutuldukan ko na ang akademikong debate ng dekada (sa pagtatapos ng Dekada 2000). Tapos ko na itong ipunin (at nahirapan ako) at nawa'y magkaroon uli ng paksa na makapag-elicit ng ganitong klaseng talastasan. Kung mayroon mang nakinabang, ito ay ang mga mambabasa na interesado sa Kasaysayan at Kalinangang Pilipino. Sa huli, bagama't ang kasaysayan ay salaysay ng historyador, ang mamamayan pa rin ang huhusga sa ating mga intensyon batay sa mga bagay na ating iniwan at ipinaglaban para sa bayan--Marxista man, nasyunalista, Pantayo, lahat ng Pilipino. Lahat ng ito tungo sa pagkakaintindihan at tunay na talastasang bayan sa bansang Pilipinas tungo sa Kaginhawaan ng lahat. Iwanan natin ang talastasang ito ng isang salaysay mula kay Andres Bonifacio, "Ampunin ang bayan kung nasa ay lunas, pagka't ginhawa niya ay para sa lahat..." God love you
September 8 at 9:15am Adonis Elumbre likes this.

---